Ang Pinakadakilang Digmaan sa Lahat

Jeffersonville, Indiana, USA
Marso 11, 1962

1 Salamat sa iyo, Brother Ormand, pagpalain ka ng Panginoon. Magandang umaga, mga kaibigan. Nagagalak akong maparitong mulingayong umaga, at sa palagay ko'y medyo di ko ito inaasahan, at tiyak konggayon din sa kogregasyon. At nagbabasa lamang ako at (Salamat, sister.) — attila naglagay ang Panginoon ng isang munting bagay sa aking puso upangihatid sa iglesia, at naisip kong panahon na upang gawin ito. At ngayon, ito — nang dumating ako, at dahil nga di ko alam namapaparito kami ngayong Linggo, ay naianunsyo ko na may mensahe ako parasa iglesia. At nais ko, kung loloobin ng Diyos, na ihatid ang mensaheng ito sasusunod na Linggo. At magiging matagal ito, kaya marahil ay hindi tayomakalalabas nang bago mag-alas dose y media, o ala una kaya, mga gano'n.Matagal ko na itong kinikimkim sa puso ko, at sa palagay ko ay dapat akongmagbigay ng kasagutan sa publiko kung bakit hindi na ako nagiging aktibo sapangangaral sa labas. Napahapyawan ko na ito, ngunit natitiyak kong hindi kopa talaga ito naihahayag gaya ng nararapat; kaya, sa palagay ko, kung loloobinng Panginoon sa susunod na Linggo, nais kong ipaalam sa inyo ayon saKasulatan kung ano ba'ng nangyayari. Kita n'yo? Kung bakit nga banagkakaganito, sapagkat baka mangibang-bayan ako o may puntahan ako salalong madaling panahon. Naghihintay ako ngayon kung saan Niya akopapupuntahin.

2 Nung nakaraang . . . Mga tatlo o dalawang gabi na ang nakararaan, maytumawag sa akin sa telepono, maghahatinggabi na, at iyon ay upangipanalangin ko ang isang babaeng nasa ospital. At tinawagan nila ko atsinabihang manalangin. At nakalimutan ko ang pangalang ibinigay nila saakin na — ang sabi ay kaibigan daw siya ni Mrs. James Bell na kapatiran natindito, isang kapatid na negra, napakatapat at butihing babae. Ang akala ko'yShepherd ang pangalang ibinigay sa akin. Kaya't nagbangon ako sa higaan atako'y lumuhod at — at sinabi ko sa aking maybahay (nagising siya nangkumiriring ang telepono), ang sabi ko, "Kailangan nating ipanalangin si Mrs.Shepherd, isang kapatid na babaeng tumawag na kaibigan ni Mrs. James Bell."

3 Kaya't ipinanalangin namin siya, nagbalik kami sa higaan, at mga alasdiyes o alas onse kinabukasan, nakatanggap ako uli ng tawag; si billy iyon, atang sabi niya ay hindi raw pala si Mrs. Shepherd iyon, ang sabi'y si Mrs. Bellna mismo iyon, hindi kaibigan ni Mrs. Bell; kundi si Mrs. Bell; at nasa ospital siya at malubha ang lagay. At dali-dali kaming nagtungo sa ospital, ngunitpumanaw na siya. Pinauwi na ng Panginoon si Mrs. Bell.

4 Si Mrs. Bell ay tapat na nakipagtipon sa atin dito sa iglesia sa loob ngmaraming taon. Ang asawa niyang si James at ako ay nagtrabahong kasamang aking ama maraming taon na ang nakararaan — nag-aangkat kami ng mgamaliliit na granaheng ikinakabit sa bota galing sa Pennsylvania patungongColgates maraming taon na ang nakararaan, sa palagay ko'y may tatlumpungtaon na ang nakararaan o higit pa. At mahal namin si Sister Bell; isa saiyangdakilang tao.

5 At sa pagkaunawa ko ay nagkaroon siya ng malalang atake ng sakit saapdo, at kanilang — ang duktor niyang lubos na nakaaalam ng kasong iyon aynagkataong nasa ibang bayan, at ibang bagong duktor ang dumating upangtumingin sa kaniya at nagpayo ng biglaang operasyon, at hindi niya iyonnakayanan. At — at siya ay . . . Sa pagkaunawa ko, hindi ipapayo ng datingduktor niya ang — ang operasyong iyon, sapagkat mataba siya, at malubha anglagay ng kaniyang apdo, at nagkakaroon siya ng mga bato, sa wari ko, o kunganuman sa loob nito, at — at ang Panginoon ay naging mahabagin.Nagkaroon na rin siya ng ganoong mga pag-atake noon, at inayos iyon ngPanginoon sa maraming pagkakataon, subalit nangyari nga lang na . . .Buweno, kung susumahin natin ito nang lubos, ganito ang sasabihin natin:Tinawag na ng Diyos si Sister Bell, at ganiyan ito dapat tanggapin.Nauunawaan n'yo ba?

6 At kung paanong nagkamali siya — nalito ako, na ang akala ko ay si Mrs.— na isa iyong Mrs. Shepherd. Marahil ay narito ngayong umaga angbabaeng iyon, at marahil ay makikilala ko siya kung makikit a ko angkaniyang mukha. Ngunit ang pagkakasabi ay Mrs. Shepherd daw; at kung itoba ay sadyang nagkagayon, upang kung — kung alam ko lang na si Mrs. Bellang nasa gayong kalagayan, marahil ay lumabas na ako at namanhik na kaagadpara sa kaniya; at kung magkagayon (Nakikita ba ninyo?), na — marahil ayhindi nais ng Diyos na gawin natin iyon. Kaya't alam nating lahat ng mgabagay na ito ay nagkakalakip-lakip para ikabubuti ng mga nagsisiibig saDiyos. At tiyak akong minahal ni Sister Bell ang ating Panginoon; isa siyangbutihing babae.

7 Ngayon, kasamahan natin siya. Dito ay wala tayong anumangpaghihiwalay ng kulay; ang pamilya ng Diyos ay hindi naghihiwa-hiwalaydahil sa kulay. Maging tayo man ay pula, kayumanggi, itim, o dilaw, hindi itomahalaga — puti man, o anuman tayo ay magkakapatid kay Cristo; at kayanga mahal natin siya, at hahanap-hanapin natin siya, ng tabernakulo. Totoonghahanap-hanapin ko ang malalakas at garalgal na mga pag-"amen" ni Sister Bell doon sa sulok, at kapag inihahatid ko siya sa bahay nangungusap siyatungkol sa Panginoong Jesus. At kung tama ang pagkaunawa ko (Kani-kanina ko lang ito nalaman.),ngunit sa wari ko ang serbisyo niya ay gaganapin dito mismo sa simbahang itosa darating na Martes sa ganap na ala una, at sa palagay ko ay kayo at ako angmangangasiwa sa serbisyo ng libing.

8 Ngunit naririto tayo sa kongregasyong ito at nabawasan tayo ng isangayong umaga. Bilang paggalang sa kapatid nating si Sister Bell sumandalitayong magsitayo, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo. Diyos ng buhay, na Siyang nagkakaloob at bumabawi ng buhay, tulad ngsabi ni Job nung unang panahon, "Ang Panginoon ang nagbigay at angPanginoon ang bumawi; purihin ang Pangalan ng Panginoon." Ilang taon naang nakararaan ay isinugo Mo si Sister Bell sa piling namin upang magingkababayan namin sa dakilang bayan ng Diyos. At pinasasalamatan po naminKayo sa bawat pagkakataong naging inspirasyon siya sa aming harapan, kungpaanong gustung-gusto niyang umawit, at magpatotoo, at siya ay lubos nanapupuspos ng Espiritu hanggang sa magtitili na siya at magsisigaw. Hindiniya ikinahiya ang Ebanghelyo ni Jesus Cristo, sapagkat para sa kaniya ito angkapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas. Nakita naming nadagdagan angkaniyang mga taon, at darating ang sandali kung kailan kaming lahat ay dapatna managot. At kinuha Mo na siya sa amin kaninang umaga upang mapasaIyong Presensya, sapagkat kung tunay na aalis kami rito ay tutungo na kami saPresensya ng Diyos.

9 O Diyos, nagpapasalamat po kami sa lahat. Dalangin naming pagpalainMo ang kaniyang asawa, ang aking kaibigang si James, ang kaniyang anak nalalaki, ang kaniyang mga anak na babae, lahat ng mga . . . Nauunawaan naminna ang kaniyang anak na lalaki ay mag-eeroplano mula sa Germany, galing sasandatahang lakas, pauwi upang magbigay ng hulign paggalang na maaariniyang maibigay sa ibabaw ng lupa sa kaniyang pumanaw na ina. Marahil aygayon na lamang ang pagtibok ng puso ng binatang iyon sa umagang ito.Idinadalangin ko po siya, Panginoon. Pagpalain Mo po siya. Pagpalain Mo posi Jimmy, at ganoon na lamang siyang — nakikita ko siyang nagtatrabaho atnagpapagal ng maraming oras upang buhayin ang kniyang pamilya. Atdalangin ko na hindi magkawatak-watak ang kahanga-hangang pamiyang ito,bagkus ang gulong ng kanilang pamilya ay manatiling buo sa lupaing nasakabilang ibayo. Nawa, Panginoon, ay higit naming higpitan ang aming kagayakan atbigkis, at humayo kami sa pakikibaka kahit nabawasan ng isa ang bilangnamin nung isang linggo. Dalangin naming alalayan Mo kami, at palakasin, at tulungan Mo kami sa aming pagpapatuloy. At nawa isang araw magkasamasama kaming muli sa kabilang ibayo. Sapagkat hiling nami nito sa Ngalan niJesus. Amen.

10 Ngayon, nawa ang kaluluwa ng aming pumanaw na kapatid ay mamahingana nang mapayapa. Nais kong sabihin na ang kaniyang — ang kaniyangfuneral service ay gaganapin dito sa Linngo — o sa Martes pala, at nais nating—inaanyayahan ang sinumang nais dumalo. Wari ko'y narito kay BrotherNeville ang mga paghahanda at . . . Hawaak mo ang mga 'yon. [Kinausap niBrother Branham si Brother Neville -Ed.]

11 Ngayon, sa araw na ito nais ko ang . . . Nakikita kong walang masyadongtao, kung may upuan sanang madadala para kina Brother at Sister Slaughterdoon sa likuran . . . Natanggap ko ang tawag mo, Sister Slaughter, atipinanalangin ko ang iyong — 'yung isang Sister Salaughter, si Sister JeanSlaughter na may rabbit fever, tularemia. Tunay ngang mayroon siyangmalalang kaso nito, ngunit umaasa tayo sa Diyos na gagaling siya.

12 Ngayon, nais nating bumasa ng ilang Kasulatan, at nais ko lang magturongayong umaga, magdadahan-dahan ako, 'pagkat mula nang manggaling akosa Arizona, buweno, medyo nananakit ang lalamunan ko. At ngayon, sa sususnod na Linggo ay huwag ninyong kalilimutan — at sapalagay ko'y ipinadala na ni Billy Paul ang — ang mga paanunsyo, atmagiging totoong mahaba ang gawain sa palagay ko, kaya't dumating kayonang maaga kung maaari. Nais nating magsimula ng mga alas nueve y media— o ang ibig kong sabihin ay alas diyes at marahil ay magtatapos — tandaann'yo mga ala una o ala una — marahil ay alas dose y media, ala una, mgaganiyan, mga tatlo o apat na oras o higit pa. Nais kong kunin at talakayin ang mga Kasulatan (Dalhin ninyo ang inyonglapis at papel.) at ilalatag ko ito. Kung may anumang katanungan, itanongninyo (Kita n'yo?) at marahil magagawa nating ipaliwanag, gawin angmakakaya natin upang makatulong.

13 Ngayon, bumasa muna tayo ng ilang mga Kasulatan. Ngayon, may tatlongdako ako sa Biblia na nais kong basahin. At ang una sa mga ito (kung naisninyong markahan at kung mayroon kayong lapis), nais kong tukuyin angilang teksto sa umagang ito na gusto kong — o ilang mga Kasulatan pala, nanais kong banggitin. Una ay ang I Pedro 5:8-10, Efeso 6:10-17, at Daniel12:1-14.

14 Ngayon, sa pagbasa, dadahan-dahanin natin (at halos nakaupo na angbawat isa, kaya't — mayroon pa ring ilang nakatayo roon sa likuran at sagilid), ngunit sisikapin nating matapos sa lalong madaling panahon at hahayaan ko na kayong makalabas. Pagkatapos ay mananalangin tayo para samga maysakit. May isang babae rito ngayong umaga na malubha ang sakit.Nauunawaan kong malubha na ang sakit niya kahapon. At nais ko lang namakapakinig muna siya ngayong umaga bago ko siya ipanalangin. At alam koang kundisyon ng babaeng ito, malubha ang kaniyang sakit; ngunit mayroontayong isang napakadakilang Makalangit na Ama na labis ang ginawangpagdaig sa lahat ng karamdaman.

15 At mayroon akong i — isang maikling sulatin dito (Hiniling ko kay Mrs.Wood kung mamarapatin niyang basahin ito, ngunit medyo nag-aatubili siya.)kung saan ay may isang duktor na tunay na nasurpresa, dahil isa siyang kritikong Divine Healing at ni ayaw niyang nababanggit ninuman ang tungkol ditosa kaniyang opisina, kahit nga ng katulong niyang nurse. Nagkataongnagkaroon siya ng isang pasyenteng

may cancer. Ayaw niya iyongpakialaman, kaya't ipinadala niya siya sa ibang klinika. Hindi rin nila gustonggalawin iyon, kaya't pinabalik nila siya. Kaya't kanilang . . .

16 O, sa may dibdib iyon tumubo, at napakalubha ntio; at kinain na nito anglahat ng balat, at ang cancer ay pumasok na sa dibdib, hanggang sa mgatadyang. Sa palagay ko'y nauunawaan n'yo ang ibig kong sabihin. (Kasamanatin ang kaibigan nating duktor na taga Norway sa umagang ito.) At inihandana niya ang lahat ng gamit niya, dahil nais niya siyang operahan at aalisinumano ang kaniyang suso. At isa iyong napakadugong trabaho, at kinuha naniya lahat ng mga balutan niya at lahat na. Inihanda ng nurse ang babae atdinala na sa operating room, at pagkatapos ay nagbalik siya upang kunin angmga instrumento na kakailanganing gamitin ng duktor at ng kaniyang alalayupang alisin na ang suso. At tinakpan na nila siya ng mga tuwalya at ng ibapang mga bagay. Kaya't nagsimula na silang — nang siya'y lumingon . . .

17 Gustong malaman ng kaniyang asawa kung maaari siyang umupo sa dulong silid at manalangin, isa siyang mangangaral na naniniwala sa kabanalan. Atumupo siya sa tabi ng — sa paanan ng kama at siya'y nananalangin. Ano pa'tang duktor ay hindi masyadong panatag sa ganoon, alam n'yo na, na naroroonsiya. Ngunit basata't huwag lang siyang titingin, aba'y, palagay ko ay walanamang problema — huwag lang siyang hihimatayin — basta't hindi siyahihimatayin.

18 Kaya't habang nakaupo siya at nananalangin, may pumagaspas sa silid; atnang lumingo ang duktor at pumihit upang magtungo sa — dala-dala ang mgainstrumento upang umpisahan nang alisin ang suso niya; tinanggal niya angmga tapal at wala na siyang makitang bakas nito sa suso, walang kahit anongbakas. Ang sabi niya,"Hindi ba — gu — umalaw ba?" at nagsimula siyang . .. At nagpatotoo ang nurse. Kapuwa sila lumantad at naging mga Pentecostal,napuspos ng Espiritu Santo, naglilingkod sila ngayon sa Diyos.

19 Walang kahit anong bakas na makita. Nagpatotoo mismo si DoctorHolbrook, ang sabi, "Isang minuto bago ang — nakahiga roon ang babae, atnaroroon din ang nurse, ang napakalaking cancer ay nakabukol sa kaniyangsuso; at makaraan ang isang minuto wala nang makitang anomang bakas ngpinanggalingan nito." Isa siya sa mga mahuhusay na duktor natin dito saAmerica. Ang sabi niya'y noon mismo ay nakumbinsi siya, at siya'y —samantalang isa siyang diyakuno sa isang simbahan. Kita n'yo? Kasi iniisip ng mga tao na ang iglesia ay isang bagay lamang nadinadaluhan mo at isa itong — Oh, dumadalo ka roon upang maging mabait oiba pang tulad nito. Hindi ganoon iyon, kaibigan. Hindi. Ang Diyos ayDiyos; singdakila pa rin Siya ngayon tulad ng dati at mananatili Siyang gayon.At isa Siyang . . . Sadyang mahal natin Siya.

20 Ngayon, nais nating bumasa sa ika-5 kabanata ng I Pedro, sa ika-8 at ika10 talata bilang pasimula. Kayo'y maging mapagpigil, . . . mapagpuyat, sapagka't ang inyongkalaban na diablo, . . . isang leong umuungal, ay gumagala na humahanap ngmasisila niya: Na siya'y labanan ninyong matatag sa . . . pananampalataya, yamanginyong nalalaman na ang mga gayong hirap ay nagaganap sa inyong mgakapatid na nangasa sanglibutan. At ang Dios na buong biyaya na sa inyo'y tumawag sa kaniayng walanghanggang kaluwalhatian kay Cristo, pagkatapos na kayo'y makapagbatangsandaling panahon, ay siya ang magpapasakdal, magpapatibay, atmagpapalakas sa inyo.

21 Mapapurihan nawa ang Diyos . . . Ngayon, sa Aklat ng Mga Taga Efeso .. . Nais nating magbuklat dito sa Aklat ng Mga Taga Efeso, sa ik-6 nakabanata, at nais nating basahin ang ika-10 hanggang sa ika-17 talata na akingminarkahan. Sa katapustapusa'y magpakalakas kayo sa Panginoon, at sakapangyarihan ng kaniyang kalakasan. Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y magsitibaylaban sa mga lalang ng diablo. Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundilaban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga ukol saespiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan.Dahil dito magsikuha kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'ymangakatagal sa araw na masama, at kung magawa ang lahat, ay magsitibay. Magsitibay nga kayo, na ang inyong mga baywang ay may bigkis nakatotohanan, . . . na may sakbat na baluti ng katuwiran; At ang inyong mga paa ay may panyapak na paghahanda ng evangheliong kapayapaan. Bukod dito ay taglayin ninyo ang kalasag ng pananampalataya, na siyangipapatay ninyo sa lahat ng mga nangagniningas na suligi ng masama. At magsikuha rin naman kayo ng turbante ng kaligtasan, at ng tabak ngEspiritu, na siyang Salita ng Dios.

22 Ngayon, nais kong bumasa ng ilan pa sa Aklat ni Daniel. Ngayon, sa ika12 kabanata ng Daniel, nais kong magsimula sa unang talata at ng mahabahabang bahagi nito, labing apat na talata. At sa panahong yaon . . . tatayo si Miguel na dakilang prinsipe natumatayo sa ikabubuti ng mga anak ng iyong bayan: at magkakaroon ngpanahon ng kabagabagan, na hindi nangyari kailan man mula ng magkaroonng bansa hanggang sa panahong yaon: at sa panahong yaon ay maliligtas angiyong bayan, bawat isa na masusumpungan na nakasulat sa aklat. At marami sa kanila na nangatutulog sa alabok ng lupa ay mangagigising,ang iba'y sa Walang Hanggang Buhay, at ang iba'y sa kahihiyan at walanghanggang pagkapahamak. At silang pantas ay sisilang na parang ningning ng langit; at silangmangagbabalik na marami sa katuwiran ay parang mga bituin magpakailanman. Ngunit ikaw, Oh Daniel, isara mo ang mga

salita, at tatakan mo ang aklathanggang sa panahon ng kawakasan: marami ang tatakbo ng paroo't parito,at ang kaalaman ay lalago. Nang magkagayo'y akong si Daniel ay tumingin, at narito, nakatayo angibang dalawa, ang isa'y sa dakong ito ng pangpang ng ilog, at ang isa'y sakabilang pangpang ng ilog sa dakong yaon. At ang isa'y nagsalita sa lalaking nabibihisan ng kayong lino, na nasaibabaw ng tubig ng ilog, Hanggang kailan mangyayari ang kababalaghangito? At aking napakinggan ang lalaking nakapanamit ng kayong lino, na nasaibabaw ng tubig ng ilog, nang kaniyang itaas ang kaniyang kanan at kaniyangkaliwang kamay sa langit, at sumumpa sa pamamagitan ng nabubuhay magpakailan man na magiging sa isang panahon, mga panahon, at kalahating isang panahon;at pagka kanilang natapos na mapagputol-putol angkapangyarihan ng banal na bayan, ang lahat na bagay na ito ay matatapos.(Sa palagay ko'y hihinto na ako riyan.)

23 Nais kong kumuha ng isang teksto (kung ito'y matatawag na teksto) mulariyan, upang mahugot ang konklusyong "Ang Pinakadakilang Digmaan saLahat." Iyan ang gusto kong gamiting teksto.

24 Ngayon, kung paano ko ito nakuha bilang teksto sa umagang ito, kababaliklang namin. Ako at dalawa sa mga trustee dito sa iglesia ay nagpunta saArizona. At ang totoo nagpunta kami roon upang magdaos ng isang gawain saPhoenix kasama si Brother Sharrit sa kaniyang tabernakulo. Ngunit nangmalaman kong may isang kapatid na nagdaraos ng mga gawain sa isang toldasa bayan, medyo nag-atubili akong magdaos ng gawain. Naisip ko na marahilay idadaos ko na lang iyon ng Linggo ng hapon, nang sa gayon ay walangsinumang maabala sa kanilang mga iglesia; ngunit napag-alaman kongmayroon din pala siyang mga gawain ng Linggo ng hapon. At medyo nag-alala ako nang kaunti tungkol sa pagdaraos ng gawain, atkaya nga kaming mga kapatirang lalaki, sa halip na palipasin namin angmaghapon (dahil nangangaso kami noon), nagtungo na lang kami sa bayan —at naghanda kami at dumalo sa gawain ni Brother Allen (Si Brother Allen angkapatid na nagdaraos ng gawain.) Kaya dumalo kami sa gawain, at nangaral siBrother Allen ng isang makapangyarihang sermon. Nagkaroon kami ngnapakainam na panahon ng pakikinig kay Brother Allen, narinig namin angmga mang-aawit, at iba pa, kung paano silang umawit, at sumigaw, at nagingnapakaganda ng gawain.

25 At, nakita namin sa buong paglalakbay namin ang kamay ng Panginoon.Saan man kami magpunta kinakatagpo kami ng Panginoon. At may kung anosa pag-iisa, doon sa ilang. May kung ano roon na kapag ganoong nag-iisa ka,may kung anong humahatak sa iyo. Iyon sa palagay ko ang isang dahilan kungbakit gusto ko ang gayong malalayong lugar. Nakalalayo ka sa kapangyarihanng kaaway.

26 Napakarami man nito rito, ang isang diablo ay halos di makapanakitmalibang mayroon siyang makilusan. Kailangan niyang . . . Naaalala n'yo baang mga demonyong pinalayas kay Legion? Na — nais nilang gumawa ngmas marami pang kasamaan, kaya't hinangad nilang pumasok sa mga baboy.Kaya nga ang mga demonyo ay kinakailangang magkaroon ng isang bagay namagagamit, isang taong magagamit. At gayon din ang Diyos. Kinakailangangmaangkin Niya tayo; Nakadepende Siya sa atin upang magamit Niya tayo.

27 At marami ang nagsidating na may mga panaginip habang kami aynaglalakbay, at ang Panginoong Jesus ay di nabigong magbigay ng tamangpaliwanag at ang nangyari nga ang mga iyon nang tugmang-tugma. At naging mabuti Siya sa amin upang gabayan kami sa nahuli naminghayop, at sinabi Niya sa amin kung nasaan iyon, at, alam n'yo, ang maparoonka lamang nang mangyari iyon; sadyang kahanga-hanga. Umuupo kami paggabi na sa tabi ng siga milya-milya ang layo sa mga tao, at minamasdan naminang umaandap-andap na siga sa mabatong gilid ng kabundukan, at naku,napakaganda.

28 May isang kapatid na lalaki roon na matagal nang may problema sakaniyang maybahay na . . . Maraming taon na ang nakararaan nang iangatniya ang kaniyang ulo sa isang pagtitipon kung saan ako ay nangangaral, athiniling kong manatili silang nakayuko. May hinaharap kasi ako noong isangmasamang espiritung ayaw umalis sa isang babaeng nasa entablado, at walanggalang pa ring itinaas ng babaeng iyon ang kaniyang ulo. At iniwan ngespiritu ang babaeng nasa entablado at lumipat sa kaniya, at naganap ito mgalabing-apat na taon na ang nakalilipas. At ang babaeng iyon ay matagal nangnasa malalang kundisyon; napakalala nito, maging ang kaisipan niya aynaapektuhan na, hanggang sa gumagawa na siya ng mga bagay na hindi tama.Halimbawa, iniwan niya ang kaniyang asawa at nagpakasal siya sa ibang lalakisamantalang nakikisama pa siya sa asawa niya; ang sabi niya'y hindi raw niyaalam na ginawa niya iyon.

29 At kaya't kanilang — sinuri nila siya kung mayroon siya nitong — anongtawag n'yo doon kapag ikaw ay . . . Amnesia? Ito'y . . . Naku, kung anumanang ngalan no'n. Palagay ko'y tama nga, Doctor. Ngunit hindi gano'n iyon;isa iyong espiritu. At ang kaniyang -at malapit kong kaibigan noon angbabaeng iyon, ngunit mula ng gabing iyon ay sadyang kinamuhian na niyaako. (Anapa't alam na ninyo kung bakit.) Ngunit nang dumating ang asawa niya at kami ay lumuhod sa silid upangmanalangin, nang magkagayo'y bumaba ang Espritu Santo; doon na iyonnatapos. Pagkatapos ay nagpakita Siya sa kaniyang asawang lalaki nunggabing iyon sa isang panaginip. Napag-alaman niyang iyon na pala ang tugonupang gumaling ang maybahay niya.30 Gayon na lamang nakitungo ang Espritu Santo . . . Hanggang sa Tucsonkasama si Brother Norman at ng iba pang kasama nila, at doon ay nagsimulana namang gumawa ng Panginoon na

dakila at makapangyarihang mga bagayat naghayag Siya ng mga bagay-bagay. Isang gabi, ang dahilan kaya akonakarating sa konklusyong ito, kasama kong nakatayo sina Brother Wood atBrother Sothmann, at kami ay — mag-aalas-diyes na ng gabi noon at nakatingala ako sa kalangitan, at labis akong namangha. At ang sabi ko,"Tignan lang ninyo. Lahat ng napakadakilang karamihang iyan sa langit," atwika ko pa, "lahat sila ay lubos na nagkakaisa."

30 Ang sabi ni Brother Wood, "Tinitignan ko ang dalawang munting tala namagkadikit na magkadikit na lumilikha ng — parang isang ilaw."

31 Ang sabi ko, "Ngunit alam mo, Brother Wood, ayon sa agham, sa hugistabong iyan (yung maliit na tabo at malaking tabo), ang mga talang iyon ayparang wala pang dalawang pulgada ang layo sa isa't isa; ngunit mas malayopa ang agwat nila sa isa't isa kaysa sa agwat nila sa atin! At kung magpupuntaang mga iyon sa mundong ito sa bilis na libu-libong milya kada oras, aabutinang mga iyon ng daan-daang taon bago makarating dito sa mundo." At angsabi ko pa, "Sa kabila ng malaki at malawak na sistemang ito, ang sabi nilatumitingin sila sa teleskopyo, kaya nilang matanaw ang layong sandaan atdalawampung light year, at doon ay mayroon pang ibang mga buwan at bituin.Gayon man ang Diyos ang lumikha sa bawat isa sa mga iyon. At Siya ay nasakalagitnaan nila."

32 Ang sabi ko, "sa isang lugar doon, itinuro sa akin minsan sa isangobservatory, ang zodiac, mula sa birhen, dumaan sa kapanahunan ng cancer, athanggang sa huli ay ang leon, si Leong leon. Ang unang pagdating ni Cristoay sa pamamagitan ng isang birhen; ang ikalawang pagdating Niya ay sapamamagitan ng Leong mula sa angkan ni Juda." At ang sabi ko, sinikap kosa abot ng aking makakaya na makita ang Zodiac na iyon. Alam ng mgabihasa na naroroon iyon. Nakita iyon ni Job noon at pinagmamasdan iyon ngtao; iyon kasi ang Biblia noon. Ngunit sa kabuuan ng napakalaking bunton naiyon na sumasakop sa milyun-milyon at bilyun-bilyong light year, ang Diyosay nakaupo sa kalagitnaan ng lahat ng ito, at nakatingin Siya rito sa ibaba.Naroon si Pablo; naroon din ang ina ko at nakatingin dito sa ibaba."

33 At pinag-isipan ko ang pagkakaayos ng karamihang iyon sa kalangitan.Walang isa man sa kanila ang nawawala sa tamang puwesto; ang bawat isa ayganap na nananatili sa tiyempo: ang dakilang hukbo ng Diyos. Naisip ko angmga kawal, kung paanong kapag ang buwan ay nawala sa ayos, ang mundo aymuling aapawan ng tubig sa loob lamang ng ilang minuto. Ang mundo aymatututlad sa kalagayan nito nang magpasiya ang Diyos na dito tayo ilagay.Wala pa itong anyo noon at walang laman, at natatakpan ng tubig at kadilimanang kalawakan ng mundo. At kapag kumilos ang buwang iyon, mangyayari nanaman iyon. Kapag ang buwan ay nalayo nang bahagya sa mundo ang alon aytumataas; kapag naman lumubog ito, susunod ang alon. Ito'y dakilang hukbong Diyos.

34 At nang isipin ko ang tungkol doon bilang dakilang hukbo ng Dyos . . .Ngayon, nahiga na kami, nat naisip kong walang isa man sa mga iyon angnawawala sa puwesto. At kapag may kumikilos sa mga iyon, ito'y maydahilan at makaaapekto sa mundo. Nakita pa lang natin ang resulta nito, dahilsa pagkilos ng ilan sa mga ito papunta sa ibang mga lugar. Ito'y nakaaapekto;naapektuhan nito ang lahat ng bagay.

35 At naisip ko, kung ang dakilang karamihang iyon sa kalangitan aykinakailangang manatili sa lugar nito upang mapanatili ang lahat ng bagay sakaayusan, paano naman ang kawalan ng kaayusan ng karamihan sa lupa?Kung paanong kapag nawala sa kaayusan ang isa, ang lahat ay nagugulo. Angbuong programa ng Diyos ay nagugulo kapag ang isang kabahagi nito aynawala sa kaayusan. Dapat tayong magpatuloy sa pagsisisikap na mapanatiliang kaayusan ng Espiritu.

36 Hiling ko sa Diyos ngayong umaga na madala natin ito sa isang tunay nagawain ng pagpapagaling, at mapanatili natin ang kalipunang ito na natiponnatin sa ilalim ng bubong na ito sa gayong pagkakaisa, hanggang samagkaroon ng tuloy-tuloy na pagpapagaling ng kaluluwa at katawan. Kungmakapanatili lamang sana tayo sa ating mga posisyon . . .

37 Ngayon, katulad ng sinabi ko nung umpisa, ang babaeng ito na dating maycancer na tatanggalin sana ni Doctor Holbrook . . . Ngayon, ang Diyos nanagsugo ng pumapagaspas na ingay na iyon sa klinika at nagtanggal ng cancerna iyon nang wala man lang naiwang bakas, hindi n'yo ba alam na ang Diyosna iyon ay naririto rin ngayon? At ang tanging hinihintay Niya ay angpumusisyon ang Kaniyang hukbo, tulad ng pagpusisyon ng mga bituin.

38 Ngayon, alam ba ninyong nagkaroon na tayo ng magkakasunod na mgadigmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan, at kung mananatili ang mundoay magkakaroon tayo ng maraming digmaan. Ngunit napagtatanto n'yo ba nasa katotohanan ay dadalawa lamang ang kapangyarihan sa buong sansinukob? Sa lahat ng mga hidwaan sa pagitan ng mga bansa, at hidwaan natin sa isa't isaat iba pa, lahat ng ito ay nagmumula sa dalawang kapangyarihan. Dalawalamang ang kapangyarihan at dalawa lamang ang kaharian: dalawangkapangyarihan at dalawang kaharian. Lahat ng iba pang maliliit na bagay aymay kaugnayan sa isa sa dalawang kapangyarihang ito. At ang mgakapangyarihang ito ay ang kapangyarihan ng Diyos at kapangyarihan niSatanas, 'pagkat iyon lamang ang dalawang kapangyarihang naririto ngayon.At iyon ay ang kapangyarihan ng Buhay at ang kapangyarihan ng kamatayan.Ngayon, iyon lamang ang dalawang kapangyarihan.

39 At ang tanging magagawa ni Satanas ay . . . Ang kapangyarihang taglayniya ay ang kapangyarihan ng Diyos na binaluktot. Di naman talaga iyon kapangyarihan; isa iyong pambabaluktot ng kapangyarihan ng Diyos, lahat ngtaglay niya. Ang kamatayan ay isa lamang buhay na binaluktot; angkasinungalingan ay isa lamang katotohanang hinayag nang mali. Kita n'yo?Ang pangangalunya ay isang gawang mali ang pagkakagamit, isang matuwidna gawang mali ang pagkakagamit. Kita n'yo? Lahat ng taglay ni Satanas aypawang kabaluktutan, ngunit isa itong kapangyarihan. At sa pagkakaupo natin dito ngayong araw na ito, isa sa mgakapangyarihang iyon ang kokontrol sa atin; kaya't itaboy natin ang masama.Lumagay tayo sa ating tamang posisyon tulad ng mga bituin sa kalangitan.

40 Gaya ng sinasabi ng Biblia, "Mga bituing gala (sa aklat ni Judas),pinagbubula ang kanilang sariling kahihiyan . . ." At ayaw nating maging mgabituing gala: ano kaya, tama nga kaya ito, ano kaya, tama nga kaya iyon, anokaya, mangyayari nga ba iyon, ano kaya kung — paano kaya mangyayari iyon.Huwag kayong mag-"ano-kaya," manatili kayong tulad ng mga bituing iyon salangit bilang kawal na nanunungkulan. Tumayo kayo roong sumasampalataya.Buhay at kamatayan . . .

41 Ngayon, ang isang hukbo — kapag talagang hukbo — kapag ang isangbansa ay naghahandang makipaglaban sa ibang bansa, dapat muna itongumupo at mag-isip kung ano ang tama at mali, at kung kaya ba nilangmakibaka sa kalabang bansa o hindi. Itinuro iyon ni Jesus. At kung gagawiniyon ng mga tao, kung magagawa lang sana ng mga bansang umupo at tumigilat pag-isipan muna ang mga bagay na iyon, ang magkabilang panig, hindi natayo magkakaroon pa ng digmaan. Ngayon, makikita natin na kung hindi iyan gagawin ng tao, kung hindimuna uupo ang mga pinuno ng mga sandatahang lakas ngmga bansa at titignankung sila ba ay tama, at ang kanila bang mga motibo at layunin ay tama, atkung mayroon ba silang sapat na lakas at kapangyarihan upang gapiin angkalabang hukbo; kung gayo'y tiyak na matatalo sila.

42 Diyan nagkamali si General Custer kaya siya nasawi. Si General Custer,sa pagkakaunawa ko, ay inutusan ng pamahalaan na huwag magtungo salupain ng Sioux, sapagkat isa iyong panahon ng pangingilin para sa kanila. Isaiyong panahon ng pagsamba; sila ay nagdiriwang ng kapistahan. Ngunitnalasing si Custer; at nabuo sa isip niya na ituloy ang paglusob. Tatawid siya,ke utos o hindi. At binaril pa nga nila ang ilang inosenteng tao — pinagbabarilnila sila. Sa wari ko'y tinamaan nila ang ilan sa kanila. Ang mga iyon aynaghahanap ng pagkain upang ipakain sa ka — kanilang mga kababayanhabang sila ay nananambahan. At si Custer, sa kaniyang pagtawid, namataaanniya sila at inakala niyang hinahabol nila sila, kaya't pinagbabaril nila ang mgascout na iyon. At ang mga scout na ito ay nakatakas at nagbalik. Ano'ng ginawa nila? Inarmasan nila ang kanilang mga sarili, at nagsidating sila, atiyon na ang katapusan ni General Custer, sapagkat hindi muna siya umupo atnag-isip. Hindi siya dapat nagpunta roon. Wala siyang karapatang magpunta roon.Tutal naman ay napaatras na niya ang mga Indian mula sa silangang baybayinpakanluran. At nagkaroon sila ng kasunduan, ngunit sinira niya angkasunduang iyon. At nang sirain niya ang ksunduan, nang magkagayo'ynatalo siya sa digmaan.

43 At kaya nga ang isang hukbo, kapag naghahanda ito sa isang digmaan,kailangan muna nitong mamili ng mga kawal. Kailangang mabihisan sila parasa pakikipaglaban; kailangang sanayi sila sa pakikipaglaban. At naniniwalaako na ang pinakadakilang digmaang magaganap ay handa nang simulan.Naniniwala akong pinipili na ng Diyos ang Kaniyang mga kawal; naniniwalaakong binibihisan na Niya ang mga ito at sinasanay. At nakapuwesto na angmga nasa unahan, naghahanda nang magsimula.

44 Ang unang dakilang digmaang naganap ay nagsimula sa langit nangmakipaglaban si Miguel at ang kaniyang mga Anghel kay Lucifer at sakaniyang mga anghel. Nagsimula ito — ang unang digmaan ay naganap salangit, kaya ang kasalanan ay hindi nagsimula sa lupa; nagsimula ito sa langit.At pagkatapos ay tumapon ito mula sa langit, tumapon mula sa langit patungosa lupa at napunta ito sa sangkatauhan. Nang magkagayon ang digmaangnagmula sa mga Anghel ay naging digmaan na ng mga tao. At si Satanas aydumating upang wasakin ang nilikha ng Diyos. Upang maging kaniya angnilikha ng Diyos, na siya namang ipinunta niya (ni Satanas) dito upangwasakin. Iyon ang layunin niya, ang wasakin ito. At nagsimula ang digmaan dito sa lupa at nagsimula ito sa atin, atmagmula noon ay wala nang humpay ang pagsiklab nito.

45 Ngayon, bago maihanda ang anumang pakikidigma, kailangan munanilang pumili ng lugar ng sagupaan o ng isang lugar kung saan silamaglalaban, isang piling lugar. Nung Unang Digmaang Pandaigdig sadyangginanap ito sa lupaing walang nagmamay-ari at sa mga dakong pinaglabanannila, at sadyang mayroon silang pinipiling lugar. Tulad nang makipagdigma ang Israel laban sa mga Filisteo, samagkabilang panig ay may burol silang pinagtitipunan. At doon lumalabas siGoliat at naghahamon sa hukbo ng Israel. Doon siya sinagupa ni David samay lambak, nang makalampas siya sa maliit na sapang umaagos sa pagitan ngdalawang burol na iyon, kung saan ay pinulot ang mga bato. Kailangang mayisang lugar na mapili.

46 At dito, may isang dakong pinagkakasunduan, "lupaing walang may-ari",at dito sila naglalaban. Di sila basta-basta naglalaban sa isang lugar, atpagkatapos ay dito naman; may isang lugar ng sagupaan kung saan silanagtatagpo at sinusubukan nila ang kanilang mga kapangyarihan, kung saansinusubukan ng

bawat hukbo ang lakas nito laban sa isat isa — isangpinagkasunduang lugar ng pagtatagpo. Ngayon, huwag ninyo itong palalampasin. Nang magsimula ang dakilangpakikipagbakang ito sa lupa, kinailangang magkaroon ng isangpinagkasunduang lugar ng pagtatagpo; kinailangang magkaroon ng pinilinglugar para pagsimulan ng labanan, at doon ito unang magsisiklab; at ang dakong sagupaang iyon ay nagsimula sa isipan ng tao. Doon nagsisimula angdigmaan. Ang isipan ng tao ang napiling maging lugar ng sagupaan, kungsaan ito nagsisimula; at iyon ay dahil ang mga pagpapasiya ay ginagawa sapag-iisip, sa ulo. Ngayon, hindi nila ito sinimulan sa isang organisasyon; hindi nila itosinisimulan sa isang mekanikal na ugnayan, hindi iyon ang lugar napinagmulan nito; samakatuwid ang organisasyon ay hindi kailan manmakagaganap ng gawa ng Diyos, sapagkat ang dakong sagupaan, kung saanmo dapat kaharapin ang iyong kaaway, ay sa pag-iisip. Kailangan monggumawa ng pagpili. Haharapin ka nito. Nais ko sana, na ang munting batang babaeng ito na maysakit, tiyakinniyang pakikinggan niya itong maigi.

47 Ang mga pagpapasiya ay ginagawa sa pag-iisip, sa ulo. Doon kahinaharap ni Satanas. At doon din ang mga pagpapasiya, sapagkat ganiyanginawa ng Diyos ang tao. Ngayon, mayroon akong . . . kung nakatingin kayosa tala ko rito, may nakaguhit ditong mapa. Nilagay ko ito rito di pa katagalansa — ginamit ko ito sa pisara. Ang balangkas ng isang tao ay tulad sa isang butil ng trigo. Isa itongbinhi, at ang tao ay isang binhi. Sa pisikal ikaw ay isang binhi ng iyong ama'tina, at ang buhay ay nagmula sa ama, ang sapal ay nagmula sa ina. Kayamagkasama ang dalawa, ang itlog at ang dugo ay nagsasama, at nasa selyulang dugo ang buhay, at doon ito nagisismulang mabuo bilang isang bata.

48 Ngayon, anumang binhi ay may balat sa labas; nasa loob ang sapal at nasaloob ng sapal ang semilya ng buhay. Buweno, ganiyan ang pagkakayari saatin. Tayo ay binubuo ng katawan, kaluluwa, at espiritu. Ang labas ay angkatawan, ang balat, sa loob naman nito (ang kunsensiya at iba pa) ay angkaluluwa, at sa loob ng kaluluwa ay ang espiritu. At pinamamahalaan ngespiritu ang lahat .

49 Ngayon, kung uupo kayo pag uwi ninyo at iguguhit ninyo ang tatlongmaliliit na bilog na ito, makikita ninyo na ang labas na bahagi nito ay angkatawan ng tao. Sa loob ng katawan ay may kaluluwa, at ang kaluluwang iyonay kontrolado ng imahinasyon, kunsensiya, alaala, pangangatuwiran, atdamdamin; iyon ang kumukontrol sa kaluluwa. Ngunit ang espiritu, iisa langang taglay na pandama nito — ang espiritu. Oh, kunin natin ito! Ang espirituay may isang pandama at ang pandamang iyon ay — ang nangingibabaw ditoay kung hindi pananampalataya ay pag-aalinlangan. Iyon nga. At may iisangdaan lamang patungo roon, at iyon ay ang kalayaang pumili. Maaari mongtanggapin ang pag-aalinlangan o ang pananampalataya, alin man ang naismong gamitin. Samakatuwid, nagsisimula si Satanas sa pangunahing bahagi upang pagalinlanganin ang espiritu ng tao sa Salita ng Diyos. Ang Diyos ay nagsisimulasa pangunahing bahagi upang mailagak Niya ang Kaniyang Salita sa espiritungiyon. Hayan, iyan ang dahilan.

50 Kung ang iglesiang ito ngayon ay maagbubuklod at magkakaisa nanglubusan, na ang bawat isa ay magkakasundo nang walang anumang bahid ngpag-aalinlangan, walang matitirang isa mang mahinang tao sa atingkalagitnaan sa kasunod sa limang minuto; walang sinuman dito angmagnanasa ng Espiritu Santo na hindi makatatanggap Nito. Kung magagawalang sana ninyong ayusin ang isang bagay na iyon.

51 Ngayon, doon nagsisimula ang digmaan — sa isipan ninyo mismo, kungikaw ba ay . . . Ngayon, tandaan ninyo, hindi ito Christian Science, mind overmatter; wala iyong . . . Tinatanggap ng pag-iisip ang Buhay na walang ibakundi ang Salita ng Diyos, at doon ay naihahatid ang Buhay. Hindi angkaisipan mo lang ang gumagawa nito, kundi ang Salita ng Diyos na naihatid sadaluyan ng iyong kaisipan. Nauunawaan n'yo ba? Ano ba ang kumukontrolsa pag-iisip mo? Ang espiritu mo; at nasasapo ng espiritu mo ang Salita ngDiyos, at iyon ang bagay na may Buhay. Naghahatid ito ng Buhay sa iyo. Oh, kapatid, kapag nangyari iyan, kapag dumaloy ang Buhay sa daluyangpapasok sa iyo, ang Salita ng Diyos ay naipapamalas sa iyo. "Kung kayo'ymananatili sa Akin at ang mga Salita ko'y sa inyo, hilingin ninyo ang ibigninyo at ito'y tatanggapin ninyo."

52 Kung magkagayo'y ano'ng gagawin nito? Mula sa kalagitnaan ng puso,na siyang kaluluwa, mula roon ay hahayo ito, dadaluyan ang bawat daluyan.Ang problema ay nakatayo tayo rito taglay ang maraming pagdududa atsinisikap nating tanggapin kung ano ang naroon sa labas. Kailangan mongpigilin iyon at dumaan ka sa daluyuang iyon taglay ang Salita ng Diyos, atpagkatapos ay kusa na lamang iyong lalabas. Ang mahalaga ay kung ano ang nasa kalooban. Iyon ang mahalaga, ang kalooban. Ang paglapit ni Satanas aymula sa kalooban.

53 Ngayon, sasabihin mo, "Hindi ako nagnanakaw; hindi ako umiinom; hindiko ginagawa ang mga bagay na ito." Walang kinalaman iyan doon (Kitan'yo?); ang mahalaga ay ang kalooban. Gaano ka man kabuti, gaano mankataas ang iyong moralidad, gaano ka man katapat, ang mga bagay na iyan ayakagalang-galang, ngunit ang sabi ni Jesus, "Malibang ang tao ay isilang namuli . . ." Kita n'yo? Dapat ay may mangyari sa kalooban. Kung hindi, iyonay isa lamang pagbabalat-kayo, saagkat sa kaibuturan ng puso mo ay gusto mopa rin itong gawin.

54 Hindi puwedeng artipisyal; dapat ay maging totoo ito. At iisa lamang angmaaaring pagdaanan nito, at iyon ay sa pamamagitan ng kalayaang pumili,pumapasok ito sa kaluluwa sa pamamagitan ng iyong mga

kaisipan."Sapagkat kung ano ang iniisip ng tao sa kaniyang puso ay gayon siya. Kungsasabihin mo sa bundok na ito, 'Makilos ka' at hindi ka mag-aalinlangan saiyong puso, bagkus ay sasampalataya kang magaganap ang sinabi mo;mapapasaiyo ang sinabi mo." Nakuha ba ninyo? Hayan. Kita n'yo? Hayanang lugar ng sagupaan.

55 Kung sisimulan mo lang muna sana iyan. Sabik na sabik tayong makitangnagaganap ang mga bagay; sabik na sabik na tayong may magawa para saDiyos. Ang munting babaeng ito ay gustung-gusto — walang dudanggustung-gusto niyang mabuhay; nais niyang gumaling. Ang ibang mga taongnaririto ngayon ay nais ding gumaling. At kapag naririnig natin ang tungkol sakasong iyon, tulad ng duktor na iyon, ang pagkabuhay na muli ng patay, mgadakila at makapangyarihang bagay na ginawa ng ating Diyos, kung gayo'ynasasabik tayo. Kaso nga lang, sinusubukan natin iyong abutin sapamamagitan ng mga pandamang ito para natin mahawakan ang isang bagayna naririto, tulad ng kunsensiya.

56 Kaya't madalas namamali ang maraming tao ng pakahulugan sa Salita, atdi ako nauunawaan tungkol dito, tngkol sa pagtawag ng altar call. Ang sabi ko"Hindi ako masyadong nagbibigay-diin tungkol sa altar call," hindi ibigsabihing hindi ka dapat manawagan sa altar, ngunit hahatakin ng isa angkasama niya sa braso at sasabihin, "O, Brother John, alam mo? Matagal natayong magkapit-bahay; halika dito sa altar; manikluhod tayo." Anong ginagawa niya? Sana mayroon akong pisara dito, gusto ko sanangipakita sa inyo kung ano'ng ginagawa niya. Sinisikap niyang maabot angkaniyang kaluluwa sa pamamagitan ng damdamin. Hind iyan uubra. Hindiiyan ang daan. Tiyak ngang hindi. Ano kaya ang ginagamit niya? Isangalaala, sa pamamagitan ng pandama ng kaluluwa. "O, Brother John, napakabait ng nanay mo; matagal na siyang namatay": isang alaala. Kitan'yo? Hindi mo maaaring gawin iyan, kailangang dumaan ito sa kalayaanmong pumili. Ikaw mismo, hayaan mong ang Salita ng Diyos . . . Hindi kalumalapit dahil mabait ang nanay mo; hindi ka lumalapit dahil isa kang mabaitna kapit-bahay; lumalapit ka dahil pinapalapit ka ng Diyos, at tinatanggap moSiya batay sa Kaniyang Salita. Ang Salitang iyon ang lahat-lahat sa iyo. Ang Salitang iyan, kung kaya mong isantabi ang lahat ng bagay, ang buomong kunsensiya, ang lahat ng iyong pandama, at hahayaan mong makapasokang Salita, magbubunga ng tama ng Salitang iyan.

57 Heto, nakikita n'yo ba kung anong nakatakip dito? Sasabihin mo,"Buweno ngayon, ah . . ." Sasabihin mo, "Buweno ang kunsensiyang ito, angmga pandama, at iba pa ay wala namang kinalaman dito, di ba, BrotherBranham?" Tiyak ngang mayroon. Ngunit kung papapasukin mo ang Salita atpagkatapos ay hahayaan mong matabunan Ito ng kunsensiya, kungmagkagayo'y hindi Nito magagawang tumubo; magiging isa Itong Salitangsira ang anyo. Nakakita na ba kayo ng magandang butil ng mais na itinanimsa lupa, at nabagsakan ng isang patpat, lalaki itong baluktot. Sinuman atanumang bagay na lumalaki ay magkakagayon, mayroon kasing nakasagabal.

58 Buweno, iyan ang problema sa ating paniwalang Pentecostal sa araw naito. Hinayaan nating mahadlangan ng napakaraming bagay angpananamapalatayang itinuro sa atin, ang Espiritung nabubuhay sa atin.Pinayagan natin ang napakaraming mga bagay: sa iba tayo nakatingin. At satuwina ay itinuturo kayo ng diablo sa kabiguan ng kung sino, ngunit iniiwaskayo sa tunay na patotoo. Minsan ay ituturo niya kayo sa isang ipokritonglumabas at nanggaya ng kung ano. Hindi Siya ang may gawa niyon, sapagkatnanggaya lamang siya. Ngunit kung nanggaling iyon sa totoong bukal ngSalita ng Diyos, "Ang langit at lupa ay lilipas, ngunit ang Salita Ko ay hindimaaaring lumipas." Mananatili't mananatili ito. Nauunawaan mo ba, Sis?

59 Kailangang tanggapin ito sa isipan; pagkatapos ay sampalatayanan sapuso; kung magkagayo'y magiging katotohanan ang Salita ng Diyos; kungmagkagayo'y ang bawa't pandama ng kaluluwa at katawan ay sadyangnakuskos na ng Espiritu Santo. Kung magkagayo'y ang pandama mo ay mulana sa Diyos; ang kunsensiya mo ay mula na sa Diyos; lahat ng bagay namakadiyos ay dumadaloy na sa iyo. Wala nang isa mang pag-aalinlangan.Wala nang anumang bagay na maaari pang lumitaw. Wala nang maaari pangsumagi sa alaala na ang sabi, "Buweno, naaalala kong sinubukan ni MisssJones na magtiwala sa Diyos. Si Miss Ganito-at-ganun, si Miss Doe aysumubok na magtiwala minsan sa Diyos para sa kaniyang kagalingan, at siya'ynabigo." Kita n'yo? Ngunit kung ang daluyang iyon ay naalisan na ng sagabal at nalinis na, at napuspos na ng Espiritu Santo, ni hindi na iyon sasagipa sa alaala. Di na mahalaga ang tungkol kay Miss Jones at kung ano'ngginagawa niya; ikaw at ang Diyos ang nagkakaalaman, at wala nang ibamaliban sa inyong dalawa. Hayan; hayan ang inyong pakikibaka.

60 Utasin mo na siya sa pasimula pa lamang; patayin mo na siya kaagadupang mapigilan mo siya. Hindi ito patagalan ng labanan; tapusin mo nakaagad. Kung lalapit ka, pagkatapos ay pananatiliin ang mga alaalang iyon, atang kunsensiya at ang iisipin mo ay panay, "Buweno, baka mabigo ako. Bakahindi iyon tama." Huwag na huwag mong gagawin iyan. Isantabi mo anglahat ng bagay at buksan ang daluyan at sabihin mo, "Diyos, ang Salita Mo aytotoo magpakailan man, at ito'y para sa akin. Mabigo man ang buong iglesia,mabigo man ang buong mundo, gayunman ay hindi pa rin ako mabibigo,sapagkat pinanghahawakan ko ang Iyong Salita."

61 Hayan ang digmaan; iyan na nga. Bakit aalisin ng MakapangyarihangDiyos ang cancer sa dibdib ng

isang babae nang walang pilat, pagkatapos ayhahayaang mahiga at mamatay ang isang bata? Hindi po.

62 May isang dalagitang nagtungo rito di pa katagalan galing sa mataas napaaralan. Tinawagan ako ng kaniyang ina, ang sabi, “Brother Branham, anganak ko ay may Hodgskin's disease.” (Cancer iyon na nagiging bukol.) Atkumuha ang duktor ng kapiraso nito mula sa isang pumutok sa kaniyanglalamunan, ipinasuri niya iyon, at Hodgkin's desease nga iyon. Kaya ang sabi niya, “Ang susunod na pagputok ay maaaring mangyari sakaniyang puso; kapag nangyari iyon, wala na siya.” Ang sabi pa, “Wala nasiyang . . . Sa bilis ng pagputok ng mga ito, mga tatlong buwan na lang siyamabubuhay.” Ang sabi ng nanay, “Pababalikin ko ba siya sa iskuwela?” Ang sabi, “Pabalikin mo siya sapagkat marahil ay magiging biglaan angpagpanaw niya.” At ang sabi pa, “Hayaan mo lang siyang mamuhay nangnormal hangga't magagawa niya. Huwag mo na lang sasabihin sa kaniya anganumang tungkol dito.” Kaya ang sabi sa akin ng babaeng iyon, “Ano'ng dapat kong gawin?” Ang sabi ko, “Dalhin mo siya at ipila mo siya sa prayer line.” At ang sabiko, “Samahan mo siya.” (May kakatwang bagay akong naramdaman.)

63 At nang dumating ang dalagita nung umagang iyon na kulay asul ang mgalabi dahil sa makeup, gaya ng ayos nila sa iskuwelahan, at dumating nga siya(Hindi ko siya kilala, dapat kasi ay tatawagan muna niya ako sa telepono.)Hinawakan ko ang kamay niya; ang sabi ko, “Magandang umaga sister.” Siya na pala iyon; siya na nga iyon. Sa loob lamang ng ilang sandali tumingin akosa kaniyang ina at nakita kong kapuwa silang walang Diyos, walang Cristo.Ang sabi ko, “Paano kayong makaaasa ng kagalingan sa ganitong kalagayan?Tatanggapin ba ninyo si Cristo bilang personal na Tagapagligtas n'yo? Angsabi ko pa, ”Lulusong ba kayo sa bautismuhang ito at magpapabautismo saNgalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong kasalanan?“ Ang sabi nila, ”Gagawin namin.“ O, alam n'yo na kung ano'ng nangyari. Maaaring nakaupo rito ngayong umaga ang babaeng iyon. Marami sa inyoang may alam ng kasong iyon. Si Brother Mike Egan, isa sa mga trustee dito,binantayan niya ang kasong iyon; mga apat o limang tao na nang maganapiyon. Ibinalik ang dalagita sa duktor; walang isa mang bakas ng Hodgkin'sdisease na nakita sa kaniya.

64 Ano ang nangyari? Kinakailangang buksan mo muna ang daluyan.Kinakailangang papuwestuhin mo ang Kawal, ang Espiritu Santo doon saharap ng sagupaan upang makuha mo ang Salita ng Diyos. Siya ang Salita, atnakatayo Siya roon, at wala nang . . . Lahat ng iba pang daluyan ay naalisanna ng bara. Tulad din iyan ng lumang pakuluan na barado ang singawan; isalang mo,at sasabog iyon. Iyan ang problema sa napakaraming Cristianong nagsisabogdahil hindi nila nililinis ang mga daluyan; hindi sila umaabot sa kalooblooban. Kinakailangan ninyong linisin ito nang husto: ang kunsensiya, alaala,mga kaisipan, isinasaisang-tabi ang lahat ng bagay mula sa loob palabas sapamamagitan ng dalisay na Salita ng Diyos, na Iyon ang Katotohanan. Kahitpa sampung libo sa gawing ito ang mamatay sa araw na ito na mga nag-aasam,sampung libo ang mamatay sa gawing iyan bukas na mga nag-aasam, walaiyang kinalaman sa akin. Ako ang indibiduwal; ako ang nagtitiwala; ako angsumasampalataya.

65 At makikita natin sa mga nakalipas na panahon, kung nais nating buksanang ating mga daluyan, kung magagawa nating tumingin, makikita natin angisang ito at ang isang iyon, at ang isang ito't ang isang iyon, libu-libo angnagpapatotoo, ngunit sisikapin ng diablo na makabawi. Kita n'yo, kungmakapapasok siya sa anumang paraan, magagapi niya ang iyong hukbo. Kungmayroon kang mga pandama, paningin, panlasa, pakiramdam, pang-amoy, atpandinig, walang masama riyan, ngunit huwag mong pagtiwalaan ang mga itomalibang sumang-ayon ang mga ito sa Salita. Walang problema sa mga ito,ngunit kung ang mga ito ay di sumasang-ayon sa Salita, huwag mongpakikinggan ang mga ito. Ngayon, ang imahinasyon, kunsensiya, alaala, katuwiran, at damdamin,walang masama sa mga ito, kung ang mga ito ay sumasang-ayon sa Salita.Ngunit kung ang iyong damdamin ay di sumasang-ayon sa Salita, iwaksi moito; tanggihan mo na agad. Kita n'yo? Kung ang katuwiran mo ay disumasang-ayon sa Salita, layuan mo ito. Tama. Ang makina . . . Kung angiyong alaala, kung ang iyong imahinasyon, kung ang iyong kunsensiya, atanuman ay hindi sumasang-ayon doon sa nasa loob, iwaksi mo ito.

66 Ano'ng mayroon ka kung gayon? Mayroon kang solar system. Aleluia.Isinaayos niya ang mga bituin at sinabi niya, “Manatili kayo riyan hanggang saipatawag ko kayo.” Nananatili ang mga iyon doon. Walang makakikilos samga iyon. Kapag nahawakan ng Diyos ang isang lalaki sa Kaniyang kamay,hanggang sa magawa niyang malinis ang mga pandama, kunsensiya, at lahatna, hanggang sa ito'y makatayong sinusuportahan ng Diyos sa Espiritu,walang diablo sa mundo na makapagsisingit ng pag-aalinlangan doon. Tama.

67 Kapag lumapit siya at nagsabing, “Hindi umigi ang pakiramdam mo,”maging ang kunsensiya mo ay nakalampas na riyan. Walang kabara-bara angsingawan na ito'y sumisigaw ng “Aleluia.” Ang singawan ay pumipito:Luwalhati sa Diyos,“ ang sinisigaw nito, tiyak nga, napakalinis at walangkabara-bara para kilusan ng Diyos, ng kapangyarihan ng Diyos. Kita n'yo?Iyan ang pinakamahalaga sa lahat; hayan ang inyong dakong sagupaan. Anginyong dakong sagupaan ay narito sa likuran sa pasimula, dito sa kaluluwa,dito sa inyong kaisipan, na nagbubukas. Ang kaisipan ang pintuan papasok sakaluluwa, o ang pintuan papasok pala sa espiritu. Ang isipan mo aybumubukas at tinatanggap nito o tinatanggihan ang Espiritu.

68 Maaari kang magkaroon ng kaunting kunsensiya, kaunting pakiramdam, atkaunting sensasyon, lahat ng mga bagay na ito; wala iyang kinalaman dito.Iya'y munting mga sensasyon lamang at iba pa. Ngunit pagdating sakatunayan, ang pag-iisip mo ang nagbubukas dito. Tinatanggap ito ng iyongpag-iisip o kaya'y tinatanggihan. Yun na nga, mga kaibigan. Diyos, walasana sa kanila ang di makakuha nito. Kita n'yo? Ang pag-iisip n'yo angnagbubukas ng pintuan, o kaya'y nagsasara nito, at nakikinig sa inyongkunsensiya, nakikinig sa inyong alaala, nakikinig sa inyong mga damdamin.Ngunit kapag nagsara ang inyong pag-iisip sa mga bagay na ito atpinahintulutan ang Diyos, ang Espiritu ng Kaniyang Salita, na makapasok,itataboy nito ang lahat ng iba sa labas. Lahat ng pag-aalinlangan ay wala na;wala na lahat ng takot; wala na lahat ng sensasyon ng pagdududa; wala nalahat ng pakiramdam. Wala nang iba pang naroroon maliban sa Salita ngDiyos, at hindi Iyon kayang labanan ni Satanas. Hindi po! Hindi Iyon kayanglabanan ni Satanas. Ngayon, alam nating Katotohanan iyan.

69 Ang mga digmaang ito ay sumiklab na simula pa noong panahon nghalamanan ng Eden, ang digmaan sa pag-iisip ng tao. Si Satanas angnagpasimula nito. Ano'ng ginawa niya nung harapin niya si Eba? Hindi niyaitinanggi ang Salita ng Diyos, ngunit may ilang bagay siyang itinago. Maymga daluyan siyang binarhan. Ang sabi niya, "Ngunit tiyak na ang Diyos . . .(Genesis 3:1. Kita n'yo?) Tiyak na ang Diyos . . . Lahat ng mga ipinangakoNiyang ito . . ." Alam niyang tama ang Salita , ngunit alam niyang hindi niyamaaaring basta-basta tirahin Ito nang tahasan, ngunit ito'y pinatamis niya sapandinig.

70 Tulad ng pagpapainom sa amin noon ni nanay ng gamot, at nilalagyan niyang orange juice ang castor oil. Naku, mas gusto ko nang inumin ang castor oilnang walang orange juice. Anumang bagay na mapagpaimbabaw . . . Kitan'yo? Kaniyang . . . Dati-rati ay bumabangon kami tuwing gabi, at pinaiinomniya kami ng coal oil. At hinahaluan niya ng asukal ang coal oil. Medyomapagpaimbabaw, ngunit halos mapaso ang tonsil mo paglunok mo nito pagwala na ang asukal.

71 Buweno, ganoon nga iyon, mga kaibigan. Sinusubukan ni Satanas na —na maging mapagpakunwari. Sinisikap niyang magpakita sa iyo ng bagay namas mainam, mas madaling paraan, mas makatuwirang plano. Ngunit walanang mas makatuwiran pang paraan kaysa sa inilatag ng Diyos nung pasimula:ang Kaniyang Salita. Panghawakan mo ang Salitang iyan; mangunyapit kaDito nang mahigpit. Hayaan mong hawakan ka Nito nang mahigpit. Manatilika sa piling Nito. Iyan — iyan ang mahalaga.

72 Ang digmaan ay sumiklab nang buksan ni Eba ang kaniyang isipan upangpakinggan ang kaniyang mga pangangatuwiran. Iyon ang naging butas napinasukan nito; iyon ang daluyang nilagusan nito: ang kaniyangpangangatuwiran. Sa kaniyang kaluluwa ay nangatuwiran siya. Sa kaniyangmga mata, sa pamamagitan ng paningin ay nakita niya ang serpente. Kaaakitakit siya, guwapo, nakahihigit sa kaniyang asawa. Siya ang pinakatuso salahat ng hayop sa lupa. At marahil ay mas magandang lalaki siya kaysa saasawa niya; tila isang napakamatipunong hayop na nakatayo roon. Napakalakiniya, at sinasabi niya sa kaniyang napakadakila ng bagay na iyon. At angunang ginawa niya, binuksan niya ang kaniyang pag-iisip. At nang gawin niyaiyon, nasabat ito ng mga pangangatuwirang makatao. "Aba, hindi ba't ito'ymagiging lubhang kasiya-siya?"

73 Iyan ang ginagawa niya sa kababaihan ngayon. Kapag ang isang babaengmay mabait na asawa, ay nakakita ng isang malaki at maskuladong lalaki;susubukan ng lalaking ito ang pangangatuwiran. Alalahanin, si Satanas iyan;ang diablo iyan. O magkabaliktad man, lalaki sa babae, babae sa lalaki, alin man doon . . . Ano'ng ginagawa niya? Gumagawa siya sa lakas ngpangangatuwiran, sa kunsensiya kung saan ay may nagsisimulang pumasok,subalit ilagay ninyo ang Salita ng Diyos sa unahan.

74 Hindi nga magagawa ng isang tao ang . . . Hindi niya magagawangmagkasala (ibig sabihin ay ang di sumampalataya) hangga't di niya munaiwinawaksi ang Salita ng Diyos, ang Presensya ng Diyos; hindi niyamagagawang magkasala. Hindi magagawang magkasala ni Eba, hanggang sa isantabi niya angSalita ng Diyos, na nagbukas ng kaniyang daluyan ng pangangatuwiran tungosa kaniyang kaluluwa at nagsimula siyang mangatwiran. "Aba siyanga, hindisinabi sa akin ng asawa ko ang mga bagay na ito, ngunit naniniwala akongikaw . . . Sinabi niya sa aking di ko dapat gawin ito, ngunit alam mo,nagagawa mo itong maging napakamakatotohanan; napakalinaw nito. Sapaniwala ko'y magiging napakaganda nito, sapagkat nalilinaw mo nang hustosa akin." Kita n'yo? Iyan ang unang digmaan. At dahil sa digmaang iyan aynaganap ang lahat ng iba pang digmaan at bawat pagdanak ng dugo nanaganap ay napasimulan doon sa Eden. Pinag-alinlanganan niya kasi angSalita ng Diyos.

75 At kung ang di pagsampalataya sa isang napakaliit na bahagi ng Salita ngDiyos ang naging dahilan ng lahat ng suliraning ito, paano tayongmakababalik nang hindi tayo sumasampalataya sa Salita? Hindi momagagawa. Kailangan mong sarhan ang lahat ng iba pang mga bagay na ito,"isinusuko ang mga pangangatuwiran." Hinding-hindi natin ito dapatpinangangatwiranan, hindi talaga dapat. Tanggapin lang natin ang Salita ngDiyos dahil, "sinabi ng Diyos"; naglalagay ito ng sapa sa pagitan ninyo ngDiyos. Bawat daluyan ay nabubuksan sa pagitan n'yo ng Diyos kung gayon.Iyan na nga ang digmaan, ang kauna-unahang pinagsiklaban ng digmaan.

76 Huwag tayong gumamit ng ripleng kalibre 22. Ang kunin natin ay bombaatomika. Ayusin natin ang

trabaho. Kunin natin ang bomba atomika ngDiyos. "Ano iyon Brother Branham?" F-a-i-t-h (Baybay sa Ingles ng salitangpananampalataya -Filipino Ed.) sa Kaniyang Salita. Iyan ang bomba atomika,pinasasabog nito ang karamdaman at mga demonyo sa kaliwa't kanan.Paglalahuin sila nito, uubusin sila. Oh. Sa— sa— sadyang nakapipinsala ito;pinasasabog nito ang bawat bagay na di makadiyos. Kapag bumagsak angbomba ng pananampalataya kalakip ng Salita ng Diyos, pinasasabog nito angbawat diablo, bawat karamdaman, bawat sakit. Sasabihin mo, "Tama ba 'yan, Brother Branham? Kung gayon, bakitgumagana sa iba ngunit sa iba nama'y hindi?" Gawa kasi ng daluyan. Maaarikang tumingin sa labas at ito'y makita mo, ngunit kailangang magmula ito saloob at tumingin ito sa direksiyong ito. Hindi dapat galing sa labas ang tinginpaloob, dapat ay galing sa loob ang tingin palabas. Kita n'yo?

77 Hindi ka maaaring dumaan sa pangangatuwiran; hindi ka maaaringdumaan sa iba pang mga bagay na ito; kinakailanagan mong dumaan mismo sadaluyan ng Diyos para dito, papasok sa loob mismo ng kaluluwa. At paanomo itong gagawin? Ano ang huling daluyan? Patuloy itong mangangatuwiranat magsasabing, "Mga pandama. Oh, nararamdaman ko. Siya nga, hayan. (Aha) Oh, maaaring maamoy ko iyon o iba pa. Nariyan ang mga bagay na ito,siya nga." Ang susunod na ikakatuwiran mo, "Buweno, mukhang alam na alam niyaang sinasabi niya. Sinabi ng duktor na hindi ako maaaring gumaling.Kinakailangang. . ."Kita n'yo? Diyan mismo ay nagkamali ka na. Ang diablo iyan na nakatayoriyan. Ang diablo ang nagsasaksak sa iyo ng mga ito; huwag mo iyangpaniwalaan. Aleluia. Ang sabi ng Salita ng Diyos, "Higit sa lahat nais kongbumuti ang iyong kalusugan . . ." Tama. Paano kang magiging isang tunay nakawal doon sa labas? Kita n'yo? "Nais kong bumuti ang iyong kalusugan."

78 Hayan na nga, ang mga daluyang iyan. Kung magagawa mo lang nabuksan ang mga ito: ayaw kong lampasan na lang ang mga ito. At kungmakakalusot si Satanas doon, makakaraan sa pamamagitan nitong kunsensiyaat lahat ng iba pang mga bagay na ito, kung magakagayo'y makararating siyadito mismo sa dulo ng kaluluwang nasa loob ng pag-iisip. Ngayon, kungmagagawa ka lang niyang . . . Hindi mo magagawang tingnan ang alin man samga ito malibang papasukin mo muna siya dito. Kinakailangang papasukinmo muna siya; at kapag nakapasok na siya, siya na ang mamamahala.Pagkatapos ay ano ang gagawin niya? Sisimulan niyang gamitin angkunsensya. Sisimulan niyang gamitin ito, sisimulan niyang gamitin anglagusang ito. Ano ba ito? Paningin, panlasa, pakiramdam, pang-amoy,pandinig, imahinasyon, kunsensiya, mga pangangatuwiran, mga damdamin;sisimulan niyang gamitin ang lahat ng iba't ibang munting daluyang iyan,basta't makapasok siya sa itaas ng isang ito. Kinakailangang makapasok munasiya sa iyong pag-iisip, at kinakailangang tanggapin mo ito. Maaari itong . . .

79 Makinig. Maaaring hindi ka nito lubayan, ngunit hindi ito makakapasoksa iyo malibang tanggapin mo. Nang lumapit si Satanas kay Eba at nagsabi,"Alam mo, kaaya-aya ang bunga," napatigil siya sandali. Oh, doon siya nagkamali, nang tumigil siya sandali. Huwag kang titigil anuman angkadahilanan. Taglay mo na ang mensahe. Si Jesus ay buhay; ang Diyos ayTagapagpagaling, iyan ang mensahe. Huwag kang titigil sa anumangkadahilanan, sa anumang pangangatuwiran, o anumang iba pa.Ngunit tumigil siya sandali. Noon pumasok si Satanas sa pag-iisip na iyon.Ang sabi, "Buweno, tila yata makatuwiran." Oh, huwag mong gagawin iyan.Ang gawin mo ay kung ano'ng sinabi ng Diyos.

80 Si Abraham, ano kaya kung huminto siya para mangatwiran nang sabihinNiya sa kaniya na magkakaanak siya kay Sarah, samantalang animnapu'tlimang taong gulang na siya at siya naman ay pitumpu't lima na. At nang siyaay sandaang taong gulang na at siya naman ay siyamnapu na, ipinahayag pa rinniya na ang Salita ng Diyos ay totoo; at tinawag niya ang mga bagay na walaroon na tila baga naroroon ang mga iyon. Kita n 'yo? Kahit nga pag-asa, maypag-asa pa nga ba siya? Ni hindi niya ginamit ang pag-asa."Buweno," sinasabi mo, "Umaasa akong ako ay bubuti. Umaasa akong ako aygagaling. Umaasa akong matatanggap ko ang Espiritu Santo. Sana ayCristiano ako. Umaaasa akong magagawa ko ang ganito." Hindi iyan anggusto mo. Ni hindi iyon tiningnan ni Abraham. Amen. Laban sa pag-asa aynagawa pa rin niyang sampalatayanan ang Salita ng Diyos. Angpananampalataya ay nakahihigit kaysa pag-asa. Ang pananampalataya aynagmumula rito sa kalooban, ang pananampalataya ay nanggagaling dito.Paano siya nakakapasok? Sa pamamagitan ng pag-iisip na ito, sa pintuang ito,ang lugar ng labanang nariiyan.

81 Ngayon, kapag nakahanda na ang labanan . . . Ngayon, ang diablo ay nasatabi ng bawat puso sa umagang ito. Nasa tabi siya ng puso ng batang babaengito; nasa tabi siya ng inyong puso; nasa paligid siya nito. Sinasabi niya, "Oh,nakita ko na nang subukan iyan noon; narinig ko na iyan." Itaboy mo siya;iyon lang; itaboy mo siya. Ano'ng sinabi ng Biblia dito sa ating teksto?Itaboy n'yo siya; tama, itaboy n'yo siya.

82 Sinanay na tayo, sa palagay ko, "Ano'ng problema nating mgamangangaral?" Iniisip ko kung anong klaseng pagsasanay ang dinaanan natin.Sumasanay ang Diyos para sa dakilang pakikibakang ito.Sinabi sa Mateo 24 at gayon din sa Daniel 12 na magkakaroon ng panahon ngkaguluhan na di pa naranasan sa ibabaw ng lupa. At tayo ay nabubuhay sapanahon kung saan ay tinakpan na ng kultura, at edukasyon, at iba pa angSalita ng Diyos at nagtungo na sila sa mga pangangatuwiran at iba pa. Ngayonna ang pakikibaka. Sino ang magtitindig? Aleluia. Ang pakikibaka aymagsisimula na; nakahanda na siya.

83 Tingnan n'yo kung gaano kadakila ang posisyon natin doon. Sino angmagsasabi gaya ni David, "Hinahayaan ninyong salangsangin ng di-tulingFilisteong iyan ang hukbo ng Diyos na buhay. Lalabanan ko siya." Amen.Nais ng Diyos ang mga lalaki at babae ngayong umaga na kayang manindiganat magsabi, "Panghahawakan ko ang Salita ng Panginoon. Amen. Anumanang sabihin nila, kahit pa ganito ang nagawa ng isang ito at kahit ano pa angginawa ng isang iyon; wala iyong kinalaman dito. Kayong mga Saul at angiba pa, kung takot kayo sa kanila, magsibalik na lang kayo kung saan kayonabibilang, ngunit susulong ang hukbo ng Diyos." Amen. Mga lalakingmagigiting, mga lalaki ng pananampalataya, mga lalaki ng kapangyarihan,mga lalaki ng kaunawaan. Di kinakailangang maging marunong sila; dikinakailangang maging edukado sila; ang kailangan ay maging mga daluyansila. Kinukuha ng Diyos ang mumunting mga daluyang iyon. Huminto siyasandali para mangatuwiran, na nagsasabing, "Buweno ngayon, tingnan natin."

84 Buweno, tulad din ng . . . Ano kaya kung ang babaeng ito ngayong umaga,walang dudang sinabi ng duktor sa kaniya na malapit na siyang mamatay, nawala nang magagawa pa. Buweno ngayon, iyon ay— angduktor na iyon, hindi ko siya sinisisi. Ang lalaking iyon ay isang taongsiyentipiko. Nakikita niyang nagapi na ng karamdaman ang katawan ngbatang iyon. Lampas na iyon sa anumang bagay. Wala siyang hawak nagamot na makasusugpo dito. Nagapi na rin naman ng cancer ang babaengiyan. Tiyak nga, nagapi na ng kamatayan ang sanggol na iyan, ngunit angPunong Kapitan ng dakilang hukbong ito, Siya ang Pagkabuhay na Muli at angBuhay; walang makagagapi sa Kaniya. Aleluia.

85 Ang utak ng hukbo ay nakasalalay sa mga kapitan, ang intelihensiya. SiRommel ng Germany ang utak ng Germany, hindi si Hitler, si Rommel.Tama. Si Eisenhower na kawal, si Patton, ang mga lalaking iyon na nasaharap ng labanan, nakadepende ito kung saan sila inuutusan ng mga ito.Sundin ninyo ang inyong kapitan. Kung mahusay siyang heneral, kungmahusay siya, kung isa siyang four-star general, kung siya'y subok na, kungsubok na siyang mahusay, sundin n'yo siya. Bagama't parang mali sa tinginn'yo, magtungo kayo sa harapan, gawin ninyo kung ano'ng inutos niya sainyo. Aleluia.

86 Mayroon tayong five-star General na ang baybay ay J-e-s-u-s, nanaglalagay sa atin ng limang bituin, F-a-i-t-h. Hindi pa Siya natatalo sapakikibaka. Aleluia. Nilupig Niya ang kamatayan, ang hades, at ang libingan.Nagsisitabi ang mga demonyo sa daraanan. Siya ang dakilang PunongKapitan. Kaya ni hindi nga makikita ang diablo sa larawan.

87 Ang pinadakilang digmaan ay napipinto nang sumiklab. Tiyak nga. Oh,aleluia. Kapag iniisip ko ito, kapag tumatayo ako at minamasdan ko Siyanggumagawa ng mga bagay-bagay, kapag nakikita ko Siyang naghahayag ngmga bagay-bagay, naglalantad ng mga bagay-bagay, at nagsasabing,"Magkakaganito at magkakaganiyan," hayun na nga. Oh, tinitingnan ko ito atsinasabi ko, "Sino nga ba itong dakilang Kapitang ito?" Oh, hindi akolumilingon sa likuran at ang nakikita ko ay si Duktor ganito-at-ganoon. Angnakikita ko ay kung anong sinabi ng Kapitan; Siya ang Kapitan ng atingkaligtasan. Aleluia. Ano ba ang kaligtasan? Paglaya. Luwalhati. Siya angKapitan ng ating paglaya.

88 Ang dakilang oras ng "Lusob," ay malapit na. Aleluia? Mga kawal namakikisap ang gayak, ang mga watawat ay nagwawagayway . . . Angpananamalataya at pag-aalinlangan ay naghahanda sa pakikibaka sa isa't isa satabernakulong ito ngayong umaga: pag-aalinlangan sa isang panig,pananampalataya naman sa kabila. Mga kawal, tumayo kayo sa poste ngpanununungkulan. Aleluia. Ang ating Kapitan, ang Tala sa Umaga aynangunguna. Hindi Siya kailan man umuurong; hindi Siya kailan man— -hindi Niya kilala ang salitang urong. Hindi Niya kailangang umurong. Amen.Tiyak nga.Ang pinakadakilang digmaan sa lahat, ay nangyayari na ngayon (Opo.) sapagitan ng buhay at kamatayan, sa pagitan ng karamdaman at kalusugan, sapagitan ng pananampalataya at pag-aalinlangan (Ay, naku.), sa pagitan ngkalayaan at pagkagapos. Ang pakikibaka ay nagaganap na. Pakintabin ninyoang inyong mga sibat, mga kawal, pakintabin ninyo ang inyong mga gayak.

89 Inihahanda na ng Diyos ang Kaniyang mga kawal. Amen. Pinapahiran ngDiyos ang Kaniyang hukbo. Binibihisan ng America ang mga kawal nito ngpinakamagandang bihis sa abot ng makakaya nila, helmet na bakal, at mgakalasag, at anumang mayroon sila, mga tangke, anumang sinasakyan nila.Binibihisan ng Diyos ang Kaniyang hukbo. Aleluia. Anong klasengkagamitan ang ginagamit natin? Ang Espiritu ng Tabak, ang Salita ng Diyos.Amen. Ang Salita ng Diyos ay higit na matalas kaysa sa tabak na maydalawang talim (Hebreo 4), bumabaon hanggang sa kasukasuan, hanggang sautak ng buto, maging hanggang sa— Siya ang kumikilala ng mga haka ngpag-iisip, ang Salita ng Diyos. Ang sumampalataya sa Kaniyang Salita, atganito kung gumayak ang Diyos.

90 Iyon ang ibinigay Niya kay Eba upang siyang igayak niya sa kaniyangsarili, at sinira niya ang kaniyang kagayakan. Paano niya ginawa iyon? Sapamamagitan ng pagbubukas niya ng kaniyang pag-iisip sa pangangatuwiran.Hindi ka dapat nangangatwiran sa Salita ng Diyos; wala Itong kinikilalang pangangatuwiran. Ba— basta't ito ay Salita ng Diyos. Wa— walang pag—aalinlangan dito; walang pangangatuwiran Dito; Ito'y Salita ng Diyos; iyon naiyon. Nakuha na iyon nito. Natapos na ito magpakailan man. Kita n'yo kunganong ibig kong sabihin? Ito'y Salita ng Diyos. Ipinangako ito ng Diyos.Sinabi ito ng Diyos.

91 Ang sabi nila kay Abraham, "Paano mong natiyak na matatanggap mo ngaang sanggol?""Sinabi kasi ng Diyos." Ayos na iyon."Buweno, bakit wala pa siya?" "Hindi ko alam kung kailan ko matatanggap. ngunit matatanggap ko.Sinabi iyan ng Diyos. Hindi ako mapipigilan niyan katiting man." Nasaponiya . . . "Bakit di ka na lang bumalik sa iyong lupang tinubuan kung saaan kananggaling?" "Ako'y magiging manlalakabay at estranghero sa lupaing ito." Amen. . . ? . . ."Ang Diyos ang nangako; ibibigay ng Diyos ang sanggol dito mismo salupaing pinagsuguan Niya sa akin."

92 Aleluia. Pagagalingin kayo ng Diyos dito mismo sa kapaligiran ngEspiritu Santo, na pinagsuguan sa inyo. Amen. Ibibigay ito sa inyo ng Diyos;sampalatayanan n'yo lang. Amen. Buksan n'yo ang mga lagusan ng kaluluwaat katawan, mga pandama at kunsensiya, at . . . Hayaan n'yong makapasok angmga Salita ng Diyos. Kunin n'yo muna ang pag-iisip; iyon ang lugar nglabanan. Huwag n'yong sabihin, "Buweno, kung mararamdaman ko iyon . . .Kung mararamdaman kong bumababa ang kaluwalhatian ng Diyos . . ." Oh,walang anumang kinalaman iyon. Buksan n'yo ang pag-iisip na iyan; iyan anglugar ng labanan; diyan naihahanda ang pakikibaka, dito mismo sa hanay nglabanan, ang inyong pag-iisip. Buksan n'yo ito at sabihin n'yo, "Ako'y . . .Bawat pagdududa, pinagdududahan ko ang aking mga pagdududa." Amen.Pinagdududahan ko ngayon ang aking mga pagdududa; sinasampalatayanan koang Salita ng Diyos. Heto na ako Satanas." May mangyayari. Tiyak nga.Opo.

93 Pinapahiran Niya ang mga lingkod Niya ng Kaniyang Espiritu; nagsusugoSiya ng mga anghel. Pinagtatawanan iyan magkaminsan ng mga tao: ang mgaanghel. Hayaan n'yong buksan ko sandali ang isang bagay dito kasabay n'yo.Buksan natin sandali sa Mga Hebreo, ika-4 na kabanata ng Mga Hebreo: ika-4 na kabanata, at ating— sa unang kabanata pala ng Mga Hebreo, at buksannatin sa ika-14 na talata:Hin . . . Hindi buga silang lahat ay mga espiritung tagapaglingkod, na mga si— sinugo upang magsipaglingkod sa kapakinabangan ng mangagmamana ngkaligtasan?Sino sa mga Anghel ang sinabihan Niyang, "Maupo Ka sa Aking kanan" . . .lahut ng mga Anghel ng Diyos . . .

94 Ngayon, heto na naman ang Biblia at sinasabi sa atin dito na nagsusugoang Diyos ng mga Anghel. Luwalhati. Ano nga ba sila? Mga espritungtagapaglingkod na isinusugo saan? Mula sa Presensiya ng Diyos. Paragumawa ng ano? Ipaglingkod ang Kaniyang Salita. Amen. Hindi mo dapatipaglingkod ang teolohiya ng isang grupong makadenominasyon, bagkus ayipaglingkod mo ang Kaniyang Salita (Iyon na nga.), mga isinugong espiritungtagapaglingkod.Paano natin malalamang gayon nga sila? Ayon sa Biblia ang Salita ngPanginoon ay dumarating sa mga propeta? Tama ba? Ipinaglilingkod ng mgaanghel na ito ang Kaniyang Salita sa pamamagitan ng Espiritu, ipinaglilingkodang Salita sa pamamagitan ng Espiritu Santo; at ang Espiritu at ang Salita aydumating sa mga propeta; at taglay ng mga propeta ang Salita ng Diyos. Iyanang dahilan kaya nagawa nila ang mga himalang nagawa nila. Hindi tao angmay gawa niyon, iyon ay ang Espiritu ng Diyos na nasa tao, ang Espiritu niCristo na nasa tao. Sapagkat ang Salita ng Diyos . . .Ano'ng ginawa niya? Nilinis niya ang bawat daluyan. Pinili siya ng Diyos, atsiya ay pinahiran ng Espiritu Santo, at hindi siya iyon. Wala siyang anumangginawa maliban sa nakita niya sa pangitain. Ang sabi ni Elias sa Bundok ngCarmel, "Lahat ng ito ay ginawa ko ayon sa Iyong utos. Ngayon, Panginoon,ipaalam Mo na Ikaw nga ay Diyos." Oh, luwalhati sa Diyos.

95 Maraming beses ko na itong nakita. Kapag nakita mong pinuntahan ngEspiritu ng Diyos ang isang lugar, ang lugar na iyon ay napapasailalim ngpagkapahid. Kung magagawa lamang ng munting kalipunang ito na nariritongayon na kunin ang pag-iisip na ito, at alisin ang bawat pagdududa . . . Paanopa kayo magdududa kung nakikita na ninyong nagbabangon ang patay,lumalakad ang pilay, nakakikita ang bulag, at nakaririnig ang bingi?

96 Ang Anghel ng Panginoon, ang larawan Niya ay nakasabit pa nga dito sadingding, nagugulumihanan sa Kaniya ang siyensya sa lahat ng dako. Ano'ngginagawa Niya? Pumanig Siya sa Salita. Amen. Sinusugatan nito ang bawatdiablo. Oo nga. Ano Ito? Mga Espiritung tagapaglingkod na isinusugo mulasa Presensya ng Diyos upang pahiran ang mga tagapagsalita ng Salita, na nananatili sa Salita, at pinagtitibay Niya ang Salita sa pamamagitan ng mgatandang sumusunod, inihahatid si Jesus na pareho pa rin kahapon, ngayon, atmagpakailan man. Hayan Siya. Paano natin nagagawang magdudasamantalang Siya ay napatunayan na dito sa siyensya, sa materyal, saespiritwal, sa bawat paraang maaaring patunayan. Ano'ng problema? Ito'ynasa ating mga pag-iisip. Binubuksan kasi natin ang ating mga pag-iisip samga bagay-bagay, at sinasabi natin, "Buweno, hin— hindi ko alam kungmaaari nga ba itong mangyari o hindi. Siguro, kung mas iigi na angpakiramdam ko bukas. . ." Oh, walang anumang kinalaman iyan doon.

97 Kagaya ng palagi kong sinasabi, marahil ay sinabi ni Abraham kay Sarah .. . Lampas na siya sa edad ng pagkababae (Alam n'yo ba kung anong ibigkong sabihin?), ang panahon ng buhay, sa kaniyang dalawampu't walong mgaaraw. Kita n'yo? Animnapu't limang taong gulang na siya; marahilnalampasan na niya iyon ng labinglima o dalawampung taon. At ang sabi niyasa kaniya, marahil sa sumunod na ilang araw, "May pagbabago ba angpakiramdam mo, mahal?""Wala kahit kaunti." "Walang anumang kinalaman iyan; magpapatuloy pa rin tayo.Buweno ngayon, kung magbabalik kang muli sa pagiging batang babae, alamnatin na sa pamamagitan ng dugo ng buhay na iyon, aba eh, alam natingsasapnan nito ang sanggol at ang lahat ay magiging maayos. Ngayon, maypagbabago ba ang pakiramdam mo sa araw na ito? Isang

buwan na angnakalilipas mula nang pangakuan Niya ako. May pagbabago ba angpakiramdam mo, mahal?”“Wala kaunti man, Abraham. Walang isa mang tanda, wala. Sad— sadyangtulad pa rin ng nakalipas na mga taon; walang pagbabago.”“Luwalhati sa Diyos, mapapasa atin pa rin iyon.”

98 “Ibig mong sabihin, Abraham, batay dito . . . Tingnan mo, kung nangakoSiya sa iyo, tiyak na bibigyan Niya tayo ng tanda sa daang ito. Tiyak nabibigyan Niya tayo ng tanda.” Hah. Aleluia.Ang isang mahina at mapangalunyang henerasyon ay naghahanap ng mgatanda. Tama. Mayroon nga Siyang tanda. Ano iyon? Ang Salita ng Diyos,isa iyong Tanda.Paano magagawang pagalingin ng Diyos ang batang ito? Sinabi ito ng Salitang Diyos. Makaramdam man ako ng sensasyon o hindi, kung ako man ay—anuman ang mangyari, sinabi iyon ng Diyos, at ayos na iyon.

99 Ang sabi ni Abraham, “Sinupin mo na ang mga sombrero mo't lahat; aalisna tayo papunta sa lupaing iyon.”“Saan kayo pupunta?” “Hindi ko alam (Amen.), ngunit aalis pa rin kami. Heto't paalis na ngakami.” Nakaimpake na sila at papaalis na. Aleluia. Iyon ang tunay na Salitang Diyos. Ano'ng pinapanatili niya sa kaniyang harapan? Ang pangako ngDiyos, ang Salita ng Diyos. “Mapapasa atin iyon.”

100 “Umalis ka mula sa iyong mga kamag-anakan, Abraham, sila'y— dangkasi'y mga mapag-alinlangan sila at mga di sumasampalataya, atmagkakagayon ka rin dahil sa kanila. Lumabas ka at ihiwalay mo ang iyongsarili at mamuhay ka para sa Akin.” Ano iyon? “Iwan mo lahat ng iyongkunsensiya, at mga pandama, at— talikdan mo; buksan mo ang iyongkaisipan, at alalahaning Ako ito. Halika at mamuhay kang kasama Ko.'”Amen. Tinatawag ng Diyos ang bawat binhi ni Abraham ngayong umaga sagayong uri ng buhay. Nagaganap ngayon sa buong daigdig ang dakilangpakikibaka. Saan nais ng Diyos humiwalay ang Kaniyang mga anak? Sapaningin, panlasa, pakiramdam, pang-amoy, pandinig, mga imahinasyon,kunsensiya, mga alaala, pangangatuwiran, mga damdamin, at lahat na.Bubuksan nila ang kanilang pag-iisip at hahayaang makapasok ang Salita atmagmamartsa silang kasabay ng Salita. Iyan ang tunay na sundalo.

101 Ganiyan nananatili ang mga bituin. Ang Solar system ay hindi panagbabago. Ang zodiac, ang bituin sa umaga ay nakaposte sa tungkulin nitotuwing umaga sa dati nitong posisyon nung likhain ang mundo. Nagtutungoang bituing panggabi sa lugar nito. Bawat bituin, ang maliit na tabo, satakdang panahon ay pumupuwesto sa tamang puwesto nito. Ang tala sa hilagaay nakapirmi at hindi gumagalaw. Aleluia. Ang kabuuan nito ay umiikot sapaligid ng tala sa hilaga, lahat ng iba pa, sapagkat nasa pinakagitna ito ngmundo; si Cristo iyon. Amen.

102 Nakatayo Siya roon, inuutusan ang Kaniyang hukbo tulad sa isangdakilang Kapitan. Tulad nung nasa bundok si Moises na nakataas ang mgakamay, at ang Israel ay nakikipagbaka, nananalasa sila; at tumayo siyangnakataas ang mga kamay. Tumayo siyang nakataas ang mga kamay hanggangsa lumubog ang araw; kinailangan nilang panatiliing nakataas ang kaniyangmga kamay . Si Moises iyon; isa siyang tipo ni Cristo. Para matiyak nanananatiling nakataas ang Kaniyang mga kamay, ipinako ang Kaniyang mgakamay sa krus. Aleluia. At pinanhik Niya ang pinakamataas na bahagi nglangit sa araw na ito na duguan ang damit sa harapan ng Diyos sa kanang kay ganito-at-gano'n; ang mat ang Diyos. Tama. Ang Diyos ang isipin mo.as. Naririnig mo bang Diyos sa araw ngang magbukas-sara:. . At ang sabi niya,agkalampag, bukasng nangyayari?“ Ato siya Satanas. Saiyon, tila may isanggaling sa kaniyangpakpak at mga paaalapit sa akin nangtahan nawa ako ngt nagmasid siya; atat lumapit at sakakama at nagtatakboako, at hindi ko . . .t lahat; wala siyangli. Iyon lang.ang Kaniyang Salitaanagpas at managa.g bagay. Tumawid mo sa bata; at kungag sinabi ng diablo,i huwag mo siyang mo ba? Alam mou Santo, muntik nasta't magpatuloy kag mahalaga ay ikawAng Pinakadakilang Digmaan sa Lahat 31kamay ng Kaniyang Kamahalan. At ang pakikibaka sa bawat kawal nananananalasa (kahit ano pa ang mangyari) sa pamamagitan ng Salita, mananalasasiya hanggang sa makalaya siya. Amen.

103 Tulad ng isang sisiw sa loob ng itlog, ano kaya kung takot itongsumilip? Ano kaya kung takot itong bitakin ang itlog? Ano kaya kung angsisiw na nasa loob ng itlog, ang inakay ay natatakot na tukain ang balat ngitlog? Ano kaya kung nakarinig ito ng tunog sa labas na nagsasabi, “Huwagmong tukain ang balat ng itlog na iyan; baka masaktan ka”? Ngunit angkalikasan mismo na nasa inakay ang nagsasabi, “Tukain mo. Butasan mo.”Hamong sabihin ng matatandang organisasyon, “Lipas na ang araw ng mgahimala. Ipapahamak mo ang sarili mo. Papunta ka sa pagkapanatiko.”Tukain mo ang balat ng itlog nang ubod lakas. Aleluia. “Satanas, lumayas ka;lalabas ako rito; ayaw ko nang tumigil pa rito; ayaw ko nang umupo pa rito;lalayas na ako sa lugar na ito ng diablo; tutuka ako hanggang makalabas akongayong umaga. Amen. Isa akong agila.” Amen. Aleluia

104 .104 Sa munting agilang iyon, ang trip-hammer neck na tumutuka sa balat ngitlog, gaano man katigas ang balat, tinuka niya iyon ng tinuka hanggangmakalabas siya. Mamamalayan mo na lang na naipapagaspas na niya nangkaunti ang kaniyang mga pakpak. Ayos na ang lagay niya.Tumuka kayo nang tumuka hanggang sa makalabas kayo; tama. Paano mogagawin 'yon? Birahin mo ng ITO ANG SABI NG PANGINOON, ITO ANGSABI NG PANGINOON, ITO ANG SABI NG PANGINOON; sa katapustapusan ay magsisimula ka nang makalanghap ng sariwang hangin. ITO ANGSABI NG PANGINOON, naisungaw mo na ang ulo mo. ITO ANG SABI NGPANGINOON. Itodo mo na ang pagtulak, nakakalabas ka na. Hindi na siyamuling babalik pa sa loob ng balat na iyon. Amen. Malaya na siya. Ay, naku.Ang Salita, kapag

nakalusot na ito sa mga pandamang iyon, at kunsensiya, atiba pa, hanggang sa Ito'y mailagak na rito, at ang pag-iisip na iyon aynagbukas at pinahintulutan Itong makapasok (oh, Diyos, mahabag Ka), di namuli pa itong magagapos. Malaya ka na. Ang pinalaya ng Anak ay nasa labasna ng balat.

105 Hindi ka na kayang pabalikin ng iyong denominasyon; wala nang iba pangmagagawa sa iyo ang diablo; paswitan ka man niya o ungulan, subalit ikaw aytumatakbo na nang napakabilis sa lansangan (Ay, naku.), tumatakbo salansangan ng Hari, pinahirang kawal ng krus. Kayong lahat na mga agila,ipahayag ninyo nang may pananampalataya na "Si Jesus ang Liwanag ngsanlibutan," tumakbo kayo sa lansangan ng Hari.

106 Siya nga. Opo. Ang mga ito ay mga Espiritung tagapaglingkod naisinugo mula sa Presensya ng Diyos upang maging mga tagapaglingkod.Upang ipaglingkod ang ano? Ang Kaniyang Salita, hindi ang kung anongteolohiya, kundi ang Salita ng Diyos. Sila ay mga Espiritung tagapaglingkodsinugo mula sa Presensya ng Diyos upang maglingkod: mga Espritungtagapaglingkod. Oh. At alalahanin na kung naglilingkod ito ng isang bagaybukod sa Salita, hindi ito galing sa Diyos, pagkat ang Iyong Salita aynapagtitibay tuwina sa langit. Tuwina sa langit, ang Salita, binabantayan Itong Diyos, at hindi Siya kailan man magsusugo ng Espiritu na maynapakalaking D.D.D., Ph.d., at baliktad ang kuwelyo at lahat ng iba pang tuladniyan, na nagsasabi, "Buweno, ano pa nga ba, lipas na ang panahon ng mgahimala. Alam nating lahat iyan." Hindi, hindi. Hindi iyan nagmula sa Diyos;salungat iyan sa Salita. Amen. Ang sinusugo Niya ay yaong mga angipinaglilingkod ay ang Espiritu ng Salita. Amen. (Oh, mayroon pa akong apato limang bagay, ngunit hahayaan ko na lang muna ito ngayon, at tatalakayinko na lang sa susunod na Linggo. Tama.)

107 Si Satanas at ang kaniyang mga demonyo ay pinahiran. Kung ang mgaAnghel na ito ay pinahiran upang ihatid sa inyo ang Salita, upangpapaniwalain kayo sa Salita . . . Ngayon, nakikita n'yo na ba kung saan kayonakarinig ng isang propeta, isang tunay na propeta ng Diyos na tumatanggi saSalita ng Diyos? Wala po. Ano'ng nangyari nung ang mga organisasyon ngkanilang panahon ay nagtindig at nagsabing, "Aba, mali siya." Mag-isa siyangtumayo at nanindigan siyang mag-isa. Ang sabi niya, "Tama ito."

108 Tignan n'yo si Micheas nung araw na iyon, ang kawawang holy-roller(Kita n 'yo?), na anak ni Imla. Hayun ang apat na raang mga pinahiran,sinasabing mga pinahirang propeta na nakatayo roon na pinakain nangmainam, at inayusan, at may matataas na titulo, at matataas ang pinag-aralan atmga mahuhusay na iskolar, ang sabi nila, "Humayo kayo, tapat naming Hari.Sumainyo nawa ang Panginoon. Atin iyon; ibinigay iyon sa atin ni Josue,humayo kayo at kunin n'yo 'yon. Tama nga. Humayo kayo at kunin n'yo." Ano'ng sinabi niya, "Buweno, Jos . . ." Alam n'yo, ang sabi ni Josaphat,"Wala na bang iba?" "Buweno, apat na raan na sila; bakit hindi mo na lang paniwalaan ang apatna raan?"Ang sabi niya, "Ngunit, baka naman mayroon pang iba."Ang sabi, "A— Ako'y . . . Buweno, mayroon pa nga. Mayroon pang isa, peronaku, namumuhi ako sa kaniya.""Hayan— hayan, siya ang gusto kong mapakinggan." Kita n'yo? Ang sabinya, "Dalhin n'yo siya rito. Tingnan natin kung ano'ng sasabihin niya."

109 Kaya't humayo sila at sinabihan siya, ang sabi, "Ngayon, makinig ka.Ayusin mo nang husto ang sermon mo ngayong umaga, pagkat mangangaralka sa hari. Mangangaral ka sa buong asosasyon ng mga ministro ng ganito-atganoon (Kita n'yo?) ng Palestina, sa buong asosasyon ng mga ministro.Ngayon, pakatandaan mo, ganito ang sinabi nila; ito na rin ang sabihin mo; itona rin ang paniwalaan mo." Ang abang . . . Nagkamali siya ng dinala. Nilayuan na ng lalaking iyonang dating pangangatuwiran. Nilinis na niya ang mga lagusan (Kita n 'yo?),ang kaniyang kunsensiya, at . . . "Buweno— buweno, alam mo kung ano'ng gagawin nila? Kung parehorin ang sasabihin mo, nakikini-kinita kong gagawin ka nilang districtpresbyter; malamang na iyon nga ang gawin nila. Ga— gagawin ka nilanggeneral overseer dito sa local na distrito kung sasang-ayon ka lang sa kanila."Hindi ganoon ang tunay na tao ng Diyos. Aba eh, ang mga lagusan niya ay nalinis na nang husto, ang buongkunsensiya niya at lahat na ay wala nang bara; nabuksan na ang kaniyang pagiisip sa Salita ng Diyos; at ang Salita ng Diyos lamang ang kaniyangpaniniwalaan. Iyan ang mga Espiritung tagapaglingkod; isa iyang Espiritungtagapaglingkod. Ang sabi niya, "Hindi ko alam kung ano'ng sasabihin ko ngayon, ngunitisang bagay ang sasabihin ko sa inyo: sasabihin ko lang kung ano'ng sinasabing Diyos sa akin." Kaya't naghintay sila nung gabing iyon; nagkaroon siya ngisang pangitain.

110 Kinaumagahan, nakikini-kinita kong sinasaliksik ni Micheas ang mgaKasulatan at nagsasabing, "Ngayon, tingnan natin ngayon. Ang pangitaingiyan ba ay . . . Ngayon, lahat ng mga kalalakihang iyon . . . May kung anongmali rito, pagkat salungat ito sa sinabi nila. Ngunit ano nga ba ang sinabiNito? Tingnan natin kung anong sinabi ni Elias na propeta dito, pagkat alamnating isa siyang propeta. Makikita natin na ang Salita ng Panginoon aydumating kay Elias, siyanga, at ano nga ba ang sabi? 'At hihimurin ng mgaaso ang dugo mo, Jezabel. Kakainin siya ng aso, at— dahil kay Achab namatuwid— kay Naboth pala na matuwid.'" Ang sabi niya nang magkagayon .. . Nang makita niya iyon, nakita niyang ang pangitain niya ay akmang-akmasa Salita ng Diyos, na nakatakda nang sapitin ito ni Achab. Lumabas siya at sinabi niya, "Pumanhik kayo, ngunit nakita ko ang Israelna . . ." Kita n'yo, hindi siya nahiyang sabihin ang kaniyang pangitain, pagkat iyon ang Salita ng Panginoon. Alam niyang maaari niyang lubos na tanggapiniyon. Ano? Binuksan niya ang kaniyang puso, ang kaniyang pag-iisip saSalita ng Diyos, at napahayag naman ang

Salita ng Diyos, kaya't alam niyangganap ngang Salita iyon ng Diyos.

111 Ngayon, sasabihin mo, "Oh, kung maaari lang sana akong magingisang Micheas." Maaari; isa ka ngang Micheas. Gayon ka rin naman. Isakang Micheas na propeta. Ano'ng maaari mong gawin? Buksan mo ang iyongpag-iisip. Ano'ng sinisikap kong sabihin sa inyo ngayong umaga? Ang Salitang Panginoon. Kita n'yo? Buksan n'yo ang inyong pag-iisip; sabihin n'yo,"Alam ko na, naniniwala na akong maaari akong gumaling." "Buweno, ano ito kung gayon? Ito ba ay Salita ng Panginoon?" Tunay ngang Ito'y Salita ng Panginoon. Ang sinasabi ng lalaking ito,"Lipas na ang panahon ng mga himala; di mo ito maaaring gawin, at . . ."Kalimutan mo na iyan. Unahin mo ang Panginoon. Dumating na ang Salita ngPanginoon, at ipinangusap na niya ito, at natupad Ito.

112 Ngayon, ano'ng ginawa ni Satanas? Pinahiran din ni Satanas itongiba. Ngayon, pinapahiran ni Satanas ang kaniyang mga lingkod. Oh, siya nga,aha, siya nga. Pinapahiran niya ang kaniyang mga lingkod. Ano angpinangpapahid niya sa kanila? Ang kawalan ng pananampalataya.Pinapahiran ni Satanas at ng kaniyang mga demonyo ang sangkatauhan upanghindi nila sampalatayanan ang Salita ng Diyos. Ngayon, kung gusto n'yongkumpirmahin iyan, buksan n'yo sa Genesis 3 :4. Buklatin nga natin at pakinggan natin ito sandali, at tingnan natin kungiyon nga ba ang una niyang taktika. Iyon ang una niyang ginawa; hindi niyabinabago ang mga dati niyang taktika; iyon lagi ang kaniyang ginagawa.Ngayon, tingnan n'yo na lang kung iyon nga 'yon. Ngayon, hindi niyasinalungat ang Salita; bahagya lamang niyang minali ang pakahulugan Nito sakaniya, alam n 'yo na, medyo inayon lang niya nang kaunti sa gusto niyangkalabasan nito— huwag mong tatanggapin ang buong Salita.

113 Ngayon, sa Genesis, narito ang Genesis 3 at 4. Tingnan natin kungganiyan nga ba ang sinasabi. Sige. At sinabi ng ahas sa babae, tunay na hindi kayo mamamatay— tunay nahindi kayo mamamatay: Kita n'yo kung paano niyang binaligtad ang pagkakasipi? "Oh,naniniwala kaming lipas na ang panahon ng mga himala. Hindi kaminaniniwalang mayroon pang mga taong nakatatanggap ng Espiritu Santo tuladng naganap sa kanila nung Pentecostes. Oh, paano ka man nabautismuhan, hindi na ito mahalaga." Nakikita n'yo ba ang diablo? Nakikita n'yo ba angkaniyang mga taktika? "Buweno, kung sinabi sa iyo ng duktor na hindi ka na maaari panggumaling, iyon na 'yon."

114 Ngayon, hindi sa sinisiraan natin— hindi naman sa hindi natinpinaniniwalaan ang duktor, ang duktor ay gumagawa sa paraang makaagham.At gagawin ng duktor ang lahat ng magagawa niya para maligtas ang buhay ngtao; at kung hindi na kayang iligtas, iyon ay dahil sa wala na siyang iba pangalam na dapat gawin; nasa dulo na siya ng kaniyang pang-unawa. Tapat angtaong iyon. Ngunit ngayon, walang problema sa punong kahoy ng kaalaman, ngunitkapag sumige ka hanggang sa dulo, kung gayo'y hahakbang ka na sa Punongkahoy ng Buhay at saka ka magpapatuloy. Amen. Iyon na. May hangganang bias nito. Siya nga. Ngayon, ano na itong mga taktikang ito ni Satanas? Ano ba'ng sabi rito?Ngayon, masdan, ang isang iyan at ang ikalawang talata. Hayaan n'yongayong basahin ko ang unang talata dito ng kapitulo 3:Ang ahas nga ay lalong tuso kaysa alin man sa mga hayop sa parang nanilikha ng PANGINOONG Diyos. At sinabi niya sa babae, Tunay bang sinabing Dios, huwag kayong kakain . . . sa alin mang punong kahoy sa halamanan?

115 Pakinggan n'yo siya ngayon, kung gaano siya kalisya at kung paaanoniya pinasisinungalingan ang Salita. Kita n'yo? Ano'ng tinatangka niyanggawin? Ang makapasok sa kaniyang pag-iisip. Kita n'yo? Kinakausap niyasiya matapos na mapatibay na ang Salita. Ngayon, huwag n'yong hayaangpatibayin ni Satanas ang anumang bagay. Kita n'yo? Panatiliin n'yongmatibay ang Salitang Diyos sa inyong puso. Kita n'yo? Gayon din ang gawinninyo. Ngayon, masdan n'yo mga Micheas.At sinabi ni babae sa ahas, Sa bunga ng mga punong kahoy sa halamanan:Datapuwa t sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna . . . (gitna. Kita n 'yo?) .. . ng halamanan ay sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwagninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay. Kita n'yo? Ngayon, 'yan ang Salita; sinisipi niya ito sa kaniya. Ngayon,masdan n'yo. At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay:

116 Kita n'yo na ang kaniyang mga taktika? Ano'ng sinisikap niyang gawin?Ang unang taong iyon, sinisikap niyang pahiran ang babaeng iyon, ang anakna babae ng Diyos, ng di pananampalataya sa Salita ng Diyos. Iyon nga ang sinisikap niyang ipagawa sa kaniya. Ganiyan ang ipagagawa niya sa iyo, iha.Ganiyan ang sinisikap niyang ipagawa sa bawat isa sa inyo na naririyanngayon: ang pahiran kayo. At ang tanging dapat ninyong gawin . . . Ngayon,may kalayaan kayong pumili; maaari ninyo itong tanggapin kung nais n'yo,ngunit sipain n'yo ito palabas. Kung hindi sana himinto si Eba nung sandaling iyon para making . . .Huwag kayong hihinto kahit ano pa ang kadahilanan. Huwag kayong hihinto.

117 Nang— sabihin ni Elias kay Gehazi, ang sabi niya, "Kunin mo angtungkod ko, humayo ka, ipatong mo sa namatay na bata; at kung mayroongkakausap sa iyo, huwag kang sasagot. Kung tatangkain niyang pahintuin ka,magpatuloy ka lang." Tingnan n'yo ang babaeng iyon nang tawagin niya ang kaniyang lingkod.Ang sabi niya, "Siyahan mo ang isang asno at sumulong ka, at ni huwag kangtitigil hangga't di ko inuutos sa iyo." Iyon na 'yon. Kapag nakuha mo angmensahe, magpatuloy ka sa pagsulong. Amen. Halimbawa, "Hindi na akomakalalakad pang muli. Ngayon— oh, nanghihina na ako." Magpatuloy kalang; huwag kang hihinto. Isaisang-tabi mo ang lahat, magpatuloy ka lang sapananalasa. Kapatid, hawak mo

ang Tabak, magpatuloy ka lang sa pagtaga.

118 Nagpunta ako minsan sa football stadium upang mangaral, at ako'ytumigil sa pintuan at tumingala, doon sa itaas, at ang sabi doon, "Hindimahalaga ang laki ng aso sa laban; ang mahalaga ay ang laki ng labang nasaaso." Samakatuwid iyon ang nagpapanalo sa labanan. Kita n'yo? Sasabihin mo, "Buweno, tingnan mo ang lahat ng naglalakihang iglesiangkalaban nito." Hindi mahalaga sa akin kung gaano sila kalalaki; angimportante ay ang labang nasa aso, iyon ang mahalaga. Ang mahalaga ay angpananampalatayang nasa indibiduwal. Kung duwag ka, bumalik ka na lang salungga mo. Aba, kapatid, kung isa kang kawal, tumindig ka roon; maydigmaang nagaganap. Nagsasagupaan na ang tama at mali. Lumaban tayo.

119 Tulad nang magpunta si Peter Cartwright sa isang bayan, ang sabi niya,"Sinabi sa akin ng Panginoon na pumarito ako at magdaos ng revival."Inupahan niya ang isang lumang bodega, pumaroon siya, at nagsimula nangmaglinis. At ang malaking taong maton ng bayan, sukbit ang baril sa kaniyangtagiliran, pumaroon siya at pagdating niya . . . sa pintuan . . . May nagsabi,"Ano'ng ginagawa ng lalaking iyon doon?" Ang sabi, "Isa siyang mangangaral. Magdadaos daw siya ng gawain,ayon sa kaniya." "Buweno," ang sabi niya, "palagay ko'y kailangan kong pumaroon atitaboy siya sa kalye, at palayasin siya rito. Iyon lang. Ayaw natin ng anumangpagtitipon dito sa lugar natin."

120 Kaya't nagpunta siya roon, tumigil siya sa pintuan; at nakaamerikana siPeter Cartwright, alam n'yo na, at hinuhugasan niya ang mga bintana'tdingding— maliit na lalaki lang siya, alam n'yo. Pinagtawanan siya ngmatandang mangangaral, alam n'yo, dahil nakakamay siya kung kumain ngmanok (at etiketa kasi iyan ngayon, alam n 'yo). Hinuhugasan niya ang mgabintana at nag-aayos siya. Lumapit doon ang malaking taong matong iyon,hinawi niya ang amerikana niya, sukbit ang baril sa baywang, ang sabi,"Ano'ng ginagawa mo?""Oh," ang sabi niya, "Naghuhugas ako ng mga bintana." Nagpatuloy lang siyasa paghuhugas ng bintana, alam n'yo na. Mayroon siyang isang layunin:sinabi ng Diyos sa kaniya na magdaos siya ng isang revival. Nagpatuloy siyasa paghuhugas ng bintana . . .

121 Ang sabi niya, "Hindi namin pinapayagan ang mga revival sa lugar naito."Ang sabi niya, "Oh, pero sinabi sa akin ng Panginoon na idaos ko ang revivalna ito." Kita n'yo? Nagpatuloy lang siya sa kaniyang pagtatrabaho. Kita n'yo,kita n'yo? Ang sabi niya, "May isang bagay kang dapat maunawaan." Ang wikapa niya, "Ako ang nagpapatakbo ng bayang ito." Ang sabi niya, "Oh, ikaw nga ba?" at nagpatuloy lang siya sapaghuhugas ng mga bintana, alam n'yo.Ang sabi niya, "Bago ka magdaos ng revival, kailangang talunin mo munaako." Ang sabi niya, "Oh, kailangan ba iyon? Buweno, iyan na ang kasunodkong gagawin kung gayon." Hinubad niya ang amerikana niya, at lumapit siyaroon at kinuwelyuhan niya siya, at itinumba siya sa sahig, at sakakinubabawan, at ang sabi niya, "Kailangan kong lumaban kung ako'ymaghahari. Dagdagan Mo nawa ang tapang ko, Panginoon." Binugbog niyasiya. Ang sabi niya, "Sapat na ba?'Ang sabi niya, "Oo." Tumindig siya at kinamayan niya siya; naligtas siyanung gabing iyon sa gawain. Hayan. Kita n'yo?

122 Kunin mo lang ang Salita ng Diyos at tagpasin mo ang bawat pagaalinlangan sa iyong daraanan. Nakikita n'yo na ba? Tiyak nga, iyon na 'yon.Kung iyon ang kasunod na dapat gawin, tapusin na natin. Tama. Angpinakamainam na alam kong dapat gawin ay ang lumayo sa aking mga pagaalinlangan, ang tagpasin ito.Iyan ang kasunod na dapat gawin, ang alisin lahat ng aking mga kalituhan.Kung sinasabi sa akin ng aking mga pandama, "Buweno, masama angpakiramdam mo," ang kasunod na dapat gawin ay ang tagpasin iyon. Tama.Sasabihin mo, "Buweno, iyong— sinasabi nila sa akin na ah . . . Alam mo,sinasabi sa akin ng kunsensiya ko, Brother Branham, na magagawa kong. . ."Buweno tingnan mo, mabuti pang tagpasin mo na ang bagay na iyan; hindi mokasi malalampasan iyan. Basta't tapusin mo na ang kasunod na trabaho.Hubarin mo ang iyong amerikana at sumugod ka na. Basta't magpatuloy kalang. Iisa ang iyong layunin: "Magtatagumpay ako." Amen. "Hindi akomaaaring matalo. Magtatagumpayako." Amen.

123 Si Satanas ay nagpapahid. Kita n'yo? Ano ang una niyang taktika? Saansiya unang pumupunta? Sa pag-iisip. Huminto siya sandali upang pakingganang sinasabi niya."Oh, huwag mong sabihin iyan." Diyan nagkamali ang maraming mgakababaihan, at maraming mga kalalakihan. Tama. Ang huminto sandali, anghuminto lang sandali.

124 Gaano karaming beses ko nang nakita ang mga kaso ng diborsyo at iba pana nilalapit sa akin. "Buweno, sinasabi ko sa iyo, Brother Branham, sumipolsiyang tulad ng [sumipol si Brother Branham ng tulad sa sipol ng lobo -Ed.]alam mo na, at huminto ako; at sa totoo lang, hindi ko iyon sadya." A-hah,hayan."Oh, siya'y . . . Nakaupo ako sa harap niya sa mesa; napakapungay ngkaniyang mga mata." Kita n'yo, a-hah. Kita n'yo? Hayan na nga. Ganiyandin ang ginagawa ng diablo.

125 "Oh, sinabi sa akin ng duktor na di na ako maaaring gumaling pa, kayaako'y . . ." Hayan. Ganoon din. Kita n'yo? Ang pinakamainit na labanan salahat . . ."Buweno, ang sabi nila sa akin . . . Nakita kong si ganito-at-si-ganoon atsinasabi niyang nasa kaniya raw ang Espiritu Santo." Siya nga, ang tiningnanmo ay isang ipokrito. Paano naman ang mga tunay na mayroon Nito? A-hah?Siya nga, ituturo ka ng diablo sa isang uwak, ngunit hindi niya ipapakita sa iyoang isang tunay na kalapati. Tama. Hindi niya ipapakita sa

iyo ang isangiyon; pananatiliin ka niyang bulag doon.Oh, isa rin siyang mandirigma. Ngunit alalahanin, mas dakila ang ating—mas dakila Siya na nasa inyo, kaysa sa kaniya na nasa sanlibutan. Kaya kumapit kayo sa Salita ng Diyos; sampalatayanan n'yo Ito, kayong mgakapitan ng hukbong naririto. Pagtibayin mo ang iyong kuta, kapatid. Tama,gampanan mo ang iyong tungkulin.

126 Kaya minsan ay may lumapit sa aking isang dalagita. Marahil aynakaupo rito ngayon ang dilag na iyon; ang ngalan niya ay Nellie Sanders. Isaito sa mga unang pagkakataon na nakakita ako ng demonyong napalayas.(Nakatira kami . . . Ngayon, sa tantiya ko, ang lugar na iyon— iyon ay mgatatlong bloke sa banda rito, pagkalampas ng sementeryo.) Ngayon, bagito palang akong mangangaral noon, at nangangaral ako noon dito mismo sakantong ito sa isang tent meeting. At ang dalagitang iyon ay isa sapinakamahuhusay na mananayaw noon. Dito siya nag-aral ng high school. Atsiya at si Lee Horn (at marami sa mga tagarito sa bayan ang nakakikilala kayLee Horn na taga rito, siya ang nangangasiwa ng bilyaran doon.)— kaya sila,siya at si Lee Horn, ang pinakamahuhusay na mananayaw sa kanayunan. Isarin siyang Catolico, anupa't bale-wala sa kanila ang relihiyon. Kaya (si Nellieat iba pa), napakahusay niyang mananayaw at gayon din siya, at mayroon panga silang sayaw na ang tawag ay “black bottom” at ''jitterbugs'' at iba pa; atsilang dalawa ang pinakamahuhusay sa kanayunan.

127 Isang araw napadpad siya rito (isang gabi) sa gawain. Doon ay lumuhodsiya sa altar, ang dalagitang si Nellie; pagpalain ng Diyos ang puso niya.Dumapa siya roon sa altar; inangat niya ang ulo niya, at umiyak siya atumaagos ang luha niya sa kaniyang mga pisngi, ang sabi niya, “Billy. . .”(Kilala niya ako.) ang sabi niya, “Gustung-gusto kong maligtas.”Ang sabi ko, “Nellie, maaari kang maligtas; iniligtas ka na ni Jesus, iha.Kinakailangan mo ngayong tanggapin ito batay sa Kaniyang Salita.” Atnanatili siya roon, at umiyak siya, at nanalangin, at sinabi niya sa Diyos nahindi na siya muling makikinig pa sa mga makamundong tugtugin. Pagdaka'ymay lumukob na kaaya-aya at matamis na kapayapaan sa kaniyang kaluluwa.Tumindig siya mula roon nang nagsisisigaw at nagpupuri sa Diyos,niluluwalhati ang Diyos.

128 At mga anim o walong buwan pagkatapos no'n, naglalakad siya sa SpringStreet isang gabi (Dalagita pa lang siya noon, teen-ager pa lang siya, mgalabingwalong taong gulang.), at lumapit siya sa akin, at nagsabi, “Hope . . .”(ang yumao kong asawa.) Ang sabi niya, “Sana katulad ako nina Hope atIrene.” Ang sabi niya, “Alam mo, hindi sila kailan man napabilang sasanlibutan.” Ika pa niya, “Minamarkahan ka kasi ng sanlibutan.” Ang sabi,“Mukha akong magaslaw.” Ang sabi pa niya, “Mukhang napakainosente nilaat napakagiliw.” Ang sabi niya, “Sana ay hindi ko nagawa iyon.” Ang sabi ko, “Nellie, ang Dugo ni Jesus Cristo ay naglilinis ng lahat ngkasalanan, Iha. Humayo ka't sampalatayanan mo ito.”

129 Si Wayne Bledsoe (marami sa inyo rito ang nakakikilala sa kaniya, isangmatalik na kaibigan ko sa loob ng napakaraming taon), isa siyang lasenggo, atnanirahan siya rito kasama ng kapatid kong si Edward. At nalango siya rito sakalye, at binuhat ko siya, dahil baka dakpin siya ng mga pulis. At dinala kosiya rito; at isa na akong mangangaral noon at ako'y nakatira sa mga nanay attatay ko matagal na panahon pa bago ako mag-asawa. At kinuha ko siya,inilagay ko siya sa kama; doon ako natulog sa Duofold. Napakarami namingmga Branham, alam n'yo na (sampu kami), kaya't apat ang silid namin, atkinakailangan naming magsiksikan nang kaunti. Kaya mayroon akong lumangDuofold na aking tinutulugan, at hinatak ko iyon nang ganito at pinahiga ko siWayne sa tabi ko, lasing. Kinailangan ko siyang pasanin sa bahay at ihiga. Atnakahiga ako roon, ang sabi ko, “Wayne, di ka ba nahihiya sa sarili mo atnagkakaganiyan ka?”

130 “Ah, dah, Billy, huwag mo akong kausapin nang ganiyan.” Alamn'yo? [Ginaya ni Brother Branham ang pagsasalita ng isang lasing-Ed.]Pinatungan ko siya ng kamay at sinabi ko sa kaniya, “Ipapanalangin kita,Wayne. Pagpalain ka ng Diyos.”At naligtas ako, oh, sa wari ko'y mga ilang taon pa lamang. At bigla nalamang may pumaradang taxi sa labas at malakas na isinara ng pasahero angpinto, at may kumatok nang malakas sa pinto, “Brother Bill, Brother Bill.”[Kumatok si Brother Branham sa pulpito -Ed.]Naisip ko, “Naku, malamang na may naghihingalo.” Nagmadali akongnagtungo sa pintuan, hinablot ko ang luma kong balabal at ibinalabal ko sapajama ko nang ganito, at tinakpan ko si Wayne, at humangos ako sa pintuan.Wari ko'y isa iyong babae. Binuksan ko ang pintuan, at ang sabi ng dalagitangnakatayo sa pintuan, “Oh, maaari ba akong tumuloy?”Ang sabi ko, “Tuloy ka,” at binuksan ko ang ilaw at . . . Ngayon, umiiyak siya, at ang sabi niya, “Oh, Bill- Billy, wa— walana ako, wala na ako.”

131 Ang sabi ko, “Ano'ng problema, Nellie? Inaatake ka ba sa puso?”Ang sabi niya, “Hindi.” Ang sabi niya, “Brother Bill, naglalakad ako sa SpringStreet.” Ang wika pa niya, “Sa totoo lang, Brother Bill, sa totoo lang BrotherBill, hindi ko sadyang makasakit; hindi ko sadyang makasakit.” Ang sabi ko, “Ano'ng problema?” Sa loob-Ioob ko, “Ano nang gagawin ko sakaniya ngayon?” kita n'yo? Hindi ko alam kung ano'ng gagawin ko. Batangbata pa ako noon, at naisip ko . . .Ang sabi, “Oh, Brother Bill,” ika, “Sa— sa— sadyang gulung-gulo ako.”Ang sabi ko, “Ngayon, pumayapa ka, kapatid. Sabihin mo sa akin kung ano'ngnangyari.”At ang sabi niya, “Buweno,” ika, “Lumalakad ako sa kalye, at ang Redmen'sHall . . .” (Dati-rati'y may pasayaw sila tuwing Sabado ng gabi.) At ang sabiniya, “May dala-dala akong ilang bagay; pauwi na sana ako at mananahi sanaako ng bestida ko.” At ang sabi niya, “Narinig ko ang tugtog,” at ang sabiniya, “alam mo,” ika, “huminto ako sandali,” ika pa niya, “Paganda iyon nangpaganda. Kaya naisip ko, 'Alam mo, hindi naman siguro makasasama kunghihinto ako rito.'”

132 Doon siya nagkamali, huminto siya sandali. Nakinig siya, ang sabi,"Buweno, pag-iisipan ko." Ang sabi niya, "Oh Panginoon, gayon ma'y alamMong mahal Kita." Ang sabi, "Alam Mong mahal Kita, Panginoon, ngunittunay ngang naaalala ko ang panahong kami ni Lee ang nakakakuha ng— ngmga papremyo sa lahat ng paligsahan at iba pa." Ang wika niya, "Naku,naaalala ko ang lumang tugtuging iyon na noo'y umaakit sa akin; hindi na akonaaakit ngayon." Oh, oh, oh, oh, akala mo lang ay hindi; diyan ka na nadale.Iyan talaga nga ang gusto niyang mangyari. Kita n'yo?Ilan ba ang nakakilala kay Nellie Sanders? Buweno, palagay ko'y napakaramisa inyo. Oo, tiyak nga. Kaya sila— may— mayroong— ang sabi . . . Angsabi niya, "Buweno, alam mo ba?" aniya, "Marahil kung aakyat ako sahagdanang iyon," ang sabi, "marahil ay makapagpapatotoo ako sa ilan sakanila." Kita mo, naroon ka sa teritoryo ng diablo. Huwag kang papasokdoon. Layuan mo maging ang anyo ng kasamaan.Ngunit pumanik siya sa tuktok ng hagdanan at tumayo siya roon ng ilangsandali, at kamuka't-mukat mo, nasa mga bisig na siya ng isang lalaki sasayawan. Pagkatapos ay natauhan siya, at nakatayo siya roon at nag-iiiyak,ang sabi niya, "Oh, napahamak na ako nang lubusan."

133 Naisip ko, "Buweno, wala akong masyadong alam sa Biblia, ngunit sapaniwala ko'y sinabi ito ni Jesus: 'Magpapalayas sila ng mga demonyo saAking Pangalan.'" Ngayon . . . At medyo nahimasmasan na noon si Wayne atnakaupo siya roon at nagmamatyag. Kita n'yo? Kaya ang sabi ko, "Ngayon,diablo, hindi ko alam kung sino ka, ngunit sinasabi ko sa iyo ngayon, kapatidko ang babaeng ito, at wala kang karapatang hawakan siya. Hindi niyasinadyang gawin iyon; huminto lang siya sandali." (Ngunit doon siya nagkamali.) Ang sabi ko, "Ngunit kailangan mong lumayas.ako?" At tulungan nawa ako (Alam kong tutulungan ako ngpaghatol), ang screen door na iyon ay nagsimulang kusanglumangitngit ang pintuan, ka-blam, ka-blam. Naisip ko . . ."Bill, tignan mo, tignan mo."At ang sabi ko, "Oo nga. Ano iyon?" Ang sabi niya, "Hindi ko alam.

134 "134 Ang sabi ko, "Hindi ko rin alam." At nagpatuloy sa pagsarang gano'n, naisip ko, "Ano'ng nangyayari dito? Ano'nglumingon akong muling ganiyan, at ang sabi ko, "Iwan moNgalan ni Jesus lumabas ka sa kaniya." Nang sabihin ko iyonapakalaking paniki, mga ganito kahaba, na pumaitaas galikuran, na may mahabang buhok na nakalaylay sa mga panitong ganiyan; ang sabi, "Whrrrrrrr," kumilos ito papalanapakabilis. Ang sabi ko, "Oh, Panginoong Diyos, protektaDugo ni Jesus Cristo."At napabalikwas ng bangon si Wayne mula sa higaan at nheto't para iyong isang malaking anino, umikot iyon, atnaglaho sa likuran ng kama. Biglang tayo si Wayne sa kapapasok sa katabing silid.

135 Kaya't aming— iniuwi ko si Nellie, at nagbalik akoNagpunta roon si inay at ipinagpag niya ang mga kumot at lnakitang anuman sa kama. Ano iyon? Huminto siya sandali.Huwag na huwag kang hihinto. Kapag ibinaon ng Diyos angsa puso mo, kunin mo ang tabak at magsimula kang manaAleluia. "Wala na akong oras na maghintay sa anupamanglang ako, ni wala akong oras na humimpil man lamang."

136 Ang sabi niya, "Kunin mo ang tungkod ko at ipatong momay kakausap sa iyo, ni huwag mo silang sagutin. Kapag'Hoy, alam mo kung ano'ng nararamdaman mo . . .' Ni hkakausapin. Magpatuloy ka lang."Ang diablo alam mo sasabihin ng diablo, "Subalit alam msi ganito-at-si-gano'n, nang matanggap nila ang Espiritu Ssilang mabaliw." Ni huwag mo siyang kakausapin; bastalang. Hindi mo alam ang tungkol kay ganito-at-gano'n; ang mat ang Diyos. Tama. Ang Diyos ang isipin mo!

137 Pinapahiran Niya ang Kaniyang mga lingkod. (Kailangan kongmagmadali.) Pinapahiran ng Diyos ang Kaniyang mga lingkod. Kita n'yo?(Ngayon, kinakailangan kong lampasan ang ilang mga tala rito, ngunit naiskong sabihin ito.) Heto . . . Makinig kang mabuti ngayon, dalagita. Makinigka ngayon nang husto.Dito ay nakikita natin ang taktika ng diablo. Paano ang ating gagawin?Ngayon, napakarami kong mga Kasulatan dito, tungkol sa mga propeta at mgabagay-bagay, kung saan ay pinuntahan niya sila, pati na ang iba't ibang mgatauhan na gayon din ang nangyari. Ang taktika niya sa tuwina ay ang pagalinlanganin ang mga tao sa Salita ng Diyos.

138 Makinig kayo, mga kawal ng krus. Kapag hindi ninyo pinaniwalaan angisang Salita ng Diyos na nakasulat sa Bibia, nadisarmahan na kayo.Naniniwala ka ba riyan, iha? Nadisarmahan na kayo; susuko na kayo.Kayong mga duwag, isuot ninyo ang buong kagayakan ng Diyos. Amen.Tayo ay nasa isang digmaan. Ang sinabi ng Diyos ay katotohanan, ang salitang bawat tao ay kasinungalingan. Kita n'yo?Ngunit sa sandaling mahimok ka niyang makinig sa isang bagay, ganiyan angtaktika niya, nadisarmahan ka na. Gaano ba karaming bagay ang kinailangangpakinggan ni Eba? Isa lang, nawalan kaagad siya ng sandata.Ano'ng ginawa ng diablo? Lumusot siya sa kaniyang kaisipan papasok sakaniyang espiritu, at doon ay binaluktot niya siya, tama ba? Nabaluktot nasiya, sa sandaling madisarmahan siya, nang pag-alinlanganan niya ang Salitang Diyos. Tama. Dito ay nakikita natin ang kaniyang taktika.

139 Ang mga kawal ng Diyos ay inuutusang magbihis ng buongkagayakan ng Diyos. Tama ba? Ngayon, kung nais ninyong isulat angKasulatang iyan, nasa Efeso 6: 10 at 13 iyan. Kita n 'yo? Binasa natin iyankanina; iyan ang teksto natin. Tama. Pansinin n'yo, mangagbihis kayo ngbuong kagayakan ng Diyos, ating . . . May ilang minuto pa ba kayo? Balikannatin ito sandali. Tingnan lang natin kung ana ba ang buong kagayakan ngDiyos. Sige. Simulan natin sa talatang 10. Ngayon, makinig kayong maigi.Alamin natin ang buong kagayakan ng Diyos.Sa katapustapusan mga kapatid. . . .

140 Ngayon, alam kong ako'y mag- . . . Ako'y . . . Halos alas dose bentena. Hindi ko gustong mangaral sa inyo nang masyadong mahaba sa araw naito, ngunit maaaring isang mensahe na lang ang maipangaral ko, bago akobumiyahe sa panahon ng tag-araw (Kita n'yo?) at . . .

141 Alam n'yo? Alam n'yo ba kung bakit ko ginagawa ito? Sasabihin kosa inyo. Nung isang araw ay nanaginip ako. Hindi ko sana ito sasabihin,ngunit sadyang nasa sa isip ko ito; makabubuting sabihin ko ito.Matapos akong bigyan ng Panginoon ng mga interpretasyon, napanaginipankong patawid ako sa isang malaking ilog sa isang pagmimisyon. At aking . . .Nung una, naroon ako kasama ng aking maybahay, at ilan ba ang nakakikilalakay George Smith, si "Six-second" Smith, na tagarito sa bayan? Si GeorgeSmith, ang anak niyang lalaki ay alagad ng pulisya dito. Siya'y— angkawawang George ay sugapa na sa alak ngayon. Ngunit dati siyang isa sapinakamahusay na boksingero. Siya ang nagsanay sa akin, bago pa akomagpunta sa YMCA at sa iba pang lugar. Siya noon ang nagsasanay sa amin.At napakabilis niya, talagang mabilis, at isa lamang siyang welterweight, parasa timbang na isandaan at apatnapu't limang libra, at siya ang nagsanay saakin. Tatayo siya roon; at kaya niyang kuyuming ganiyan ang kaniyangkamao, at saka niya ako bibirahin sa sikmura, at pagkatapos ay isasalya niyaako sa dingding (Kita n'yo?), ngunit— at balewala iyon sa akin. Sinasanaylang niya ako, at isa lamang iyong pagsasanay.

142 At pagkatapos ay nanaginip ako nung isang gabi na nakita ko raw si "Sixsecond" Smith (Ngayon, hindi iyon isang pangitain, isa iyong panaginip.), atnakita ko si "Six-second" Smith— may mga kabataang kalalakihanglumalaban sa kaniya at nakikipagbuno. At siya na isa nang matandang lalakina mga— oh, sa palagay ko'y limampu't dalawa na, animnapu marahil;walang isa man sa mga kabataang iyon ang makasaling sa kaniya sa anumangparaan. Pinilipit niya ang katawan nilang ganiyan, inilalampaso sila sa sahig athawak-hawak niya sila. Ngayon, naisip ko, "Kakaiba iyon," at ang akala ko'ykasama ko ang maybahay ko, at ang sabi ko, "Kakaiba iyon." Ang sabi ko,"Alam mo, Meda? Siya ang dati kong tagapagsanay."Ang sabi niya, "Naaalala ko nang ikuwento mo sa akin iyon." Ang sabi ko, "Opo, dahil sa kaniyang mahusay na pagsasanay nanaloako ng labing limang propesyonal na laban at pagkatapos ay itinigil ko iyonupang makapangaral ako ng Ebanghelyo."

143 Sa pagkakataong iyon ay nabago ang eksena, at tumatawid naman akosa isang tubig. Ngunit nang tumatawid na ako, nakasakay ako sa isang powerboat. At tumingin ako, at nakaupo roon ang dalawa kong kapatid na lalaki,nakaupo roon sa bangka, naghahandang sumama sa akin. Ang sabi ko, "Hindininyo maaaring gawin iyan mga kapatid. Ha-ah. Kailangan kong umalis magisa."At lumapit ang bangkero sa akin at nagsabi, "Narito ang bangka mo," isangnapakaputing plastic na bangkang de sagwan.Ang sabi ko, "Hindi, ha-ah, hindi iyan."Ang sabi niya, "Aba, maaari kang tumakbo sa ganitong direksyon sapamamagitan nito nang limampung milya bawat oras." Ang sabi ko, "Ngunit kailangan kong tumawid sa direksyong iyon."Kita n'yo?"Buweno," ang sabi niya, "sumama ka sa mga lalaking iyon." Ang sabi ko, "Hindi sila mga bangkero. Wala silang masyadong alamsa pamamangka; natatangay lang sila ng malabis na pagkatuwa. Hindi nilaiyon mapapatakbo; kapuwa sila malulunod do'n; sadyang hindi nila kaya."At ang sabi niya, "Ikaw ba'y— maaari ka bang mgatiwala . . ."Ang sabi ko, "Makinig ka, mas may alam ako tungkol sa mga bangka kaysa sakanila, at hindi ko tatangkaing patakbuhin iyon nang ganiyan— ganiyan langang materyales ng bangka." Ang sabi ko, "Kakailanganin ang isang powerboat para makatawid diyan." Ang sabi ko pa, "Kakailangin ang isang bagay namas malakas kaysa riyan."

144 At nakita ko siyang lumingon sa isa sa mga kapatid na lalaki at nagsabi,"Bangkero ka ba?"Sumagot ang kapatid, "Oo." Kita n 'yo?Ang sabi ko, "Mali iyon."At nagbalik ang bangkero; ang sabi niya, "Sasabihin ko sa iyo kung ano'ngdapat mong gawin." Ang sabi pa, "Mahal ka nila; naniniwala sila sa iyo,"ngunit ang sabi niya, "kung tatawid kang sakay ng power boat, susundan kanila sakay ng bangkang de sagwang iyan; kapuwa sila mamamatay." Kitan'yo? Ang sabi niya, "Hindi nila kayang sumunod sa iyo."At ang sabi ko, "Buweno, ano'ng kailangan kong gawin?" At ang bangkerong ito na nasa daungan ay nagsabi, "Pumanhik kangmuli roon." Aniya, "Iisa lang ang tindahan sa buong lalawigang ito, isangmaliit na tindahan lang. Mag-imbak ka lang ng maraming pagkain," ika niya,"at mananatili sila rito. Ma— mananatili sila rito, habang wala ka," ngunitang sabi niya, "kakailanganin mong mag-imbak ng mga pagkain.At sige ang order ko ay lahat ng uri ng repolyo, at mga singkamas, at mgalabanos, at iba pa, isinasalansan kong paganiyan; at doon ako nagising. Hindiko alam noon kung ano iyon, ngunit alam ko na ngayon. Kita n 'yo? Nag-iimbak tayo ng mga pagkain, mga kapatid. Ito ay isang buhay na kailanganmong lakarang mag-isa.

145 Leo, naaalala mo ba ang panaginip mo nung una kang dumating ditotungkol sa pyramid at akala mo ay papasok ka roon; at ang sabi ko, "Leo,walang taong makakaakyat dito; kailangang Diyos ang maglagay sa tao dito.Naakyat mo na ang lahat ng pisikal na daigdig na maaaring akyatin." Ang sabiko, "Hindi ka maaaring pumarito, Leo. (Kita n 'yo?) bumaba ka na lang muliat sabihin mo sa mga tao na ito ay galing sa Diyos. (nauunawaan ba ninyo,nakikita ba ninyo?) Ito'y isang bagay na inyong . . . Hindi kayo maaaringumasa sa . . ." Gaano man kabuti ang mga kapatid na lalaki, at mga kapatid nababae, at maging ang iglesia ko, at ang iba pa; at gaano man kabuti ang ibangmga iglesia, at mga kapatid na lalaki sa lahat ng dako . . .

146 Ngayon, hindi ko magawang umiwas sa iglesiang naroroon sa labas.May nagsasabi, "Buweno, bakit ka

sumasama sa mga taong iyon, sa mgaTrinitaraian, lahat ng ganito, ganon, at iba pa, sa mga Oneness, at Jesus' Name,at lahat ng mga iba pang pangkat doon sa labas. Bakit ka ba nakikisama samga iyan?" Akin sila. Kahit ano pa ang nagawa nila, akin sila. Sila ang akingpulpito.Nang makagawa ng malaking kasamaan ang Israel, hanggang sa sabihin ngDiyos kay Moises, "Ihiwalay mo ang sarili mo; magpapasimula akong muli ngisang bagong— bagong angkan sa iyo." Ihinarang ni Moises ang sarili niya;ang sabi niya, "Bago Mo sila kunin, ako muna ang kunin Mo."Kahit ano pa ang nagawa nila, sa kanila ako isinugo. Nagsusugo Siya ngLiwanag hindi upang pasilayin iyon kung saan maliwanag, kundi kung saanmadilim; doon dapat pasilayin ang Liwanag. At kailangan mong pakisamahanang mga tao; kailangan mong tumayong kasama nila anuman ang mangyari.Kailangan mong . . .

147 Sa kanilang kamalian. . . Walang kasing mali ang Israel. Maling-malisila, hanggang sa sumuko na ang Diyos sa kanila, ngunit si Moises . . . Noonko pa iniisip kung paano nangyari iyon, ngunit iyon ay ang Espiritu ni Cristona na kay Moises . . . Kita n'yo? Kita n'yo, mali tayong lahat. Tinayuan Niyatayong lahat, habang tayo ay nasa kamalian.Kahit gaano pa sila kamali, huwag nating puputulin ang pakikisama o huwagnating ibubukod ang sarili natin sa anumang bagay. Habang nakapag-aakaytayo ng kaluluwa, magpatuloy tayong "singtalino ng serpente at singbanayadng kalapati" (Nakikita ba ninyo?), at sikapin nating akayin ang lahat ngkaluluwang maaakay natin.

148 Ngayon, ito na nga iyon, ang sinasabi ko kaninang umaga, ang pagiimbak ng Pagkain, pag-iimbak ng pagkain upang mayroon kayong makain,upang mayroon kayong mapagpistahan. Pakinggan ninyo ang mga tape ninyo;maupo kayo sa isang malamig na silid. Marahil kahit magpakalayu-layo naako sa inyo, ay maaalala pa rin ninyong ang mga bagay na ito ay pawangkatotohanan. Maupo kayo sa inyong silid at makinig kayo. Kita n'yo? At itoay pagkain, at iniimbak ita sa bodega. Hindi ko alam kung saan ang lakbayingiyon, ngunit saan man iyon, alam Niya kung saan Niya tayo aakayin; hindi koiyon alam. Sumusunod lang ako.

149 Ngayon, ano ang sinabi nila rito? Makinig kayong maigi. Sa katapustapusa' y magpakalakas kayo sa Panginoon, at sakapangyarihan ng kaniyang kalakasan. (Magpakalakas kayo sakapangyarihan ng Kaniyang kalakasan.) Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Diyos, upang kayo'ymagsitibay laban sa mga lalang ng diablo. Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, . . .(Putukan ng mga punglo at tagaaan ng mga tabak . . . Kita n'yo, hindi gano'niyon.) . . . kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, labansa mga namamahaala ng . . . kadilimang ito sa sanglibutan, . . . (sa mgatagapamahala ng kadiliman) . . .

150 Sino ba ang naghahari sa sanlibutan? Ang diablo. Tiyak iyan.Kanino ba ang lahat ng mga bagay na ito na kasalukuyang nagaganap, lahat ngmga bagay na ito na masasama na nagaganap dito sa paligid, at sa mgagobyemo, at iba pa? Sa diablong lahat ito; iyan ang sabi ng Biblia. Angdiablo ang may kapamahalaan sa Estados Unidos; ang diablo ang maykapamahalaan sa Germany; pinamamahalaan ng diablo ang lahat ng bansa sabuong mundo. (Dadako na ako riyan sa loob ng ilang sandali.) At malalamannatin kung namamahala nga siya o hindi, kung ang lahat ng kahariangnagsilitaw at magsisilitaw pa, hanggang sa— itatag ng Diyos ang KaniyangKaharian, kontrolado ito ng diablo. Hindi ko ibig sabihing lahat ng taongnaririto ay sa diablo. Mayroon din namang mga taong makadiyos sa gobyerno— sa mga opisina ng gobyerno.

151 Ilang gabi mula ngayon ay mayroong darating dito, dito mismo, upangmagpakita ng litrato kasama ni Brother Arganbright dito sa lugar na ito.Naging diplomat siya ng labinglimang pangulo, si Brother Rowe, at siya ayisang . . . (Darating siya rito, wari ko'y mga ikalawang lingo ng Abril.Iaanunsiyo ito ni Brother Neville.) At isa siyang kahanga-hangang lalaki. Ang sabi niya ay walong iba't ibang lengguahe (sa pakiwari ko) ang kayaniyang salitain, ngunit nang matanggap niya ang Espiritu Santo, wala siyanganumang magamit na salita upang kausapin ang Panginoon; kaya't binigyansiya ng Panginoon ng isa, ayon sa kaniya, nang sa gayon ay magawa niyaSiyang kausapin sa pamamagitan nito— binigyan siya ng isang lengguahenghindi pa niya napagsasanayan. Siyanga.. . . laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan . . .Dahil dilo . . . (Ngayon, makinig kayo, lahat kayong mga kawal, bago natinpasimulan ang pila ng panalangin,) . . . magsikuha kayo ng . . . ang . . . (w-h-ol-e) . . . buong . . . (hindi lang isang bahagi nito) . . . ang buong kagayakan ngDiyos, upang kayo'y mangakatagal sa araw ng masama, . . . (Iyan ang araw nakinabibilangan natin.) . . . at kung magawa ang lahat, ay magsitibay. (Tumayoka. Amen, Nakuha mo ba? Tingnan mo, honey, kapag nagawa mo na angmagagawa mo upang makatayo ka, kung gayon ay tumayo ka, huwag kangmatitinag.)Magsitibay nga kayo na ang inyong mga baywang . . . (Pakinggan n'yo ito,pakinggan n'yo kung ano ito.) . . . ang inyong baywang . . . (Iyan ang gitnangbahagi ng inyong katawan. Nakikita ba ninyo?) . . . ay may bigkis nakatotohanan, . . . (Ano ang Katotohanan? Ang Salita ng Diyos. Tama. "AngIyong Salita ay Katotohanan." Mabuti.) . . . na may sakbat na baluti ngkatuwiran; . . . (Ibig sabihin, gawin kung ano ang tama— ang Salita ng Diyosay nasa inyo, ginagawa nito kung ano'ng nararapat.) . . . baluti ng katuwiran;At ang inyong mga paa ay may panyapak na paghahanda ng evangelio ngkapayapaan; (Humayo ka kahit saan, saan mang dako, anumang oras: ang mgapaa ay nasasapnan ng Ebanghelyo. Kita n'yo? At tingan n'yo.)Bukod dito, . . . (Bukod pa sa lahat ng ito) . . . ay taglayin ninyo ang kalasagng pananampalataya, . . . (Iyan ang

panangga sa mga palaso. Kita n 'yo?) . . .ang kalasag ng pananampalataya, na siyang ipapatay ninyo sa lahat ngnangagniningas na suligi ng masama.At magsikuha rin naman kayo ng turbante ng kaligtasan, . . . (Iyon ay angkaluluwa, ang isipan— ang isip na naririto sa loob— dito sa ulo— tumatakipsa ulo.) . . . at ng— at ng tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Dios:

152 Paano n'yo ba gagamitin ang helmet na ito, ano ba ang gamit nito? Ito'yisang proteksiyon. Saan ba yari ang helmet? Brass. Ni hindi nga maaaringisubo: matigas ito, matigas pa sa bakal. Isang sumbrerong yari sa brass— anoito? Ang kaligtasan, ang kaalaman upang malaman ito: "Na ang akingkagalingan ay nagmumula sa Diyos; ang aking kaligtasan ay nagmumula saDiyos; magkatulad ang aking espiritu at ang Kaniyang Salita," hindi ang kaisipan ng iglesia, ang Salita. Amen. Hayan ka na. Natatakpan ngproteksiyon. Ang helmet ng kaligtasan, paglaya, kunin mo iyan; pagkataposay magmartsa kang pasulong. Oh, ngayon na. Iyan ang dapat na ginagawanatin.

153 Ang hukbo ni Satanas, ngayon ay masdan n'yo. (Ngayon, tayo—kailangan ko talagang magmadali, ngunit kailangan kong isingit ito.) Anghukbo ni Satanas ay may dalang mga sakit. Iyan si Satanas: isa siyangtagasira. Si Satanas— ang buong kaharian ni Satanas ay sakit, kamatayan, atkalungkutan, at mga kabiguan, at pag-aalala, lahat ng iyan ay kay Satanas.Ang Diyos ay buhay, pananampalataya, kagalakan, kapayapaan, dito sakabilang panig. Kita n'yo? Ngayon, iyan ngayon ang dalawang makapangyarihang puwersangnagsasalubong ngayon. Naglalaban sila; naglalaban sila sa loob ng gusaling itosa oras ding ito. Nakikipaglaban sila araw-araw kasama ka. Lahat ng puwersaniya, ni Satanas ay laging nakasunod sa iyo, ang napakalaki, animo hari,animo parang si Goliat pilit kang tinatakot, naririto siya . . . Sa pamamagitanng Diyos, ay may pananggalan kayo (Amen.) sa pamamagitan ng Ebanghelyo,sa pamamagitan ng Salita ng katotohanan sa inyong baywang. Luwalhati.Mangangaral, iyon na nga iyon: ang turbante ng kaligtasan, ang kalasag ngpananampalataya, at ang Tabak ay iwinawagayway ng iyong kamay. "Satanas,nariyan na ako upang sagupain ka. Hinaharap mo ako sa ngalan ng siyensiya;hinaharap mo ako sa ngalan ng kultura; hinaharap mo ako sa ngalan ngorganisasyon; hinaharap mo ako sa ngalan ng ganito, ganoon, at ng iba pa;ngunit hinaharap kita sa Ngalan ng Panginoong Diyos ng Israel. Nariyan naako. Tumabi ka na." Maging kamatayan ay hindi makatatayo roon. Tuhuginmo na. Tama.

154 Ang hukbo ni Satanas ay may dalang mga sakit, at ang hukbo namanng Diyos ay inatasang magtaboy sa mga ito. Amen. Hayan ka na. Sa tuwingmay ibabato si Satanas sa— sa inyo, dapat ay itaboy siya ng hukbo ng Diyos.Amen. Ang pagtataboy, iyan ang taktikang ginagamit ng Diyos. Ginamit niSatanas ang hukbo ng paninira upang huwag paniwalaan ang Salita ng Diyos,upang makapagtatag siya ng isang kahariang mas dakila, kaysa sa kaharian niMiguel, at itinakwil siya ng Diyos. Ang pamamaraan ng Diyos ay ang itaboy ang masama, iwaksi angpangangatuwiran, iwaksi ang mga pamahiin, iwaksi ang kapaguran, iwaksi angmga sakit, iwaksi ang kasalanan. Amen. Nasa ibabaw kayo nito, muli nangnabuhay kay Cristo Jesus, nakaupo sa sangkalangitan, lahat ng diablo ay nasailalim na ng inyong mga paa. Kung ililitaw niya ang ulo niya roon ano'ng . . .

155 Alam n'yo, patay na kayo; nakatago na ang buhay ninyo. Ano'ngnamatay? Patay na kayo sa inyong mga pandama; patay na kayo sa inyongkunsensiya (sasabihin ng iyong makataong kalooban, "Oo sa palagay ko nga . .."), patay ka na sa iyong pangangatuwiran, patay ka na sa lahat ng mga bagayna iyan, at nailibing ka nang kasama ni Jesus Cristo at nagbangon ka nangkasama Niya. At saan man Siya naroroon, naroon ka rin. Ano'ng nangyarinang isa sa mga mapag-alinlangan ay napunta sa langit? Sinipa siyang palabasng Diyos. At ano'ng sinabi Niya sa mga kawal na nagbangong kasama niCristo? Kung lalapit ang diablo, sipain n'yo siya palabas. Itaboy ninyo siya.

156 Nang sanayin ni Jesus ang Kaniyang hukbo at inatasan Niya silahanggang sa dulo ng sanlibutan: "Humayo kayo sa buong sanlibutan, ipangaralninyo ang Ebanghelyo sa lahat ng nilalang. Ang sinumang sumampalataya atmabautismuhan ay maliligtas; ang hindi sumampalataya ay mapapahamak Atang mga tandang ito ay lalakip sa mga magsisisampalataya, ang Aking mgakawal, sa Ngalan Ko ay magpapalayas sila ng mga diablo; magsasalita sila ngibang wika; hahawak sila ng mga ahas; o kung makaiinom sila ng anumangbagay na nakamamatay, hindi sila masasaktan; kung ipapatong nila angkanilang mga kamay sa may sakit ay magsisigaling sila." Kawal na Cristiano, Magsisulong na! Krus ni Jesu Cristo, Ipaglaban mo . . . "Napako akong kasama Niya; gayon man ay nabubuhay ako; hindi na akoang nabubuhay, kundi Siya na ang nabubuhay sa akin." Ang Salita aysumusulong sa harapan, ang Diyos ay nananagpas sa pamamagitan ngKaniyang matalas na dalawang talim na tabak . . . ? . .

157 Hindi kataka-taka, nang kubkubin ni Grant ang Richmond, at nakita ngabang babaeng taga-katimugan na dumarating si Grant, tinamaan siya nginspirasyon at ang sabi niya: Nakita ko ang pagdating ng aking Panginoon;niyuyurakan Niya ang ubas ng Kaniyang pagkapoot; Nanghahalibas Siyanggamit ang matalas Niyang tabak; Sulong na, hukbo ng Diyos. Amen.

158 Paano nga bang nakubkob ni Grant ang Richmond? Pagdating napagdating niya. Amen. Ganiyan niya kinubkob ang Rihmond. Ganiyansasakupin ng mga kawal ng Diyos ang kasalanan, karamdaman: pagdating napagdating nila. Amen. Ganiyan nila pinagwawagian ang kanilang mga pagaalinlangan, at mga

pagkatakot, at mga bagay-bagay. Kapag may isangtumayo, sinisibak nila kaagad, inaalis sila sa landas. Ay, naku. Iyon na iyon. Itinaboy sila ng Diyos gaya ng ginawa Niya sa langit. Ipinakita na sa atinng ating Punong Kapitan kung paano Niya isinagawa iyon.

159 Si Roy Roberson, si Brother Funk, marami sa mga beteranong nariritongayon, alam ninyo kung ana ang tunay na kapitan. Minsan ay naroon ako sa maliit na Fire Department ng Jeffersonville dito .. . Nasunog ang Pfau's Place, at naroon ang Jeffersonville Fire Department, atpalakad-lakad doon ang kapitan ang sabi, "Bugahan mo ng kaunting tubig sagawing ito" [Ginagaya ni Brother Branham ang tunog ng pagpuslit ng tubig samaliit na hose -Ed.]— parang isang maliit na hose dito. Dating naman angClarksville, "Bugahan mo ng kaunting tubig sa gawing ito." [Ginagaya niBrother Branham ang tunog ng pagpuslit ng tubig sa maliit na hose -Ed.]Nasunog ang gusali ni Pfau.

160 Tinawagan nila ang Louisville; heto na ang mga lalaking sanay. Oh,umalingawngaw ang mga sirena roon. At naro'n ang mga hepeng kapitan ngibang mga fire department na ang sabi, "Bugahan ng kaunting tubig sa gawingito": mga lalaking hindi sanay. Kapatid, pagtigil ng mga makina, sino angnasa dulo ng hagdan? Ang kapitan. Nang tumaas ang hagdang iyon, kasamasiya. Nang tumama iyon sa bintana (hindi pa siya nakakapasok sa bintana),kinuha niya ang kaniyang palakol, at ipinukol iyon papasok sa bintana, at angsabi, "Halina kayo mga bata." Patay kaagad ang apoy ilang minuto lang.Isang kapitan. Hindi siya ang uri ng kapitan na nagsasabi, "Bugahan ngkaunting tubig ito; subukan mong bumuga ng kaunti sa gawi roon," kundi,"Halina kayo, mga bata," Amen. Gano'n siya namuno; ipinakita Niya sa atinkung paano 'yon ginagawa. Sa loob-Ioob ko, "Ang sanay na sanay na fire department, napatay kaagadnila ang sunog sa loob lamang ng ilang minuto." Alam kasi ng kapitan nilakung ano ang ginagawa niya.

161 Kapatid, pag-usapan na ninyo ang lahat ng teolohiya hangga't gusto n'yo,ang inyong mga gawa ng taong denominasyon, ang inyong mga organisasyon.Paglaruan n'yo ang mga ito. Mayroon akong Punong Kapitan na nagturo saakin kung paanong isasagawa iyon. Sasabihin mo, "Buweno, kung maaamoy ko lang sana, kungmararamdaman ko . . ." Oh, walang kabuluhan iyan. Ganito ang sabi ngPunong Kapitan kung paano ito isasagawa sa ikaapat na kabanata ng Lucas.Wala akong oras upang basahin ito; basahin n'yo na lang kapag . . . Ikaapat nakabanata ng Lucas simula sa unang talata. Hindi niya sinabi, "Ngayon,sinasabi ko sa inyo. Pumarito ka, at gumawa ka ng malaking organisasyon;kumuha ka ng mga presbiter, at mga diakuno, at— o kaya'y kunin mo ang mga Cardinal at mga Obispo at kunin mo ito." Hindi niya sinabi iyon kahitkailan.Nang harapin Siya ni Satanas, ang sabi Niya, "Ngayon, gutom ka na; gawinmong tinapay ang mga batong ito."Ang sabi niya, "Nasusulat." Amen.Ang sabi Niya, "Dito sa itaas, dadalhin ka namin dito sa itaas at may ipapakitakami sa iyo," "Ngunit nasusulat."

162 Iyan ang sinabi ng Punong Kapitan kung paano'ng isasagawa ito.Paano nga bang isasagawa iyon, sister? Nasusulat: "Kung ipapatong ninyoang inyong mga kamay sa maysakit, magsisigaling sila." Nasusulat: "Sa AkingPangalan ay magpapalayas sila ng mga demonyo." Amen. Ano ito?Nasusulat. Iyon ang mga utos ng Kapitan. Nasusulat: "Ang sinumang duminigng Aking Salita at sumampalataya sa nagsugo sa Akin ay may Buhay naWalang Hanggan." Nasusulat; nasusulat; nasusulat; iyan ang mga utos; iyanang kawal; iyan ang daan; iyan ang kanyong isusulong natin.

163 Ano'ng ginawa niya? Nilapitan niya si Goliat. Ipinakita niya sa atin.Paano nga ba ipinakita ni David sa hukbo kung paano iyon gagawin? Ang ibigsabihin ng "David" ay "minamahal, tagapagligtas." Kita n'yo? Paano ginawaiyon ni David? Ang sabi niya, "Ganito ginagawa iyon: manalig kayo sa Salitang Paginoon."At lumabas doon si Goliat, ang sabi, "Alam mo ba? Tutuhugin kita sa dulo ngaking sibat, at ipapakain kita sa mga ibon."Sagot naman niya, "Hinaharap mo ako bilang isang organisayon; hinaharap moako bilang isang makabagong siyentipiko; hinaharap mo ako sa pamamagitanng iyong tabak na labing apat na piye ang haba; hinaharap mo ako sapamamagitan ng helmet na yari sa tanso at isang kalasag na hindi ko mabuhatsa bigat; hinaharap mo ako bilang isang sanay na mandirigma; hinaharap moako taglay ang iyong Ph. D., L.L.D. at double L.D.; hinaharap mo ako taglayang lahat ng mga bagay na ito; ngunit naparito ako sa Pangalan ng PanginoongDiyos ng Israel, at sa araw na ito ay tatagpasin ko sa iyong balikat ang ulomo." Amen.

164 Ang maliit na taong iyon, sasagupa sa higanteng iyon, ngunit alamniya kung saan siya nakatayo. Nangangatog ang Israel doon, "Oh, kawawangnilalang." Ang sabi ni Goliat, "Ipapakita ko sa inyo kung sino'ng— ano'ng gagawinko," at heto na siya. Mayroon siyang F-a-i-t-h (pananampalataya) (Kita n'yo?) kay J-e-s-u-s,limang bato, limang maliliit na bato. Ibinala na niya ang isang maliit na batobilang panimula. Pinaikut-ikot niya iyong gano'n, hinawakan ng EspirituSanto ang bato at humagis iyon; at bumagsak si Goliat sa lupa. Gano'n iyonginagawa. Ganiyan din ang sinabi ni Jesus nang sabihin Niya, "Ngayon, kung kayo,mga kapatid, ay hahayo roon sa pagmimisyon, kung nais n'yong malamankung paano lulupigin ang mga diablong ito, ipapakita Ko sa inyo kungpaano'ng ginagawa ito."

165 Ang sabi ni Sataanas, "Sasagupain kita (ani Goliat); ipapakita ko saiyo kung ano'ng kaya kong gawin. Nagugutom ka na; kung ikaw nga angAnak ng Diyos, hinahamon kita. Sinasabi mong ikaw ang Anak ng Diyos;hahamunin kita. Kung ikaw ang Anak ng Diyos, gawin mong tinapay ang mgabatong ito. Kumain ka, nagugutom ka. Kung ikaw ang Anak ng Diyos, maykapangyarihan ka upang gawin iyan." Ang sabi Niya,

"Ngunit nasusulat: 'Hindi lamang sa tinapaynabubuhay ang tao.'" Oh, ganoon iyon ginawa ng Punong Kapitan. Dinala niya Siya sa pinakamataas na bahagi ng templo; at ang sabi, "Kungtatalon ka sa ibaba," ang sabi, "alam mo, nasusulat din naman . . ." Ang sabi Niya, "Siyanga," ang sabi, "Nasusulat din: 'Huwag mongtutuksuhin ang Panginoon mong Diyos.'" Nakita ba ninyo kung ano'ng tawagNiya sa Sarili Niya? Ang Panginoon mong Diyos. Kita n'yo? Siyanga."Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Diyos." Nasusulat na naman.Kita n'yo?

166 Ay, naku. Ano'ng ginawa Niya? Ginapi Niya siya sa pamamagitan ngSalita ng Diyos. Ang taktika ng diablo ay ang hindi ka paniwalain sa Salita ngDiyos, at ang sabi naman ng Punong Kapitan, kunin mo ang Salita ng Diyos atgawin mo. "Sa Aking Pangalan ay makapagpapalayas sila ng mga diablo."

167 Oh. Si Satanas, ang kanilang Punong Kapitan, oh, siyanga, alam n'yo,ang iba sa mga denominasyong ito, pilit nila kayong pinaniniwala na matutulisang kaniyang paa, alam n'yo, at dalawa ang buntot niya, at lahat ng mgapinagsasasabi nila. Huwag kayong mainiwala. Huh-uh. Hindi siya ganoon.Hindi, po, Kapatid; isa siyang mandaraya. Huwag kayong maniniwalangmayroon siyang gano'n. Sinasabi lang nila iyon para takutin ka; hindi gano'nang diablo. Hindi paa ng hayop ang paa ng diablo, unang-una. Malaki angduda kong gayon nga siya. Isa lamang siyang— isa siyang espiritu; angdiablo ay isang espiritu. Wala siyang paa ng hayop at ng mga bagay-bagay nasinasabi nila. Hindi, hindi. Ngunit matalino siya. Kapatid, isa siyang taong tunay na matalino, aral na aral (noon pa man ay gano'n na siya) samakamundong karunungan. Oh, siyanga. Napakaganda niya. Isinaayos niyaang kaniyang hukbo sa pamamagitan ng makamundong karunungan, hanggangsa, kapatid, huwag mong susubukang— subukang ipangusap ang iyong mgapananalita. Dapat alam mo ang sinasabi mo kapag nakaharap mo ang isa sakanila na nagsasabing, "Lipas na ang mga araw ng himala."

168 Ngayon, wala siyang— wala siyang paang tulad sa hayop. Siya ay—oh, galing siya sa seminary; disenteng tao siya, kapatid; ibig kong sabihin aymatalino siya: Ph. D., L.L.D., Q.U.S.D., at lahat ng iba pa. Kita n'yo? Nasakaniya ang lahat at napakatalino niya. Matalino? Matalino talaga, angserpente, "pinakatuso" sa lahat. Ayus na ayos ang pagkakasuklay ng buhokniyang may pamada, kapatid, ang ibig kong sabihin, bihis na bihis at walangkagusut-gusot ang amerikana niya, matinik, napakatalino at napakatuso.Tama. Huwag kang makikipagbiro sa kaniya malibang alam mo talaga kungano'ng sinasabi mo. Tama. Oh, ngunit alam na natin ang luma nang— angmga lumang taktika niya. Alam na natin kung ano'ng pinagsisikapan niyanggawin: ang alisin ang paniwala natin sa Salita ng Diyos. At hindi paa nghayop ang mga paa niya. Hindi, hindi. Hindi. Ngayon, makikita natin na kung hindi paa ng hayop ang mga paa niya,kung gayon ay iba pala ang anyo niya. Napakahusay niya; napakarunong, aral,organisado. Kapatid, ang kaniyang hukbo ay napaka . . .

169 Tingnan n'yo. Minsan doon sa Switzerland (Hindi ko alam kung saanako titigil, mga kaibigan.) mayroong isang— doon sa Switzerland, lumusobdoon ang hukbo ng mga Aleman— lumulusob ang mga dayuhan. Aba, parasilang pader na laryo, bawat kawal ay sanay, bawat sibat ay nakatutok naganiyan, walo o sampung piye ang haba sa kanilang harapan. At nilusob nilaang kawawang mga Swiso. Ano'ng nasa kanila? Ang armas nila ay mga talimng kanilang panggapas, mga tungkod, at mga bato. At tumayo sila roon;sinuportahan nila sila. Sa kabila ng burol ay naroon ang mga tahanan nila.Sinalubong sila ng hukbo ng mga Swiso. Wala silang nagawang anumanlaban sa kanila. Bigla na lamang silang lumusob at kinubkob ang kanilanglupain.

170 Ano ba ang nagawa ng batang ito, isa lamang siyang paslit? Satanas,iyan ang papatay sa kaniya kung magkakaroon siya ng pagkakataon. Tiyaknga. Hayun siya, wala pa sa tamang gulang. Nakikita ba ninyo? Walang atraso ang mga Swiso. Mabubuting tao sila;sinisikap nilang ipagtanggol ang kanilang mga tahanan, ngunit nagsitindig silaroon para magtanggol. Hindi naglaon ay mayroong isang lalaki roon na angngalan ay Arnold von Winkelried. Heto na ang hukbo; napapalibutan na sila. Ang sabi, "Ano'ng gagawin natin?" Sa lahat ng panig, animo dagat ng mgakalalakihan, sanay na sanay. Ganiyan ang ginagawa ni Satanas. Sanay nasanay, nakatutok ang sibat, bawat kawal ay magkakasabay kung humakbang,isa-dalawa, isa-dalawa, palapit nang palapit sa maliit na hukbo. Sige— sigeang lakad, iyon lang ang kailangan nilang gawin at pinagdadampot nila sila,bawat isa sa kanila, gamit ang kanilang tabak, ang mga sibat, sinagasaan nilasila. Tapos na sana ang hukbo ng mga Swiso; iyon na dapat ang katapusannila.

171 Nasa kabila lang ng burol ang mga tahanan nila at mga mahal sabuhay. At pinagsamantalahan ang kababaihan nila at ginahasa sila, at ang mgadalagitang anak nila at ang mga maliliit na anak nila ay pinagpapatay atpinagsusunog ang mga bahay nila, at lahat na, inagaw ang mga pagkain nila,ang hayupan at ang iba pa nilang pag-aari ay wala na. Hayun sila. Ano'ngnangyari? Nahagip ng inspirasyon ang isa sa kanila na ang ngalan ay Arnold VonWinkelried. Ang sabi niya, "Mga kawal ng Switzerland, sa araw na itomamamatay ako alang-alang sa Switzerland." Amen. "Sa araw na ito,mamamatay ako alang-alang sa Switzerland." Ang sabi nila, "Ano'ng gagawin mo?" Ang sabi niya, "Sumunod lang kayo sa akin at makipaglaban kayo saabot ng makakaya n'yo." Tumayo siya roon, binitiwan niya ang kaniyang sibat(ang hawak niyang maliit na tungkod); at sumigaw siya nang ubod lakas nangnakataas na ganiyan ang kaniyang mga kamay, at bigla siyang sumugodhabang sumisigaw, "Bigyan n'yo ng daan ang kalayaan."

Ubod bilis siyanglumusob sa hukbong iyon; at ang nangyari, dinaklot niya ang lahat ng sibat namadadaklot niya at itinusok ang mga iyon sa kaniyang dibdib, at namatay siya.

172 Sinabi niya sa kanila bago iyon, aniya, "May isang munting tahanan sakabila ng burol, naroon ang aking asawa't mga anak." Aniya, "Iiwan ko angmunting tahanang kabibili ko pa lang." At aniya, "Mahal ko sila, ngunit saaraw na ito ay mamamatay ako alang-alang sa Switzerland." Ibinigay niya angaking— ang sabi niya, "Iniaalay ko ang aking buhay upang maligtas angbuong bansa." At iyon ang isang bayani na. . . Hindi na sila muli pangnagkaroon ng digmaan magmula noon; iyon— iyon na ang katapusan.Nilupig nila ang hukbong iyon, dahil sa ipinakita niyang kabayanihan,hanggang sa walang natirang— na— na gayon na lamang ang nagingpagkalito ng hukbong iyon, pinagulungan sila ng mga Swiso ng mganaglalakihang bato, at tinugis nila sila palabas ng bansa; hindi na sila nagbalikpang muli. Daan-daang taon na ang nakalipas nang maganap iyon. Kita n'yo?Bakit?

173 I73 Isa iyong dakilang gawa, ngunit, oh, kapatid, minsan isang araw nang angkawalang malay, pamahiin, pag-aalinlangan, kabiguan, at pangamba aymanukol sa bayan ng Diyos, mayroong isng nagngangalang Jesus Cristo nanagsabi, "Sa araw na ito ay mamamatay Ako alang-alang sa Aking bayan."Tama. Ano'ng sabi Niya sa Kaniyang hukbo? "Sumunod kayo sa Akin at lumabankayo hangga't kaya n'yo. Kung ang hawak ninyo'y pambambo, gamitin n'yoang pambambo; huwag kayong matakot. Kung ang hawak ninyo ay tungkod,gamitin n'yo ang tungkod. Kung ang hawak ninyo'y bato, gamitin n'yo angbato, anuman ang hawak n'yo." Iyan ang sinasabi sa atin ngayon ng atingPunong Kapitan. "Kinuha Ko ang Salita ng Diyos, at ginapi ko ang kaaway sataglay Nitong kapangyarihan." Pinagsisibak Niya siya (Amen.) sapamamagitan ng Salita. Ngayon, anuman ang nasa iyo, kung isang Salita lang iyon, "AngPanginoon Mong Diyos na nagpapagaling sa iyo." Sibakin mo siya. Sumunodka . . . ? . . . (Amen.), sumunod tayo sa ating Kapitan. Opo, Pinagsisibak Niyasiya.

174 Si Satanas taglay ang kaniyang naglalakihan at naggagandahang mgakaharian, at higit pang kagandahan at lahat ng bagay, lahat ay makabago, ayawmakihalubilo sa atin. Tama. Siya pa rin ang pinakatuso sa lahat ng hayop saibabaw ng lupa. Opo. Sinabi ni Jesus na ang mga anak ng sanlibutang ito ayhigit na matalino kaysa sa mga anak ng kaharian ng Diyos. Ngayon, ang dalawang magkalabang puwersa (magsasara na . . . kailangankong— kailangan ko nang magwakas), ang dalawang magkalabangpuwersang ito ay magsasagupaan na sa oras ding ito. Sa oras na ito hinampasng sakit at ng mga bagay-bagay ang sanlibutan, hanggang sa ang agham ngmedisina ay wala nang magawa, at lahat na ay walang magawa; walanganumang naririto . . . At tayo'y . . . At ang hukbo, ang munting hukbo ng Diyosay nasukol na sa isang sulok. Kapatid oras na para sa isa pang Arnold vonWinkelried.

175 Oras na, oras na para tumayo ang isa na namang tao ng Diyos; oras napara lumitaw ang isang Elias. Oras na upang mangyari ang mangyayari:Hukbo ng Diyos, isara ninyo ang inyong pag-iisip; huwag kayong titigil kahitsandali upang isipin ninyo ang anumang maaaring ialok sa inyo ng diablo sapamamagitan ng inyong mga pandama. Ngunit alalahanin n'yo, hindimaaaring mabigo ang Salita ng Diyos. Ang dalawang malalaking hukbong ito. . . Kapag lumusob ang kaaway na parang isang pagbaha, gaya ngnangyayaring pagdating niya sa araw na ito, ano'ng sinabi ng Diyos na gagawin Niya? Ang Espiritu ng Diyos ay magtatayo ng isang hukbo labandito. Isa ka ba sa kanila? Opo.

176 Tinuruan tayo sa Santiago 4:7 (wala akong oras upang basahin ito.),Santiago 4:7, na labanan natin ang diablo, at hindi lamang siya lalakad nangpalayo bagkus ay tatakbo siya. Labanan ninyo ang diablo. Paano ba ninyolalabanan ang diablo? Kung paano sinabi sa atin ng ating Punong Kapitan.Kunin n'yo ang Salita ng Diyos. Sinabi sa atin ng Punong Kapitan kung paanoito isasagawa. Mabuti.

177 Ngayon, sa pagwawakas, nais kong sabihin ito: ang matandangdiablong iyon, ngayon akala ba ninyo ay napakatigas ng kalooban niya; saakala ba ninyo ay aatakihin niya ang isang batang paslit? Aatakihin niya kahitano; inatake nga niya si Jesus Cristo. Dinaluhong niya Siya sa pamamagitanng kaniyang tatlong marahas na pag-atake. Alam ba ninyo iyon? Hindilamang minsan kung umatake si Satanas. Aatakihin ka niya sa pamamagitanng sakit, pagkatapos ay babalik siya at aatakihin ka niya, sasabihin niya,"Lipas na ang mga araw ng himala. Hindi ka na maaaring gumaling pa;walang kabuluhan iyan." Alam n'yong tama iyan? Tatlong beses niyang inatake si Jesus. Tatlong mararahas na pag-atakeang ginamit niya kay Jesus sa pamamagitan ng kawalan niya ng paniniwala saSalita ng Diyos. Si Jesus ang Salita. Siyanga, hindi niya iyon pinaniwalaan."Kung ikaw nga. Kung ikaw nga." Heto siya, marahas na pag-atake, gaya ngginagawa ng kaaway kung minsan. Heto siya, ang sabi, "Kung ikaw ang Anakng Diyos, magpakita ka sa akin ng himala; ipakita mo nga sa akin." Kapatid,tatlong mararahas na pag-atake ang ipinanlusob niya, "kung ikaw nga — kungikaw nga."

178 Ngayon, ano'ng ginawa ni Jesus? Si Jesus ang Salita ng Diyos; Siyaang Salita. Inatake niya ang Salita. Luwalhati. Nga — nga — ngayon pa langako ginaganahang mangaral, tapatan lang. Kita n'yo? Si Jesus ang Salita. Sapasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos.At ang Salita ay nanahan — nagkatawang tao at nanahang . . . Si Jesus angSalita. Ano'ng ginawa Niya? Pinagsisibak Niya siya. Ay, naku. (Titigil naako.) Ano'ng ginawa ni Jesus? Siya ang Salita, kaya sa pamamagitan ng Salitaay tinagpas Niya ang tatlong mararahas na pag-atake ni Satanas. Lumusobsiya

roong parang isang tropa ng mga sundalo, o parang gano'n, nilusob niya siJesus, ang Salita, nang ganiyan, at kinuha ni Jesus ang Salita at tinadtad Niyasiya. Aleluia. Siyanga, tinadtad Niya siya, ginapi Niya siya sa pamamagitanng Salita.

179 Nakikita ba ninyo ang kaniyang pag-atake? Masdan n'yo. Makinigkayong maigi habang nagwawakas ako. Ang pang-atake niya ay ano? Ang hindi mo paniwalaan ang Salita ng Diyos; iyan ang pang-atake niya. Hayan,nakikita na ba ninyo ang pinakamainit na labanang naganap? Dalawa lamangang puwersa: si Satanas at ang Diyos. At ano ang sandata ni Satanas laban saiyo? Ang huwag kang paniwalain sa hawak mong Sandata. Didisarmahan kaniya. Ma— makinig tayo nang buong katahimikan ngayon, makinig. Kung magagawa lang niyang huwag kayong paniwalain, na ang Sandataninyo ay magkatumbas; kung mapapaniwala ka lang niya na hindi sapat anglakas ng sandata mo, nadisarmahan ka na niya. Oh, Brother Neville, umaasaakong hinding-hindi mo iyan pagdududahan. Tingnan n'yo. Madidisarmahanniya kayo kung mapagdududa niya kayo sa Sandatang iyan. Kapag binitiwanmo Iyan, tapos na ang laban mo; tapos ka na. Hawakan mo ang Sandatangiyan; huwag na huwag mong ibababa. Nakikita natin ang kawalan niya ngpaniniwala. Hayaan n'yong . . . May isang bagay pa akong gustong sabihin saloob ng isang minuto.

180 Sa Russia . . . Nais kong sabihin ito para sa kapakanan ng mgabeterano, at ng iba pa na naririto, at pati na rin kayo na mga mag-aaral ngBiblia. Ano'ng ipinagwawala ninyo at ipinagsisigawan ninyo tungkol saRussia? Hindi n'yo naririnig sa akin na humayo kayo't magtayo ng bombshelter, hindi ba? Ano'ng pinagkakaguluhan ninyo tungkol sa Russia? Walaang Russia; hindi siya magwawagi sa alin mang digmaan; hindi niyamasasakop ang mundo. Hindi masasakop ng Komunismo ang buong mundo.Ano'ng nangyayari sa mga tao? Mabibigo ba ang Salita ng Diyos? Makinigkayo, naka-tape ito. Sa buong mundo ay nangungusap ako at kung saan manmakarating ang tape na ito. At sa mga taong naririto, ano man ang mangyarisa akin, paniwalaan ninyo ito. Ang Russia, ang Komunismo ay hindimakapananakop ng kahit ano. Hindi mabibigo ang Salita ng diyos. AngRomanismo ang sasakop sa buong mundo.

181 Talakayin natin ang pangitain ni Daniel; Salita iyon ng Diyos. "Ikaw,oh Daniel— oh ikaw, Haring Nabucodonosor ang ulong ginto: ang Babilonia.Susunod sa iyo ang isa pang kaharian, at iyon ay ang pilak (Kita n'yo?), nasiyang Medo Persia." Ang isa pa ay ang Griego, si Alexander the Great;kasunod naman nito ay ang Roma. At walang nabanggit tungkol saKomunismo. Ang Roma ang sumakop sa buong mundo. Isinilang si Jesus Cristo sa kahariang Romano at inusig Siya, ang unaNiyang pagparito ay sa pamamagitan ng kahariang Romano. At sa ikalawangpagparito Niya, ang Mensahe Niya ay uusigin ng mga denominasyongRomano, na siyang ina nilang lahat. At sa pagbabalik Niya, babalik Siyaupang pawiin ang kahariang Romanong iyon, bagay na noon pa ma'yinaabangan na ng mga Judio, na magbabalik Siya upang wasakin ang kahariang Romano. Ang Pamunuan ng Catolico kasama ang lahat ng mgadenominasyon sa buong mundo, sa oras ding ito ay nagsasama-sama silabilang isang organisasyon, ang kapisanan ng mga iglesia nagbubuklod silanglahat ngayon. Hindi ang Russia, kundi ang Roma. ITO ANG SABI NOPANGINOON.

182 Magpakita kayo sa akin ng Kasulatan na nagsasabing ang komunismoo ang iba pang bagay maliban sa Roma ang magahahari. Pinalitan ba ng mgaMedo Persian si Nabucodonosor? Tiyak nga. Sinundan ba sila ng Gresya?Siyanga. Kasunod bang naghari ang Roma? Di nga ba't nahati iyon sasampung kapangyarihang Ottoman gaya ng narito sa atin ngayon? Hindi ba'tsi "Eisenhower," na ang ibig sabihin ay "bakal," at si "Khruschev" na ang ibigsabihin ay "putik," hindi nga ba't nagpulong sila rito at hinubad ni Khruschevang sapatos niya upang ipakita nang malinaw, ilantad ito; hinampas niya iyonsa mesang ganiyan [Pinukpok ni Brother Branham ang pulpito bilangpaglalarawan -Ed.] para makita ng mga tao? Buweno, ano'ng nangyayari samga tao ngayon?

183 Saan na napunta ang pananampalataya ninyo? Bakit— hindi n'yomapaniwalaang ang Salita ng Diyos ay Katotohan? At iyan angmakapagsasabi . . . ? . . . dito. Ano'ng nangyayari sa mga mangangaralngayon? Komunismo, lahat na lang ng mangangaral ay pilit na nilalabananang Komunismo. Wala iyang komunismong iyan, ang totoong kalaban,winawagayway na ng Diablo sa harapan ninyo at hindi n'yo pa namamalayan.Romanismo iyon, ang denominasyonalismo, at ang Roma ang ina ng mgadenominasyon. Sinabi ng Biblia na isa siyang patotot at ang mga anak niyangbabae ay mga patotot na kalaban ng Diyos, kalaban ng Kaniyang Salita. Mgakawal, damputin n'yo ang Salita; . . . ? . . . manatili kayo sa Salita. Mamamatay ako balang araw, ngunit ang Salitang ito ay hindi maaaringmamatay. At sa mga kabataang naririto, kung hindi man ito mangyari sa akingsalinglahi, tiyak na makikita ninyo ito. Iyan na nga iyon.

184 Narinig ba ninyo ang balita kaninang umaga, na makikipagkita raw siMrs. Kennedy sa papa, at kung ano'ng sabi ng papa? Kita n'yo? Ang lahat ngrelihiyon sa buong mundo . . . Oh, marahil ay tatalakayin na lang natin iyannang kaunti sa susunod na Linggo.

185 Kita n'yo? Huwag n'yong alalahanin ang Russia. Ang Russia ay isalamang maliit na bato sa dalampasigan. Huwag kayong mag-alala na bakasakupin ng komunismo ang buong mundo. At ang batayan ko ay ang Salita,kahit ano pa ang mangyari; ang Salita ang paniniwalaan ko. Ang Romanismoang kukubkob sa buong mundo, at ang Romanismo ang ina ng lahat ngorganisasyon. Walang organisasyong

nabuo bago ang Roma, at bawat isa sa mga iyon ay doon nagmula, at iyan ang sabi ng Biblia. Siya ang ina ng mgapatotot (Maaari akong abutin ng kalahating araw sa paksang iyan, ngunit sapalagay ko'y kailangan kong magpatuloy.)

186 Kapag nilulusob tayo ng kaaway, kung gayon . . . "Oh, sinasabi ko saiyo, kailangan mong dumalo at sumapi sa aming . . ." Ano'ng gagawin mo?Aatras ka ba? Pagbibigyan mo ba sila? Hindi iyan gagawin ng isang tunay nakawal. Hindi, po. Ano'ng gagawin natin kung gayon? Ang pag-iisip, nawaang pag-iisip na nakay Cristo . . . Iyan nga ba ang sabi ng Biblia? Angkaisipang na kay Cristo ay mapasayo. Ano'ng uri ba ng kaisipan mayroonSiya? Manatili sa Salita. Tama. Manatili sa Salita, ang Salita ng Ama, atginapi Niya ang kaaway sa bawat pagkakataon.

187 Ngayon, pag-atake ng kaaway at ipagpipilitan niya sa iyo na kailanganmong gawin ang ganito, at ang ganoon, ano'ng gagawin mo? Ang Salita angpaniwalaan mo. Tama. Ano'ng gagawin mo pag nagkagano'n? Kunin mo angSalita. Ano ang Salita? Ang sabi rito ng Biblia, kababasa pa lang natin nito."At isuot mo ang turbante ng kaligtasan, at ang Tabak ng Espiritu— angTabak ng Espiritu." Iyan ang Espiritung nagdaraan sa iyong pagiisip, atpumapasok sa iyo; at ang Tabak ng Espiritu ay ang Salita ng Diyos. Ano baang ipinanglalaban ng Espiritu? Ano ba ang panglaban ng Espiritu Santo?Mga sensasyon ba? Pakiramdam? A ng Salita. Aleluia. Luwalhati. Whew.Luwalhati. Ano'ng ginagamit nitong panlaban? Ang Salitang nagpapagaling. Salita.Sabihin nga natin, Salita. Salita. [Sumagot ang kongregasyon, "Salita"Ed.]Ang Salita ng Diyos ang ginagamit na panlaban ng Espiritu. Haharapin ng Espiritu ng Diyos ang diablo at ang sabi, "Nasusulat,"Amen. "Nasusulat," at tumatabi ang diablo.

188 Ano'ng gagawin natin? Hawakan n 'yo ang Tabak, na siyang Salita ngDiyos, hugutin n 'yo Ito sa pamamagitan ng ano? Kamay ng pananampalataya,ang Tabak na magkabila ang talim. Sinabi ng Biblia sa Hebreo 4, Ito'y— Ito'yTabak na dalawa ang talim, nakasusugat Ito pakabig at patulak. Kapatid ano'ng ginagawa niya? Hinahawakan ang Salita . . . Kunin moang Espiritu, hayaan mong pumasok ang Espiritu sa Iyong puso, buksan moang isip mo, sabihin mo, "Ang Salita Mo ay Katotohanan. Panginoon, hindiko papansinin kung ano ang nararamdaman ko, at kahit ano pa ang sabihin ngiba; titigil ako rito; aalisan ko ng bara ang lahat ng daraanan ko. Lahat ng mgakabiguan, at mga pagdududa, at kawalan ng pananampalatayang nasa akin;lahat ng pakiramdam na naramdaman ko; lahat ng sakit na dumapo sa akin;pinasasabog kong lahat ang mga ito; lalampasan ko ang lahat ng ito atmagtutuluy-tuloy ako sa aking Espiritu."

189 "Oh, Panginoon, bumaba Ka; Hindi ba't sinabi Mong ginawa Moakong isang taong may kalayaang pumili?" "Ikaw ay anak Ko." "Kung gayon, binubuksan ko ang aking puso't isipan. Tumuloy Ka,Panginoong Jesus"; at daklutin mo ang pananampalataya, ang Tabak ngEspiritu, ITO ANG SABI NG PANGINOON. Sumigaw ka, Aleluia. Amen.At pagtatagain mo ang lahat ng kaaway na haharang sa iyo. Amen. Hayan.Tagain mo ang bawat kaaway. Kung may— may nakakatakot na espiritu nanagiging dahilan kung bakit ang pakiramdam mo'y . . . Tagpasin mo iyan sapamamagitan ng Salita ng Panginoon. Ang kalakasan natin ay, ang galak ngPanginoon ang aking kalakasan. Lumayo ka sa akin. Tagain mo siya ngSalita.

190 Kung demonyo man iyon; kung kaaway man iyon; kung karamdamanman iyon; sakit man iyon; anuman iyon; kunin mo ang Salita at higitin moiyon ng Salita: at— at kung pagkatapos mong tagaing minsan ay tila hindi itonatitinag, tagain mo uli, at tagain mo uli, at tagain mo uli. At tagain mohanggang sa malamatan mo gaya ng isang sisiw na gustong lumabas sa— ogaya ng munting agila, iyan ka kasi. Tukain mo lang ng tukain ang balat ngkaramdaman, managa ka hanggang sa makalabas ka, at sabihin mo, "Aleluia,nasaan ang kasunod?" Amen. Iyan ang labanan; iyan ang kawal. Iyan angkawal ng krus. Siyanga po.

191 Patumbahin mo lahat ang kaaway. Bakit? Bakit? Tayo angnaitalagang makaharing binhi ni Abraham . . . Nang itanggi ni Abraham anglahat ng bagay na salungat sa Salita ng Diyos, saka niya nagawang tagpasinang lahat ng hadlang sa kaniyang harapan. Ang sabi nila, "Masyado nangmatanda ang asawa mo." Tinagpas kaagad niya iyon sa kaniyang daraanan. Ang sabi ng diablo, "Hindi mo maaaring gawin ito, at hindi momaaaring gawin iyan." Tinagpas kaagad ni Abraham iyon sa kaniyang daraanan. Pinagtataganiya iyon hanggang sa makaraos siya. "Nasaan ang kasunod, Panginoon?" "Ilipat mo rito ang kubol mo." Nagpunta siya roon at nagtayo siyaroon ng altar. Pagdating niya roon ay dumating din si Satanas, ang sabi, "Ngayon,sinasabi ko sa iyo, hindi ito ang tamang lugar." "Mananatili ako rito; lumayas ka rito," ang sabi niya. Aleluia. Ang sabi ni Lot, "Makabubuting manaog ka rito; masaya kami rito.Mayroon kaming organisasyon dito. Aba, ang asawa ko ang pinuno ng literarysociety at lahat ng iba pa dito sa siyudad. Sinasabi ko sa iyo, kailangan mongmanaog dito."

192 Ang sabi ni Sarah, "Abraham . . ." "Manahimik ka, Sarah. (Aleluia.) Tumayo ka riyan. Dito ako inilagay ngDiyos."Kapangyarihan sa Ngalan ni Jesus!Anghel ma'y yuyukod; Putong Niya'y ating ihanda,Kay Cristong Batong sandigan;Lupang iba'y mapanganib;Lupang iba'y mapanganib. Maging kamatayan man, lahat ng iba ay kumunoy nang lahat. "KayCristong Batong matibay . . ." Ang makaharing binhi ni Abraham, angmakaharing binhi.

193 Aba, ang piling-piling hukbo ng Inglatera ang siyang makaharinghukbo ng Inglatera, dugong bughaw, lahat ng bagay. At ang makaharing binhini Cristo ay ang iglesiang puspos ng Espiritu Santo, puno ng Espiritu Santo.Ano? Makaharing binhi sa pamamagitan ng pangako ng Diyos. Nanindigansila sa Salita ng Diyos at nanghalibas sila, sumisigaw ng, "Aleluia." Magingang kamatayan ay dumarating at ang sabi, "Palapit na ito nang palapit sa iyo."Sabihin mo. "Tumabi ka, Jordan, tatawid ako." Managa ka hanggangmakarating ka sa lupang pangako. Amen.

194 Ano'ng nangyayari? Pag natapos na ang labanan (magwawakas naako, sigurado), kapag natapos na ang labanan, at nagmamartsa nang pauwi angmga banal . . . May itatanong ako sa inyo. Ano'ng nangyari— ano'ngnangyari nang magpunta si Hitler sa France? Aba, ang sabi nila, ni hindi moraw makita ang langit sa dami ng eroplanong nagliliparan. Ang mga Alemanay nagmamartsa (Kita n'yo?) nakatayo sila roon— dumaraan sa harapan niya,nagbubunyi sila gawa ng kanilang tagumpay. Nang dumating si Stalin saRussia, milya-milya ang haba ng pila sa likuran niya, magkakasunod ang mgatangke, binomba nila ang Berlin hanggang sa walang matira sa lugar na iyon.Iyon lang. At pumaroon sila at ang mga Aleman— ang mga kawal na Rusoay nagbubunyi, at nakisali sila roon, alam n'yo, nakakatawa talaga ang ginawanila. Napanood ko iyon sa isang pelikula minsan sa London, kung paanong nagsidating sila (ang aktuwal na kuha kung saan ay— kung ano'ng nangyari)— dumating silang nagkakasiyahan. Ay naku. Nang mabalitaan naming taposna ang giyera, nagsigawan kami, nagsiihip kami ng mga silbato. Nangmagbalikan ang mga bayani, sinalubong namin sila roon; nagsigawan sila atnaghiyawan.

195 May pinsan ako, naroon siya noon, ang sabi niya nang magbalik daw siya,lahat ng mga matatandang— ang mga beterano, napakarami nilang tama,hindi nila magawang bumangon sa higaan nila; kaya't itinulak na lang nila angmga higaan nila roon sa ibabaw ng barko nang dumating sila, upang makitanila ang Dambana ng Kalayaan. Ang sabi niya, "Ang mga kalalakihang iyonna naglalakihan, nakatayo sila roon, nag-iyakan sila at nangatumbang ganiyan,nang makita nila ang Dambana ng Kalayaan." Nalayo siya sa tahanan nila saloob ng apat na taon sa pakikipaglaban, dala pa ang pagkagitla gawa ng giyeraat lahat na, ngunit alam nilang ang nanay, at tatay, at ang mga anak nila, atlahat ng mahal nila sa buhay ay nasa likuran ng Dambana ng Kalayaang iyon;ikinatawan nito kung ano ang ipinaglaban nila. Oh, nagtunugan ang mgasilbato, at narinig ang malakas na sigaw sa New York (Iyon lang.) nangmagsidating ang kanilang mga bayani. Magiging maliit na bagay iyanpagdating ng panahon.

196 Minsan nang si Caesar, pagkatapos ng isang malaking labanan, angsabi niya, "Nais kong ang pinakabantog na kawal ko ay sumakay sa akingkarosa sa malaking pagdiriwang na gagawin natin dahil sa tagumpay natinlaban sa kaaway natin." At lahat ng mga opisyales, inayos nila ang kanilangmga pluma, at pinakintab ang kanilang mga kalasag, at saka nagmartsa (alamn'yo, paganiyan) na— na para talagang mga tunay na sundalo. Makalipas angilang oras, may isang matandang dumating, sugatan siya. Naku, sumulyap siyasa itaas at nagpatuloy siya sa paglalakad. Ang sabi ni Caesar, "Sandali lang.Ikaw (ni hindi siya nakasuot ng uniporme ng opisyal)" aniya, "halika nga rito."Ang sabi niya, "Saan mo nakuha ang mga pilat na iyan?"Ang sabi niya, "Doon po sa labanan." Ang sabi niya, "Pumanhik ka rito; ikaw ang gusto kong makatabi rito."Bakit? Ipinakita kasi niya na galing siya sa pakikibaka. Oh, mahabag ka salalaking nasugatan lang ng lata ng sardinas sa kamay ay nakakuha na ngparangal. Nais kong masugatan sa labanan. Ang sabi ni Pablo, "Taglay ko saaking katawan ang mga marka ni Jesus Cristo." Kaya nga nais kongmakipagbaka doon sa labanan.

197 Balang araw, kapag ang ating dakilang Punong Kapitan ay dumatingna, na Siyang nagbihis sa atin ng kagayakan, na siyang nagbigay sa atin ngkagayakan ng Diyos, ang Espiritu Santo, nagbigay sa atin ng Kaniyang Salita upang siyang gawin nating panlaban, kapag tumayo na Siya roon; kapag angating dakilang Punong Kapitan ay dumating nang lulan ng isang karuwahe,nais kong pumanhik sa karuwahe at sumakay kasama Niya pauwi; gusto rin baninyo? Kung magkagayon, kapag hawak ko na ang bisig ng aking maybahay,titingin ako sa paligid at makikita ko ang aking mga kapatiran, pati na angkanilang mga asawa, at ang kanilang mga anak; kapag nagsimula na kaminglumakad sa mga paraiso ng Diyos, at ang tinig ng mga Anghel ay maririnig nanag-aawitan sa himpapawid; pag-usapan natin ang isang tunay na pagdiriwang. . .At kapag tapos na ang labanan, magsusuot tayo ng putong. Ay, naku. Oh,mga kawal ng krus, sa umagang ito, iunat mo ang bisig ng pananampalataya athawakan mo ang Sandatang ito.Kumusta naman, sister? Handa ka na ba? Hugutin mo ang Sandatang Iyan,sabihin mo, "Diyos, kahit ano pa ang— anuman ang sabihin ng diablo sa akin,kahit ano pa ang sabihin ng iba, sa umagang ito ay sumasampalataya ako."

198 Gaya ng sinabi ko nung isang araw, ilang panahon na, wari ko'y ilangLinggo na ang nakalilipas, mayroong nakapanaginip. Napanaginipan niya naang diablo raw ay maliit na tao, sumugod sa kaniya at ang sabi, "Boo." Atnang mapaatras siya ay lumaki ang diablo. "Boo," at napaatras siya at lumakiang diablo. Hanggang sa maging kasing laki na niya ang diablo at magagapina siya. Alam niyang kailangang mayroon siyang ipanlaban sa kaniya, kaya'ttumingin siya sa paligid; wala siyang makitang anumang maaari niyangipanlaban sa kaniya; dinampot niya ang Biblia, at ang sabi ng diablo, "Boo."Sinagot din niya ang diablo ng. "'Boo," at unti-unting lumiit ang diablo, atbandang huli ay pinaslang niya siya sa pamamagitan ng Salita.

199 Isa kang sundalo, hindi ba, sis? Kunin mo ang Salitang iyan at sabihinmo, "Nasusulat. (Amen.) Hindi ako mamamatay; mabubuhay ako. Uupo akosa loob ng tabernakulong ito at pupurihin ko ang Diyos dahil sa Kaniyangkabutihan kasama ng lahat ng ibang naririto." Naniniwala ba kayo, mgabanal? [Sumagot ang kongregasyon, "Amen." -Ed.] Amen. Magsiyuko tayo.

200 Oh, Panginoong Diyos, maylikha ng langit at lupa, ipabatid Mo saaraw na ito na Diyos Ka pa rin hanggang ngayon. Kahit gaano pa akomangaral, gaano man karami ang salitain ko, Panginoon, isang Salita lamanggaling sa Iyo ay sapat na. Nakapatong dito ang mga panyong ito,kumakatawan sa mga taong maysakit. Dalangin ko, makalangit na Ama, naang Iyong basbas at kapangyarihan ay lumakip sa bawat panyo, habangipinapatong ko ang aking mga kamay sa mga ito. Diyos, sa Ngalan ni JesusCristo, dalangin ko na langisan Mo ang mga panyong ito ng Iyong Banal naPresensiya; sapagkat nasusulat sa Salita; hindi ito salungat sa Salita, bagkus ay nakasaad sa Salita na kinuha nila mula sa katawan ni Pablo ang mga panyo atmga panapi; nagsilayas ang mga maruruming espiritu sa mga tao, atnagsigaling sila sa iba't ibang karamdaman.Ngayon, hindi kami si San Pablo, ngunit nananatili Kang Diyos, at Ikaw pa rinang Espiritu Santo. Ipinapatong ko ang aking mga kamay sa mga panyong itosa Ngalan ng Panginoong Jesus, at hinihiling ko na basbasan Mo at pagalinginMo ang bawat isa sa kanila.

201 At Diyos, nakahiga ngayon dito sa higaan, matagal na siyangnakaratay dito, isang batang paslit, isang napakagandang batang babae . . .Hindi na siya mabubuhay pa, Panginoon. Ginawan siya ng masama niSatanas, at ginawa na ng mga minamahal naming mga manggagamot sa lupangito ang kanilang magagawa, walang duda, upang iligtas ang bata; ngunitsadyang hindi nila kaya. Nasa dulo na sila ng kanilang kakayanan; wala nasilang malamang gawin. Ngunit, Panginoon, nagagalak ako't mayroon pangisang kabanatang nasulat. Maaari kaming bumuklat ng isa pang pahina, at sapahinang ito ay nakikita naming pumapasok ang Dakilang Manggagamot.Tinatawagan namin Siya para sa payuhan kami sa umagang ito.

202 Ngayon, Panginoon, hindi ba't nakasulat dito sa Iyong Salita, na "Angmga tandang ito ay lalakip sa mga magsisisampalataya"? Panginoon, hindiako mananampalataya, gawin Mo po akong mananampalataya ngayon. Kungang batang babaeng ito ay hindi pa mananampalataya, gawin Mo po siyangmananampalataya. "Ang mga tandang ito ay lalakip sa mgamagsisisampalataya: kung magpapatong sila ng kamay sa maysakit, gagalingsila." Nasusulat din: "Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mgadiablo." Panginoon, ito'y — ito'y mga Salita Mo; Ito'y sa Iyo; Ito'y — SalitaMo ito.At ngayon, bilang lingkod Mo, gaya ng sinabi Mo, "Kung saan may dalawa otatlong nagtitipon sa Aking Pangalan, doroon Ako sa kanilang kalagitnaan; atkung pagkakasunduan ninyo ang tungkol sa isang bagay, at kayo'y hihiling,ito'y matatanggap ninyo."

203 Diyos, marahil ang batang ito ang pinakamalala ang sakit sa loob nggusaling ito sa umagang ito, dahil hindi na niya kayang mabuhay pa nangmatagal kung hindi Mo siya sasamahan, at siya ang pinakamalala. Kaya'tkaming lahat, nagkakasundo kaming lahat, habang lahat ng kawal ay nakatayorito, at sa kalipunang ito ay nakatayo ang makaharing binhi ni Abraham.Nagmamartsa na kami ngayon palapit kay Satanas. Makabubuting humandaka nang lumayas, Satanas, sapagkat ang aming mga bakal na gayak aynangingislap sa kintab, ang mga watawat namin ay nakawagayway, lalaki't babae'y may hawak na mga tabak, nagmamartsang palapit sa iyo sa Pangalanni Jesus Cristo. Papatungan ko siya ng kamay.

204 Ngayon, Satanas, ikaw na gumapos sa batang ito; ikaw ang may gawa ngkasamaang ito. Alam kong mas makapangyarihan ka kaysa sa mga tao, ngunithigit ang kapangyarihan ng aking Panginoon, kaya't naparito ako sa KaniyangPangalan. Iwan mo siya, ikaw na espiritu ng diablo. Ikaw na demonyongsakit, lumayas ka sa batang ito, at nawa'y lumaya siya mula sa araw na ito.Ipinahahayag ko ito sa Ngalan ni Jesus Cristo.Ngayon, Panginoong Diyos, Ikaw na bumangon ng mga patay at nagpatunayna Diyos Ka nga, ibangon Mo nawa ang batang babaeng ito tungo sa kaniyangkalusugan at kalakasan, upang makatayo siya sa loob ng gusaling ito.Lumayas na ang diablo sa kaniya. Pagagalingin Mo na siya. Nawa aymabuhay siya para sa kaluwalhatian at karangalan ng Diyos. Na—naipangusap na ito, ngayon naman ay matupad nawa ito.

205 Mayroon pa bang iba rito na gustong magtaas ng kamay at magsabi,"Nais kong maipanalangin. May sakit ako; kailangan ko ang diyos." Hindi koalam kung gaano pa kahaba ang oras natin. Sapat ang oras natin upangmapadaan ang mga tao rito. Nadarama kong nanlulupig ako sa umagang ito . .. ? . . . Nais kong bumaba ka rito, Billy, at kunin mo, marahil ang bahaging itolang sa panig na ito. Ito lang munang bahaging ito ang palapitin n'yo,pagkatapos ay isusunod naman natin ang bahaging nasa likuran, hanggangdiyan sa pasilyong iyan. Pagkatapos ay kukunin natin silang paganiyan, nangsa gayon ay hindi kayo . . . At ngayon nais kong si Brother Neville at ang iba pang mga kapatid kongministro ay tumayo rito sa tabi ko, dito mismo, nang sa gayon ay maakayninyo sila pabalik sa pasilyo. Mabuti.

206 Sige. Ngayon, ako'y . . . Ilan ba sa inyo ang nakasuot na ng armor?Iba na siya ngayon; umuwi ka na at gumaling ka na ngayon din. Amen. Ay,naku. Oh, kayong mga kawal, hugutin n'yo ang Tabak, hugutin n'yo angTabak, mga kawal ng krus. Sulong, sulong . . . Kay Cristong Batong matibay; Ibang lupa ay mabuay.

207 Sige. Lapit lang dito, dito sa tabi ng entablado. Lahat aynananalangin, habang dumadaan sila rito. Sa Ngalan ni Jesus Cristopagalingin Mo ang . . . ? . . . Amen. Aleluia. Hugutin n'yo ang inyong Tabakngayon (Kita n 'yo?), dumaan kayo rito, ituloy ninyo ang pagsigaw. [Nagdaanang mga tao sa pila ng panalangin -Ed.]Sulong na Cristiano, Makipagbaka, Krus ni Jesu-Cristo ang nangunguna! Tumabi ka na, Satanas. Ano'ng problema, mga kawal? Sa palagay baninyo ay hindi tayo magtatagumpay? Nanagumpay na tayo. Higit pa tayo samananagumpay kay Cristo Jesus. Bawat diablo ay naitaboy na, lahat ngkasamahan nila.

208 [Nagpatuloy si Brother Branham sa pananalangin sa maysakit -Ed.] Pagalingin Mo ang kapatid ko . . . ? . . . Panginoon. Dalangin ko napagalingin Mo . . . ? . . . Pagalingin Mo ang kapatid ko . . . ? . . . Sa Ngalan niJesus Cristo. . . ? . . . O Panginoong Diyos, may lalang ng langit at lupa, o Diyos, alam Mo anglaman ng kaniyang puso. Alam Mo'ng lahat . . . ? . . . Idinadalangin ko siya saiyo. . . ? . . . Sa Ngalan ni Jesus Cristo. . . ? . . . Sa Ngalan ni Jesus Cristopinapahiran kita ng langis . . . ? . . . at dalangin ko na . . . ? . . . Sa Ngalan ni Jesus cristo. . .? . . . Samahan nawa ng Diyos ang aking kapatid na babae, Panginoon.Alam naming ang mga taon ay nagsisimula nang unti-unting . . . ? . . . walangiba kundi ang dakilang Espiritu Santo. Ngayon, sa Ngalan ni Jesus Cristo. . . ? Sa Ngalan ni Jesus Cristo pagpalain Mo. . . ? . . . maiinit na labanan . . . ? .. . na nalalaman namin at alam namin kung ano'ng ginagawa Mo, Diyosmagdala Ka . . . ? . . . ibuhos Mo sa kaniya sa umagang ito . . . ? . . . PagpalainMo ang batang lalaking ito nagyon . . . ? . . . ang ama at ang kaniyang anak, atdalangin ko na Iyo nawang . . . ? . . . Pagpalain ng Dyos ang aking kapatid nalalaki . . . ? . . . sa kaniyang . . . ? . . . Sa Ngalan ng Panginoong Jesus. . . ? . . .Sa Ngalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo po ang aming kapatid na babae. SaNgalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo po ang aming kapatid na babae. SaNgalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo po . . . ?Sa Ngalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo po ang aming kapatid na babae. Sa Ngalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo po ang aming kapatid na babae.Sa Ngalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo po . . . ? . . .Sa Ngalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo po ang aming kapatid na lalaki. SaNgalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo po ang aming kapatid na babae. SaNgalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo po ang aming kapatid na babae. SaNgalan ni Jesus Cristo. . . ? . . .Sa Ngalan ni Jesus Cristo, gumaling ka nawa.

209 [Patuloy ang pila ng panalangin at hindi maunawaan ang ibangpananalita -Ed.] . . . kung sino ka, nalalaman mong . . . ? . . . lahat ng suliranin. Dalangin ko, o Diyos na ang Iyong . . . ? . . . sa kanila . . . ? . . . hugutin nilaang Tabak . . . ? . . . at sumulong ka . . . ? . . .[Hindi maunawaan ang ibang pananalita-Ed.]O, Amang Diyos, dalangin ko na pagalingin Mo ang aking kapatid at paigihinmo ang kalagayan niya sa Ngalan ni Jesus Cristo ay aming . . . ? . . . Diyos,dalangin ko na pagalingin Mo nawa ang aming kapatid na babae . . . ? . . . saNgalan ni Jesus. . . ? . . .Amang Diyos, dalangin ko sa Ngalan ni Jesus na pagalingin Mo ang akingkapatid . . . ? . . . [Hindi maunawaan ang ibang pananalita-Ed.]O Diyos, pagpalain Mo po siya, Panginoon, sa Ngalan ni Jesus . . . ? . . .Pangalan. Kalbaryo. . . ? . . . Dalangin ko na nawa'y ipagkaloob Mo ito . . . ? .. . sa Ngalan ni Jesus . . . ? . . .Makalangit naming Ama, idinadalangin ko po ang aking kapatid. O Diyos,dalangin ko . . . ? . . . Diyos, nawa siya ay . . . ? . . . kawal ng krus at hugutinniya ang Tabak na iyon sa umagang ito at . . . ? . . . para dito sa Ngalan niJesus. Diyos . . . ? . . . Dalangin ko na nawa ay pagalingin Mo . . . ? . . . ItulotMo nawa ito . . . ? . . . Diyos, pagpalain Mo nawa si Brother . . . ? . . . Dalangin ko napagalingin Mo siya, Panginoon, sa Ngalan ni Jesus . . . ? . . .Makalangit naming Ama, Iyo pong. . . ? . . . siya po ay . . . ? : . . nagtatrabaho,nagsasalita . . . ? . . . magsisisampalataya. Diyos, dalangin ko na pagalinginMo siya sa Ngalan . . . ? . . . dakilang hukbo ng Diyos ay sumusulong nangayon nang nakataas ang Tabak. . . ? . . . Panginoon. Ang kaniyang muntingpuso ay . . . ? . . . dito at ang mga kaisipan niya sa higaang iyon na puno ngkanser kung saan . . . ? . . . marahil ay naghihingalo na gawa ng cancer atsinukuan na siya ng duktor . . . ? . . . at naririto siya sa umagang ito, isangmunting kawal . . . ? . . . Palakasin mo siya, Panginoon . . . ? . . . sa Ngalan niJesus. Amen.

210 Nais kong ang babaeng ito . . . May nangyayari sa mangangaral na itorito. Halika rito. Pinauwi na ang lalaking ito sa ospital kamakailan lang,naghihingalo na siya, nilamon na siya ng kanser, nung nakaraang taon,dalawang taon na ngayon ang nakalilipas ay may prostate cancer siya. Ilang— tinaningan siya ng duktor na ilang araw na lamang siyang mabubuhay. Atisang umaga, nagpunta kami roon umagang-umaga, naghain kami ngpanalangin para sa kaniya, ganito rin, gaya rin ng ginagawa namin sa inyo, at hindi na sila makakita ng anumang bakas nito ngayon . . . ? . . . higit natrabaho kaysa noon. Siya at ang kaniyang asawa ay matagal nangmagkasamang nangangaral ng Ebanghelyo, marahil bago pa ako ipanganak.[Ang sabi ni Brother Kidd, "Limampu't limang taon na" -Ed.] Narinig baninyo iyon . . . ? . . . Limampu't limang taon na. Bago pa ako dumating dito saibabaw ng lupa ay nangangaral na sila ng Ebanghelyo, at naririto siya,pinagaling sa gulang na pitumpu't lima— 0— walumpu't isa. [Nakipag-usapuli si Brother Kidd kay Brother Branham -Ed.] Dalawang linggong revival,nagdaos pa lang sila ng dalawang linggong revival at nangaral siya gabi-gabi.Walumpu't isang taong gulang, pinagaling sa cancer . . . ? . . .

211 Sige, Sister, ito na ang pagkakataon mo. Sumasampalataya ka ba?("Sulong na Cristianong Kawal") Sige, sister, ikaw, sa bawat isa sa inyo, ano'ng gagawin ninyo? ITO ANGSABI NG PANGINOON. Ano't naririto ka pa rin, Satanas, napahamak ka na.Nariyan na kami. Sumusulong na kami sa lupang pangako. Ano iyon? Anoba ang bundok na ito sa harap ni Zerubbabel? Sino nga ba ang mangangahasna tumayo

doon sa harapan, mapapatag siya. Bakit? Sa pamamagitan ngTabak na dalawa ang talim, tatagpasin natin siya. Tama. Sige. Kawal na Cristiano, Makipagbaka, Krus ni Jesus Cristo ang mangunguna! Ang Haring si Cristo, ang mamumuno; (Ang Kaniyang Salita) Sulong makibaka, mananagumpay! Sulong na Cristiano, at makidigma, Krus ni Jesus Cristo ang mangunguna!

212 Aleluia! Ano'ng ginawa nila? Ano ang nasa unahan sa pakikibaka ngIsrael, ano ang nauna? Nauna muna ang mga mang-aawit. Ano'ng kasunod?Ang Arko, pagkatapos ay ang mga mandirigma. Sige sumasampalataya bakayo ngayon? Umaawit tayo ng "Sulong na Cristianong Kawal"; binubunotnatin ang lahat ng pag-aalinlangan. Tumatayo na tayo ngayon, susulong natayo sa pakikipaglaban. Magsitayo tayong lahat ngayon.Kawal na Cristiano,Makipagbaka,Krus ni Jesu-Cristo ang mangunguna!Ang Haring si Cristo, ang mamumuno; (Paano natin siya matatalo? Sa pamamagitan ng Salita.)Sa pakikibaka,magtatagumpay!Sulong na Cristianong kawal,Makipagbaka,Krus ni Jesu-Cristo ang mangunguna!Di magpapangalat,Kaniyang Katawan,Isang pag-asa't aral, nagmamahalan . . .

Lahat ng sumasampalataya sa Diyos magsabi ng, "Amen." [Sumagotang kongregasyon ng, "Amen." - Ed.] Aleluia. Sumasampalataya ba kayo?Tayo'y mga mananagumpay. Nasaan na ang bawat kaaway? Nasa ilalim ngating mga paa. Handa na ba kayo? Magtindig kayo kay Cristo. Ngayon,tapos na, sis. Naniniwala ka ba? Maaari ka nang umuwi ngayon. Mabuti naang pakiramdam mo? Ang sabi niya ay mabuti na ang pakiramdam niyangayon; mabuti na'ng lahat. Ilan ba sa inyo riyan ang mabuti na angpakiramdam? At nang magsigawan sila, nagiba ang mga pader at kinubkob nila ang bayan(Amen.); kinubkob nila ang bayan. Amen. Amen. Sumasampalataya ba kayosa Kaniya?

213 Lahat ng sumasampalataya sa Diyos magsabi ng, "Amen." [Sumagotang kongregasyon ng, "Amen." - Ed.] Aleluia. Sumasampalataya ba kayo?Tayo'y mga mananagumpay. Nasaan na ang bawat kaaway? Nasa ilalim ngating mga paa. Handa na ba kayo? Magtindig kayo kay Cristo. Ngayon,tapos na, sis. Naniniwala ka ba? Maaari ka nang umuwi ngayon. Mabuti naang pakiramdam mo? Ang sabi niya ay mabuti na ang pakiramdam niyangayon; mabuti na'ng lahat. Ilan ba sa inyo riyan ang mabuti na angpakiramdam? At nang magsigawan sila, nagiba ang mga pader at kinubkob nila ang bayan(Amen.); kinubkob nila ang bayan. Amen. Amen. Sumasampalataya ba kayosa Kaniya?

214 Ngayon, huwag ninyong kalilimutan ang gawain mamayang gabi.Pupunta rito si Brother Neville mamayang gabi upang ipangaral ang kaniyangMensahe, at darating siya sa susunod na Linggo, kung loloobin ng Panginoon,dumalo kayo. Ngayon, tayo na habang umuusad tayo, at ngayon, lalabas natayo ng gusali, humayo tayong umaawit ng "Sulong na Cristianong Kawal" atmagmula sa araw na ito, huwag na ninyong isusuksok sa kaluban ang Tabakna iyan, Hugutin n'yo; managumpay kayo. Humayo silang nananagumpay atupang managumpay. Mabuti. Sa muli, ang unang talata.Kawal na Cristiano,Makipagbaka,Krus ni Jesus Cristo ang mangunguna!Ang Haring si Cristo, siyang mamumuno!Si Cristo, ang Hari, (Purihin ang Panginoon.)

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7